


Tinatawag na "Mga Bilang" ang librong ito dahil nagsisimula ito sa mga bilang ng isang senso ng bayang Hebreo. Para rin dito ang sinasabi sa introduksyon sa Levitico: ang mga senso, mga pangyayari at mga deklarasyon ni Yawe kay Moises ay isang paraan lamang ng paglalahad sa mga batas na tinipon o inedit ng mga pari ng Israel pagkatapos ng panahon ni Moises.

Pero hindi gawa-gawa lamang ang lahat ng nasa kasaysayang ito: batay ito sa matatandang tradisyong may kinalaman sa panahon ng pananatili sa disyerto. Makikita ang mga ito partikular sa mga Kabanata 11-14 at 20-25 na umuulit nang ilang beses sa mga pangyayari sa Exodo sa ibang kaanyuan. Pagkatapos ng paglabas sa Ehipto, inilalahad ang aklat ng Mga Bilang bilang isang martsa ng bayan ng Diyos patawid sa disyerto. Sa pagmamartsang ito, nag-iipon ang bayan ng mga karanasang kikintal sa buong hinaharap nito.

**Ang senso ng labindalawang tribu**

**1** • 1 Sa unang araw ng ikalawang buwan ng ikalawang taon pagkaalis nila sa lupain ng Ehipto, nagsalita si Yawe kay Moises sa Toldang Tagpuan sa disyerto ng Sinai: 2 "Itala ninyo ang buong pamayanan ng Israel, ayon sa mga angkan at ang sambahayan ayon sa ama, bilangin ang lahat ng lalaki. 3 Ilista ninyong dalawa ni Aaron ang lahat ng lalaking may dalawampung taong gulang pataas na puwedeng makipagdigma, ayon sa kani-kanilang mga pangkat.

4 Tutulungan kayo ng isang lalaki sa bawat tribu, na siyang pangulo ng kanyang sambahayan ayon sa ama. 5 Ito ang mga pangalan ng mga tutulong sa inyo:

sa Ruben: si Elisur na anak ni Sedeur. 6 Sa Simeon: si Selumiel na anak ni Surishaddai. 7 Sa Juda: si Naason na anak ni Aminadab. 8 Sa Isacar: si Netanel na anak ni Suar. 9 Sa Zabulon: si Eliab na anak ni Helon. 10 Sa mga anak ni Jose: sa Efraim: si Elisama na anak ni Amihud; at sa Manases: si Gamaliel na anak ni Pedasur. 11 Sa Benjamin: si Abidan na anak ni Gideoni. 12 Sa Dan: si Ahiezer na anak ni Amishaddai. 13 Sa Aser: si Pagiel na anak ni Ocran. 14 Sa Gad: si Eliasaf na anak ni Deuel. 15 Sa Neftali: si Ahira na anak ni Enan."

16 Ito ang mga ipinahayag sa pamayanan na mga pinuno ng mga tribu ayon sa mga pinakaama, mga ulo ng mga angkan ng Israel.

17 Kaya kinuha nina Moises at Aaron ang mga lalaking ito na sila mismo ang pumili, 18 at tinipon ang buong pamayanan sa unang araw ng ikalawang buwan. Inilista ang lahat na may dalawampung taong gulang pataas, at binilang ang kanilang mga pangalan at pamilya, ayon sa angkan at sambahayan ayon sa pinakaama, 19 gaya ng iniutos ni Yawe kay Moises. Ito ang paglilista sa kanila sa disyerto ng Sinai.

20 Binilang ayon sa mga angkan at sambahayan ang mga inapo ni Ruben na panganay ni Israel, na may dalawampung taong gulang pataas at puwedeng makipagdigma: 21 46,500 ang nailista sa tribu ng Ruben.

22 Binilang ayon sa mga angkan at sambahayan ang mga inapo ni Simeon, na may dalawampung taong gulang pataas at puwedeng makipagdigma: 23 59,300 ang nailista sa tribu ng Simeon.

24 Binilang ayon sa mga angkan at sambahayan ang mga inapo ni Gad, na may dalawampung taong gulang pataas at puwedeng makipagdigma: 25 45,650 ang nailista sa tribu ng Gad.

26 Binilang ayon sa mga angkan at sambahayan ang mga inapo ni Juda, na may dalawampung taong gulang pataas at puwedeng makipagdigma: 27 74,600 ang nailista sa tribu ng Juda.

28 Binilang ayon sa mga angkan at sambahayan ang mga inapo ni Isacar, na may dalawampung taong gulang pataas at puwedeng makipagdigma: 29 54,400 ang nailista sa tribu ng Isacar.

30 Binilang ayon sa mga angkan at sambahayan ang mga inapo ni Zabulon, na may dalawampung taong gulang pataas at puwedeng makipagdigma: 31 57,400 ang nailista sa tribu ng Zabulon.

32 Binilang ayon sa mga angkan at sambahayan ang mga inapo ni Jose, na may dalawampung taong gulang pataas at puwedeng makipagdigma: 33 40,500 ang nailista sa tribu ng Efraim. 34 Binilang rin ayon sa mga angkan at sambahayan ang mga inapo ni Manases, na may dalawampung taong gulang pataas at puwedeng makipagdigma: 35 32,200 ang nailista sa tribu ng Manases.

36 Binilang ayon sa mga angkan at sambahayan ang mga inapo ni Benjamin, na may dalawampung taong gulang pataas at puwedeng makipagdigma: 37 35,400 ang nailista sa tribu ng Benjamin.

38 Binilang ayon sa mga angkan at sambahayan ang mga inapo ni Dan, na may dalawampung taong gulang pataas at puwedeng makipagdigma: 39 62,700 ang nailista sa tribu ng Dan.

40 Binilang ayon sa mga angkan at sambahayan ang mga inapo ni Aser, na may dalawampung taong gulang pataas at puwedeng makipagdigma: 41 41,500 ang nailista sa tribu ng Aser.

42 Binilang ayon sa mga angkan at sambahayan ang mga inapo ni Neftali, na may dalawampung taong gulang pataas at puwedeng makipagdigma: 43 53,400 ang nailista sa tribu ng Neftali.

44 Ito ang mga nailista sa sensong ginawa

---

• **1.1** Ano ang ibig sabihin ng sensong ito ng Israel na may maraming pag-uulit at ng mahusay na ayos ng mga kampo ng labindalawang tribu? Medyo katulad ito ng isang magandang esksena sa drama: makikita ang Israel bilang isang bayang may kaayusan, papunta ang mga hukbo ni Yawe para sakupin ang lupang pangako. Nangunguna ang kalalakihan ng tribu ng Levi o mga Levitang responsable sa pagsamba. Kaya naiintindihan nating bayang "banal" ang bayang ito na nakatalaga sa Diyos.

nina Moises at Aaron at ng labindalawang pinu-
no ng Israel, isa para sa bawat angkan ayon sa
pinakaama. 45-46 Ang kabuuan ng mga Israeli-
tang may dalawampung taong gulang pataas at
puwedeng makipagdigma na nailista ayon sa
kani-kanilang mga sambahayan: 603,550.
47 Hindi naman kasamang inilista ang mga
Levita sa kanilang tribu. 48 Sinabi nga ni Yawe
kay Moises: 49 "Huwag mo nang ilista ang tribu
ng Levi at huwag isama sa ibang mga Israelita.
50 Itatalaga mo ang mga Levita para sa Tirahan
ng Pahayag, sa lahat ng kasangkapan nito at sa
lahat ng naroon. Sila ang magpapasan ng
Tirahan at ng lahat ng kasangkapan nito. Sila
ang maglilingkod dito at titira sa paligid ng
Tirahan. 51 Kung ililipat ang Tirahan, ang mga
Levita ang magkakalag nito; at kung magka-
kampo ang Tirahan, ang mga Levita ang magta-
tayo nito. At mamamatay naman ang sinumang
tagalabas na lumapit doon.
52 Magkakampo ang mga Israelita sa kani-
kanilang mga lugar, sa paligid ng kani-kanilang
bandila, ayon sa kani-kanilang mga batalyon.
53 Magkakampo naman ang mga Levita sa pa-
ligid ng Tirahan ng Pahayag para hindi bagsa-
kan ng galit ang pamayanan ng Israel. Kaya ang
mga Levita ang mamamahala sa Tirahan ng
Pahayag."
54 At ginawa nga ito ng mga Israelita gaya ng
iniutos ni Yawe kay Moises.

**Ang "mga hukbo ng Israel"**

**2** 1 Sinabi ni Yawe kina Moises at Aaron:
2 "Magkakampo ang mga Israelita sa pa-
ligid ng kani-kanilang bandila, sa ilalim ng
bandila ng kani-kanilang sambahayan; magka-
kampo sila sa harap at sa paligid ng Toldang
Tagpuan. 3 Nasa silangan, paharap sa sinisi-
katan ng araw, ang mga nasa bandila ng kampo
ng Juda at nakaayos nang grupu-grupo. Pinuno
ng Juda si Naasong anak ni Aminadab, 4 at
umabot sa 74,600 ang kanyang batalyon ayon
sa senso.
5 Nasa tabi naman nila ang tribu ng Isacar. Si
Netanel na anak ni Suar ang kanilang pinuno 6 at
umabot sa 54,400 ang nailistang nasa ilalim
niya.
7 Sumunod naman ang tribu ng Zabulon. Si
Eliab na anak ni Helon ang kanilang pinuno, 8 at
umabot sa 57,400 ang nailistang nasa ilalim
niya.
9 Kabuuan ng mga nailista sa kampo ng
Juda: 186,400 ayon sa kani-kanilang mga ba-
talyon. Sila ang mangunguna sa paglakad.
10 Nasa gawing timog naman ang bandila ng
kampo ng Ruben na nakaayos nang grupu-
grupo. Si Elisur na anak ni Sedeur ang kanilang
pinuno, 11 at umabot sa 46,500 ang kanyang
batalyon ayon sa senso.
12 Nasa tabi nila ang tribu ng Simeon. Si
Selumiel na anak ni Surishaddai ang kanilang
pinuno, 13 at umabot sa 59,300 ang mga nai-
listang nasa ilalim niya.
14 Pagkatapos nama'y ang tribu ng Gad; si
Eliasaf na anak ni Deuel ang kanilang pinuno,
15 at umabot sa 45,650 ang mga nailistang nasa
ilalim niya.
16 Kabuuan ng mga nailista sa kampo ng
Ruben: 151,450 ayon sa kani-kanilang mga
batalyon. Sila ang pangalawa sa paglakad.
17 Ganito aalis ang Toldang Tagpuan: nasa
gitna ng mga kampo ang kampo ng mga Levita.
Kung paano sa kampo, gayon din sa paglakad:
ang bawat isa sa sariling lugar, ayon sa kanya-
kanyang bandila.
18 Nasa gawing kanluran ang bandila ng
kampo ng Efraim na nakaayos nang grupu-
grupo. Si Elisama na anak ni Amihud ang kani-
lang pinuno, 19 at umabot sa 40,500 ang mga
nailistang nasa ilalim niya.
20 Katabi nila ang tribu ng Manases. Si Gama-
liel na anak ni Pedasur ang kanilang pinuno, 21 at
umabot sa 32,200 ang mga nailistang nasa
ilalim niya. 22 Sumunod naman ang tribu ng
Benjamin. Si Abidan na anak ni Gideoni ang
kanilang pinuno, 23 at umabot sa 35,400 ang
mga nailistang nasa ilalim niya.
24 Kabuuan ng mga nailista sa kampo ng
Efraim: 108,100 ayon sa kani-kanilang mga
batalyon. Sila ang papangatlo sa paglakad.
25 Nasa gawing hilaga ang bandila ng kampo
ng Dan na nakaayos nang grupu-grupo. Si
Ahiezer na anak ni Amishaddai ang kanilang
pinuno, 26 at umabot sa 62,700 ang mga nailis-
tang nasa ilalim niya.
27 Nasa tabi nila ang tribu ng Aser. Si Pagiel na
anak ni Ocran ang kanilang pinuno 28 at umabot
sa 41,500 ang mga nailistang nasa ilalim niya.
29 At ang tribu ng Neftali. Si Ajira na anak ni Enan
ang kanilang pinuno, 30 at umabot sa 53,400 ang
mga nailistang nasa ilalim niya.
31 Kabuuan ng mga nailista sa kampo ng Dan:
157,600 ayon sa kanilang mga bandila. Ito ang
mahuhuli sa paglakad."
32 Ito ang mga Israelitang nailista ayon sa
mga sambahayan ng kanilang mga ama-ama.
Kabuuan ng mga nailista: 603,550 ayon sa
kani-kanilang mga batalyon sa mga kampo.
33 Hindi inilistang kasama ng ibang mga
Israelita ang mga Levita, ayon sa iniutos ni Yawe
kay Moises.
34 Tinupad ng mga Israelita ang lahat ng

iniutos ni Yawe kay Moises. Ayon sa kani-
kanilang mga bandila sila nagkampo at umalis,
ang bawat isa ayon sa sariling angkan at sam-
bahayan ng kanilang mga ama-ama.

**Ang tribu ng Levi**

3 • 1 Narito ang mga inapo nina Aaron at
Moises nang kausapin ni Yawe si Moises sa
Bundok Sinai. 2 Narito ang mga pangalan ng
mga anak ni Aaron: si Nadab ang panganay, si
Abihu, si Eleazar at si Itamar. 3 Ito ang mga
pangalan ng mga anak ni Aaron, na paring
pinahiran at itinalaga sa pagpapari. 4 Ngunit
namatay sa harap ni Yawe sina Nadab at Abihu
nang mag-alay sila ng di-banal na apoy sa harap
ni Yawe sa disyerto ng Sinai; at wala silang anak.
Kaya sina Eleazar at Itamar ang naging pari
kasama ang kanilang amang si Aaron.

5 Sinabi ni Yawe kay Moises: 6 "Ipatawag mo
ang tribu ng Levi at iharap mo sila sa paring si
Aaron para tulungan nila siya. 7 Sila ang tutupad
sa kanyang tungkulin at ng buong pamayanan
sa harap ng Toldang Tagpuan sa paglilingkod sa
Tirahan. 8 Iingatan nila ang lahat ng gamit ng
Toldang Tagpuan at magbabantay sa ngalan ng
mga Israelita sa paglilingkod sa Tirahan. 9 Ipag-
kakatiwala mo ang mga Levita kay Aaron at sa
kanyang mga anak bilang "bigay", ibinigay nga
sila sa akin ng mga Israelita. 10 Itatalaga mo
naman si Aaron at ang kanyang mga inapo sa
mga tungkulin ng pagkapari, at mamamatay
ang sinumang tagalabas na makialam."

11 At sinabi ni Yawe kay Moises: 12 "Ako ang
kumuha sa mga Levita mula sa mga Israelita sa
halip ng mga isisilang na panganay ng mga
Israelita. Kaya akin ang mga Levita. 13 Akin ang
lahat ng panganay; nang patayin ko ang mga
panganay sa lupain ng Ehipto, itinalaga ko sa
aking sarili ang lahat ng panganay sa Israel.
Maging tao o hayop, akin silang lahat. Ako si
Yawe."

14 Nagsalita si Yawe kay Moises sa disyerto ng
Sinai: 15 "Ipalista mo ang mga anak ng Levi ayon
sa mga sambahayan ng kanilang mga ama-ama
at mga angkan; isama mo ang mga lalaking
may isang buwang gulang pataas." 16 Kaya ini-
lista sila ni Moises gaya ng iniutos sa kanya ni
Yawe.

17 Narito ang mga pangalan ng mga anak ni
Levi: Gerson, Kehat at Merari.

18 Narito naman ang mga pangalan ng mga
anak ni Gerson, ayon sa mga angkan: Libni at
Semei. 19 Mga anak ni Kehat, ayon sa mga
angkan: Amram, Yishar, Hebron at Uziel. 20 Mga
anak ni Merari, ayon sa mga angkan: Mahli at
Musi. Ito ang mga angkan ng Levi ayon sa mga
sambahayan ng kanilang mga ama-ama.

21 Kay Gerson ang mga angkan nina Libni at
Semei; ito ang mga angkan ni Gerson, 22 at
7,500 ang nailistang lalaking may isang buwan
pataas. 23 Sa gawing kanluran sa likod ng Tira-
han nagkampo ang mga angkan ng mga Ger-
sonita. 24 Si Eliasaf na anak ni Lael ang pinuno ng
kanilang sambahayan. 25 Sa Toldang Tagpuan,
sila ang nangasiwa sa Tirahan, sa Tolda at sa
panakip nito, sa kurtinang nasa may pintuan ng
Toldang Tagpuan, 26 sa mga kurtina ng patyo, at
sa kurtina sa may pintuan ng patyo na nasa
paligid ng Tirahan, at pati na sa altar at sa mga
tali para sa paggawa.

27 Kay Kehat ang mga angkan ng mga
Amramita, mga Yisrahita, mga Hebronita at
mga Uzielita. Ito ang mga angkan ng mga
Kehatita, 28 at 8,300 ang nailistang lalaking may

---

• **3.1** *Tungkol sa mga pari at mga Levita ang mga kabanata 3, 4 at 8.*

Noong panahon ni Abraham, ang bawat pinuno ng angkan ang pinakapari ng kanyang grupo: siya mismo ang nag-aalay ng mga handog (Gen 15:10), nagsasagawa sa mga sagradong seremonya (Gen 28:18) at nagbabasbas sa ngalan ng Diyos (Gen 27:27).

Malamang na humirang si Moises ng mga lalaking mamamahala sa pagtuturo ng mga batas ni Yawe sa Israel. Nakalaan ang misyong ito para sa grupong tinatawag na tribu ng Levi na siguro'y isang tribu ng mga mandirigma sa simula. Sa pangyayari tungkol sa Gintong Guya, sila ang pumanig kay Moises sa pagpapanumbalik sa kaayusan.

Subalit patuloy pa rin sa pagdiriwang ang mga pinuno ng mga angkan at ang mga pari nang walang batas o kontrol (tingnan Mga Hukom 17).

Nilikha nina David at Solomon ang kaparian ng mga Judio: mula noo'y ang mga lalaking mula sa tribu ng Levi lamang ang magiging mga pari. Sa reporma marahil ni Yosias ginawa ang pagkakaroon mismo ng mga antas sa mga Levita. Tinawag na *mga pari* ang mga nasa mas mataas na ranggo, at *mga Levita* naman ang mga nasa mas mababa (tingnan 2 Mga Hari 22:8). Malamang na ang mga bumalik sa Jerusalem sa utos ni Yosias at pinagbawalang magdiwang sa Templo ang mga unang "Levita" na mas mababa ang ranggo, samantalang nakita naman ng kaparian ng Jerusalem na pinagtibay ang kanilang mga pribilehiyo. Silang mga "pari" sa Templo ang mula noo'y bumuo ng isang mas mataas na hanay. At para maiba sila sa mismong tribu ng Levi, sinabi nilang mga inapo sila ni Aarong kapatid ni Moises.

Ipinalalagay ng Aklat ng Mga Bilang, sa kathang-isip, na si Moises ang nag-organisa ng lahat ng ito.

Ang mga Levita ang kumakatawan sa mga panganay na anak ng Israel na iniligtas ni Yawe sa unang Paskuwa nang mamatay ang mga panganay na anak ng Ehipto. Dahil iniligtas sila ni Yawe kaya sa kanya sila mula noon.

isang buwan pataas. Sila ang namahala ng
santuwaryo. 29 Sa gawing timog ng Tirahan nag-
kampo ang mga angkan ng mga Kehatita. 30 Si
Elisafan na anak ni Uziel ang pinuno ng kanilang
sambahayan.
31 Sila ang namamahala sa Kaban, mesa,
kandelabra, mga altar, mga gamit sa santu-
waryo at kurtina. 32 Si Eleazar na anak ni Aarong
pari, ang kataas-taasang pinuno ng mga Levita;
siya ang tagapamahala sa mga nagbabantay sa
santuwaryo.
33 Kay Merari ang mga angkan ng mga
Mahlita at Musita. Ito ang mga angkan ng mga
Merarita, 34 at 6,200 ang nailistang lalaking may
isang buwan pataas. 35 Si Suriel na anak ni
Abihail ang pinuno ng sambahayan ng mga
angkan ni Merari. Sa gawing hilaga ng Tirahan
sila nagkampo. 36 Sila ang namamahala sa mga
tabla ng Tirahan, sa mga pahalang, mga haligi,
mga tuntungan, at sa lahat ng gamit sa paggawa
nito, 37 pati na sa mga haligi sa paligid ng patyo,
at mga tuntungan ng mga ito, sa mga tulos at
mga tali.
38 Sa unahan ng Tirahan, sa silangan, sa
harap ng Toldang Tagpuan, paharap sa sini-
sikatan ng araw, sina Moises at Aaron naman at
ang mga anak nito ang nagbabantay sa san-
tuwaryo. Nagbabantay sila sa ngalan ng mga
Israelita at mamamatay ang sinumang tagala-
bas na lumapit.
39 Kabuuan ng mga lalaking Levita na may
isang buwan pataas na inilista nina Moises at
Aaron ayon sa mga angkan gaya ng iniutos ni
Yawe: 22,000.
40 Sinabi ni Yawe kay Moises: "Ilista mo ang
lahat ng panganay na lalaki sa mga Israelita na
may isang buwan pataas, at bilangin ang kani-
lang mga pangalan. 41 At saka mo iukol sa akin
ang mga Levita bilang kahalili ng lahat ng
panganay ng mga Israelita, pati ang kanilang
mga hayupan sa halip ng lahat ng panganay ng
mga hayupan ng mga Israelita. Ako si Yawe."
42 Kaya inilista ni Moises ang lahat ng panga-
nay ng mga Israelita gaya ng iniutos sa kanya
ni Yawe. 43 Kabuuan ng mga nailistang panga-
nay na lalaking may isang buwan pataas:
22,273.
44 At sinabi pa ni Yawe kay Moises: 45 "Ihalili
mo ang mga Levita sa mga panganay ng mga
Israelita, at ang mga hayupan ng mga Levita sa
kanilang mga hayupan. Akin na ang mga Levita
– ako si Yawe. 46 Bilang pantubos sa dalawan-
daa't pitumpu't tatlong panganay ng mga
Israelita na higit pa sa bilang ng mga Levita,
47 tatanggap ka ng limang shekel sa bawat ulo,
ayon sa shekel ng santuwaryo (dalawampung
kusing ang katimbang ng isang shekel).
48 Ibigay mo ang halagang ito kay Aaron at sa
kanyang mga anak bilang pantubos sa lumabis
na bilang."
49 Kaya tinanggap ni Moises ang pilak na
pantubos sa mga natirang hindi pa natutubos ng
mga Levita. 50 Tumanggap siya sa mga pa-
nganay ng mga Israelita ng 1,365 shekel na
pilak, ayon sa shekel ng santuwaryo. 51 At ibini-
gay niya ang perang pantubos kay Aaron at sa
kanyang mga anak, gaya ng iniutos sa kanya ni
Yawe.

**Mga angkan ng mga Levita:**
**ang mga Kehatita**

**4** • 1 Sinabi ni Yawe kina Moises at Aaron:
2 "Bilangin mo ang mga Kehatitang mga
anak ni Levi ayon sa mga angkan at samba-
hayan ng mga ama-ama, ang lahat ng lalaking
Kehatita 3 mula tatlumpu hanggang limampung
taong gulang; silang puwedeng makipagdigma
ang gaganap sa mga tungkulin sa Toldang
Tagpuan.
4 Ito ang tungkulin ng mga Kehatita sa Tol-
dang Tagpuan: para sa pinakabanal na mga
bagay ang mga ito. 5 Sa paglipat ng kampo,
pagkapasok ni Aaron at ng kanyang mga anak,
sila ang magbababa ng kurtina at itatabing ito sa
Kaban ng Pahayag. 6 Ilalagay sa ibabaw ang
isang takip na malambot na katad at lalatagan
ito ng isang telang asul-purpura. At saka nila
ilalagay ang mga pampasan sa Kaban.
7 Ilalatag naman ang isang telang asul-pur-
pura sa hapag ng mga Tinapay ng Presensya at

• **4.1** Sa Israel, bawat lalaking ipinanganak sa tribu ng Levi ay pari. Bukod pa rito'y nakatalaga sa kung anong paglilingkod ang bawat pamilya ng nasabing tribu. Ito ang itinuturo ng sensong ito sa tribu ng Levi. Panghabampanahon at panghabambuhay na nakatalaga sa paglilingkod sa Diyos ang mga Levita (at ang kanilang mga anak). Sa pamamagitan lamang ng kanilang presensya'y ipinaaalaala nila sa Israel na ito'y isang bayang nakalaan para sa paglilingkod sa Diyos.

Hawak pa rin ng kaparian ng Israel ang kanilang puwesto sa Templo nang panahon ni Kristo. Pero mula pa sa simula nito, hindi na ipinalagay ng iglesya na sakop siya ng kaparian. Para sa kanya, wala nang "Bahay ng Diyos' sa piling ng mga bahay ng mga tao (Jn 2:19; Pag 21:22): si Jesus ang Bagong Templo "na pinananahanan ng buong kabuuan ng pagka-Diyos (Col 2:9). Mula noon, hindi na kinailangan ng iglesya ang isang "kapariang" mag-aasikaso sa paglilingkod sa Templo, hindi na nito kailangan ang mga "Levita". Mga "ministro" ang kailangan ngayon ng iglesya, at sa iba't ibang paglilingkod nila matitiyak ang paglaki ng buong Katawan (Ef 4:11-12).

ilalagay roon ang mga plato, mga kopa, at mga
mangkok at mga sisidlan para sa pagbubuhos.
Laging mananatili roon ang tinapay. 8 Ilalatag
nila sa ibabaw ng mga ito ang isang telang
granate at tatakpan ito ng malambot na katad.
At saka ilalagay ang mga pampasan.
9 Kukuha sila ng telang asul-purpura at ta-
takpan nito ang kandelabra at ang mga ilawan
nito, pati ang mga pang-ipit ng mitsa, mga
sahuran, at ang iba't ibang mga lata ng langis na
ginagamit doon. 10 Pagkatakip nila ng malambot
na katad sa kandelabra at sa lahat ng gamit nito,
ilalagay ang mga ito sa isang balangkas.
11 Ilalatag nila ang isang telang asul-purpura
sa ibabaw ng altar na ginto, at tatakpan din ito ng
malambot na katad. At saka nila ilalagay ang
mga pampasan. 12 Kukunin ang lahat ng gamit
sa santuwaryo, ilalagay nila ang mga ito sa isang
telang asul-purpura, tatakpan ng malambot na
katad at ilalagay ang lahat sa isang balangkas.
13 Pagkaalis ng mga abo sa altar, lalatagan ito
ng isang damit na eskarlata. 14 Dito ilalagay ang
lahat ng gamit sa altar: ang mga lalagyan ng
baga, mga tinidor, mga pala, mga mangkok –
ang lahat ng gamit sa altar. Ilalatag dito ang
isang malambot na katad bilang panakip at saka
ilalagay ang mga pampasan.
15 Pagkatapos ni Aaron at ng kanyang mga
anak na balutin ang santuwaryo at lahat ng
gamit dito para sa paglipat ng kampo ay saka
papasok ang mga Kehatita para pasanin ang
mga iyon. Hindi nila hihipuin ang mga banal na
bagay at baka sila mamatay. Ito ang tungkulin
ng mga Kehatita sa Toldang Tagpuan.
16 Ito naman ang pamamahalaan ni Eleazar
na anak ng paring si Aaron: ang langis ng ilawan,
ang mabangong insenso, ang palagiang handog
na pagkain, ang langis na pamahid – ang buong
Tirahan at lahat ng narito – ang santuwaryo at
lahat ng kagamitan nito."
17 Sinabi ni Yawe kina Moises at Aaron:
18 "Huwag ninyong pabayaang maglaho sa mga
Levita ang tribu at mga angkan ng mga Kehatita.
19 Huwag sila hayaang mamatay paglapit nila sa
kabanal-banalang lugar. Kaya ito ang gagawin
ninyo para mabuhay sila: papasok si Aaron at
ang kanyang mga anak at itotoka sa bawat isa
ang kanya-kanyang gagawin at papasanin.
20 Ngunit huwag silang basta na lamang puma-
sok para tingnan ang mga nasa santuwaryo,
kung hindi'y mamamatay sila."

**Ang mga Gersonita**

21 Nagsalita si Yawe kay Moises: 22 "Ilista rin
ang lahat ng lalaking Gersonita 23 na may
tatlumpu hanggang limampung taong gulang
ayon sa kanilang mga sambahayan ng mga
ama-ama at mga angkan. Ililista mo ang mga
puwedeng makipagdigma upang maglingkod
sa Toldang Tagpuan.
24 Ito ang paglilingkod ng mga angkan ng
mga Gersonita, ang kanilang gagawin at papa-
sanin. 25 Papasanin nila ang mga kurtina ng
Tirahan, ang Toldang Tagpuan at ang panakip
nito at ang pambalot na malambot na katad, ang
kurtina sa pasukan ng Toldang Tagpuan 26 ang
mga kurtina ng patyo at sa may pintuan ng
patyo, na nakapaligid sa Tirahan at sa altar, at
ang mga panali at lahat ng gamit sa kanilang
gawain at lahat ng kagamitan nila. 27 Pamama-
halaan ni Aaron at ng kanyang mga anak ang
paglilingkod ng mga Gersonita sa lahat nilang
gagawin at papasanin. Ipagkakatiwala ninyo sa
kanila ang mga papasanin nila. 28 Ito ang pagli-
lingkod ng mga Gersonita sa Toldang Tagpuan;
si Itamar na anak ng paring si Aaron ang kani-
lang tagapamahala.

**Ang mga Merarita**

29 Ililista mo rin ayon sa mga angkan at sam-

---

Pero lumago ang iglesya sa pagdaan ng mga dantaon; bansa-bansang nagpabinyag ang mga tao at sumapi sa bagong relihiyon sa pagsunod sa kanilang hari o prinsipe. Nadarama ng karamihan ang pangangailangan sa isang relihiyon kahit hindi pa naririnig ang tawag sa pananampalataya. Naging kristiyano ang karamihan dahil lamang inalis ng Kristiyanismo sa trono ang matatandang paniniwala. Sa kristiyanong paraan, ang Iglesya ay naging kung ano noon ang matandang Israel: isang relihiyosong bayang pinasigla ng isang di-nakikitang pagkakasama-sama ng mga mananampalataya. Lumaganap ang mga pamayanang Kristiyano, at napalitan ng pagsimba sa simbahan ang mga pagtitipon sa mga bahay-bahay. Sa ganitong paraan naihanda ang daan sa mas mahirap pang mga ministeryo: hiningi ng bagong sitwasyon ang pagbabalik sa pananaw ng Matandang Tipan. Kailangan na ang "mga pari" at "klero" para maglingkod sa mga "mananampalataya", ang mga "bininyagan lamang".

Sa pagsapit lamang ng ika-20 dantaon muling pinagaralan ang binyag. Saka lamang naging mas malinaw na, bagamat kailangan ang mga ministeryo, hindi kinakailangang ipagkatiwala lahat ito sa mga paring hindi mag-aasawa, na isinapi at hinubog sa mga seminaryo sa kanilang kabataan, sa halip na piliin sa loob ng pamayanang Kristiyano dahil sa mga katutubong kakayahang napatunayan na sa kanila.

*Palayasin sa kampo* (5:1). Alalahanin nating sinulat ang lahat ng ito sa matalinhagang paraan. Ang kampo ang sumasagisag para sa Banal na Lugar, ang Templo. Isang paraan ito ng pagsasabi kung sino ang hindi puwedeng pumasok sa Templo.

bahayan ng mga ama-ama ang mga Meraritang
30 may tatlumpu hanggang limampung taong
gulang. Ililista mo ang mga puwedeng makipag-
digma para maglingkod sa Toldang Tagpuan.
31 Ito ang kanilang paglilingkod sa Toldang
Tagpuan, ang dapat pasanin sa ilalim ng kani-
lang pamamahala: ang mga tabla ng Tirahan
kasama ang mga pahalang nito, ang mga haligi
at mga tuntungan, 32 at ang mga haligi sa paligid
ng patyo, at ang mga tuntungan ng mga ito, mga
tulos at panali, at lahat ng saklaw ng mga ito at
lahat ng gamit sa kanilang gawain. Tatatakan
mo ang lahat ng bagay na dapat pasanin sa
ilalim ng kanilang pamamahala.

33 Ito ang paglilingkod ng mga angkan ng
mga Merarita sa Toldang Tagpuan, sa ilalim ng
pamamahala ni Itamar na anak ng paring si
Aaron."

**Senso ng mga Levita**

34 Kaya inilista nina Moises at Aaron at ng
mga pinuno ng pamayanan ayon sa kanilang
mga angkan at sambahayan ng mga ama-ama
ang mga Kehatitang 35 may tatlumpu hanggang
limampung taong gulang. Sila ang mga nag-
lilingkod sa Toldang Tagpuan; 36 at umabot sa
2,750 ang mga nailista sa kanilang mga ang-
kan. 37 Ito ang paglilista sa mga lalaki sa mga
angkang Kehatita. Sila ang mga naglilingkod sa
Toldang Tagpuan; inilista sila nina Moises at
Aaron, ayon sa iniutos ni Yawe kay Moises.

38 Inilista rin ang mga Gersonita ayon sa mga
angkan at sambahayan ng mga ama-ama, 39 na
may tatlumpu hanggang limampung taon. Sila
ang mga puwedeng makipagdigma na dapat
maglingkod sa Toldang Tagpuan. 40 Umabot sa
2,630 ang mga nailista ayon sa kanilang mga
angkan at sambahayan. 41 Ito ang paglilista sa
mga Gersonitang maglilingkod sa Toldang
Tagpuan, na inilista nina Moises at Aaron ayon
sa iniutos ni Yawe.

42 Inilista rin ang mga Merarita ayon sa
kanilang mga angkan at mga sambahayan ng
mga ama-ama, 43 na may tatlumpu hanggang
limampung taon. Sila ang mga puwedeng ma-
kipagdigma na dapat maglingkod sa Toldang
Tagpuan. 44 Umabot sa 3,200 ang mga nailista
sa kanilang mga angkan at mga sambahayan.
45 Ito ang paglilista sa mga angkan ng mga
Merarita na inilista nina Moises at Aaron, ayon sa
iniutos ni Yawe kay Moises.

46 Ito ang kabuuan ng mga Levitang inilista
nina Moises at Aaron at ng mga pinuno ng Israel,
ayon sa mga angkan at mga sambahayan ng
kani-kanilang mga ama, 47 na may tatlumpu
hanggang limampung taong gulang; sila ang
makapaglilingkod sa Toldang Tagpuan at ma-
kapagpapasan. 48 Umabot sa 8,580 ang mga
nailista. 49 Inilista sila ni Moises ayon sa utos ni
Yawe at tinokahan ang bawat isa sa kanyang
paglilingkod at pagpapasan. Ganito ang iniutos
ni Yawe kay Moises.

**Iba't ibang batas**

5 1 Nagsalita si Yawe kay Moises: 2 "Iutos
mo sa mga Israelita na palayasin sa kampo
ang lahat ng ketongin, lahat ng may tulo at lahat
ng naging di-malinis sa paghipo sa patay.
3 Palayasin mo sila sa kampo, lalaki man o
babae, at baka gawin nilang di-malinis ang
kampong pinananahanan ko." 4 Ganoon nga
ang ginawa ng mga Israelita: pinalabas nila sa
kampo ang mga iyon, ayon sa iniutos ni Yawe
kay Moises.

5 Nagsalita si Yawe kay Moises: 6 "Sabihin mo
sa mga Israelita: Kung may lalaki o babaeng
magtaksil kay Yawe sa pagkakasala sa kanyang
kapwa, dapat siyang managot. 7 Pagkaamin
niya ng kanyang kasalanan, isasauli niya ang
bagay na dahilan ng kanyang pagkakasala, at
dadagdagan pa ng ikalimang bahagi para sa
nagawan niya ng kasalanan.

8 Ngunit kung wala ang nagawan niya ng
kasalanan at walang kamag-anak na mapag-
sasaulian, kay Yawe isasauli ang bagay at ma-
papasapari ito. Bukod pa ito sa barakong tu-
pang pambayad-sala na iaalay ng pari para
humingi ng tawad. 9 Mapapasapari rin ang lahat
ng banal na abuloy na ibinibigay sa kanya ng
mga Israelita. 10 Sa bawat isa ang ibinukod
niyang banal; sa bawat pari ang ipinagkakaloob
sa kanya.

11 Sinabi ni Yawe kay Moises: 12 "Sabihin mo
sa mga Israelita:

Ipagpalagay nang may nangaliwa at nag-
taksil na maybahay sa kanyang asawa. 13 Na-
kipagtalik siya sa ibang lalaki at hindi nalaman
ng kanyang asawa dahil inilihim niya ang kan-
yang karumihan at walang saksing nakahuli sa
kanya sa akto. 14 Ngunit umiral ang selos sa
lalaki at pinaghinalaan ang kanyang mayba-
hay, o kaya'y umiral din ang selos sa lalaki at
pinagdudahan ang kanyang maybahay kahit na
hindi ito naging di-malinis. 15 Kung magka-
gayo'y ihaharap ng lalaki sa pari ang kanyang
asawa at magdadala rin ng handog na nauukol
dito: ang ikapu ng isang efang harinang sebada.
Hindi niya ito bubuhusan ng langis o magsu-
sunog kaya ng insenso: pagkaing handog ng
selos nga iyon, na isang pang-alaalang handog
para alalahanin ang isang pagkakasala.

16 Palalapitin ng pari ang babae at tatayo naman ito sa harap ni Yawe. 17 Kukunin ng pari ang sagradong tubig at lalagyan niya ito ng kaunting alabok na kinuha niya sa sahig ng Tirahan. 18 At habang nakatayo ang babae sa harap ni Yawe, aalisin ng pari ang takip nito sa ulo at ilalagay sa mga palad ng babae ang pang-alaalang handog na pagkain (ang handog ng selos); at nasa kamay naman ng pari ang mapait na tubig ng kasawiampalad.

19 Pasusumpain ng pari ang babae sa pagsasabing: 'Kung wala ngang lalaking sumiping sa iyo at hindi ka nangaliwa at nadungisan sa piling ng ibang lalaki, lalabas kang matuwid sa mapait na tubig ng kasawiampalad. 20 Ngunit kung nangaliwa ka sa piling ng ibang lalaki at nakipagtalik sa iyo ang di mo asawa...' 21 At sasabihin ng pari sa babae ang ganitong sumpa: 'Gawin ka nawa ni Yawe na halimbawa ng isang isinumpa at itinakwil; matuyo ang iyong hita at bumukol ang iyong tiyan. 22 Pasukin sana ng tubig na ito ng kasawiampalad ang iyong mga lamang-loob para bumukol ang iyong tiyan at matuyo ang iyong hita!' At sasagot ang babae: 'Amen, amen!'

23 Isusulat ng pari ang sumpang ito sa isang papel, at saka buburahin sa mapait na tubig. 24 At ipaiinom sa babae ang mapait na tubig ng kasawiampalad at papasok sa kanya ang tubig at magiging mapait.

25 Tatanggapin ng pari sa kamay ng babae ang pagkaing handog ng selos at iiindayog sa harap ni Yawe at dadalhin sa altar. 26 Kukuha siya ng isang dakot sa pang-alaalang handog na pagkain at susunugin ito sa altar at ipaiinom ang tubig sa babae.

27 Pagkainom niya, kung tunay siyang nangaliwa at nagtaksil sa kanyang asawa, papasok sa kanya ang tubig ng kasawiampalad at magiging mapait: bubukol ang kanyang tiyan at matutuyo ang kanyang hita, kayat magiging halimbawa siya ng isang isinumpa. 28 Subalit kung hindi naman nadungisan ang babae at malinis pa, lalabas siyang matuwid at magkakaanak pa.

29 Ito nga ang batas ng selos tungkol sa babaeng nangaliwa habang nasa poder ng kanyang asawa at nadungisan, 30 o kung pinamayanihan kaya ng selos ang isang lalaking naghihinala sa kanyang asawa. Ihaharap niya ang babae kay Yawe at ilalapat ng pari sa kanya ang buong batas na ito. 31 Kaya mawawalan ng sala ang lalaki, at dadalhin naman ng babae ang kanyang kasalanan.

**Ang mga Nasireo**

**6** • 1 Nagsalita si Yawe kay Moises: "Kausapin mo ang mga anak ng Israel, 2 at sabihin sa kanila – Kung may lalaki o babaeng gagawa ng natatanging panata, ang panata ng pagtatalaga ng sarili para kay Yawe bilang isang Nasir, 3 hindi siya iinom ng alak at matapang na inumin. Hindi siya iinom ng sukang gawa sa alak o sa matapang na inumin, at hindi rin siya iinom ng katas ng ubas o kakain ng ubas o pasas.

4 Sa buong panahong nabubuhay siya bilang isang Nasir, hindi siya kakain ng anumang galing sa ubasan, mula sa buto hanggang sa balat.

5 Sa buong panahon ng kanyang panata ng pagtatalaga, hindi sasayaran ng labaha ang kanyang ulo. Magiging banal siya at pahahabain niya ang kanyang buhok hanggang matapos ang pagtatalaga niya kay Yawe. 6 Sa buong panahon ng kanyang pagtatalaga sa karangalan ni Yawe, hindi siya lalapit sa sinumang patay, 7 maging iyon ang kanyang ama, ina, o kapatid, kung hindi'y madudungisan siya sapagkat taglay niya sa kanyang ulo ang tanda ng pagkakatalaga niya sa Diyos. 8 Sa buong panahon ng kanyang pagiging Nasir, nakatalaga siya kay Yawe.

9 Kung may biglang mamatay sa tabi niya, nadungisan ang kanyang ulong nakatalaga. Kailangan siyang linisin sa ikapitong araw at ahitin ang kanyang ulo sa araw na iyon. 10 Sa ikawalong araw, magdadala siya sa pari sa pintuan ng Toldang Tagpuan ng dalawang batubato o dalawang batang kalapati. 11 Ihahandog ng pari ang isa bilang handog para sa kasalanan, at ang isa pa bilang sinunog na handog, kaya magbabayad-sala siya para sa kanya sapagkat nagkasala ito dahil sa isang patay.

Sa araw ding iyon, itatalagang muli ng Nasir ang kanyang ulo 12 at magdadala siya ng isang

---

• **6.**1 Ang *mga Nasireo* ay mga lalaking nagtalaga ng kanilang sarili sa Diyos, pansamantala man o panghabambuhay. Isang nasireo si Samson (Mga Hukom 13:5) at malamang na gayon din si Juan Bautista (tingnan Lucas 1:15). May mga nasireo rin sa mga unang Kristiyanong lahing-Judio (Mga Gawa 21:23). Tingnan din ang panata ni Pablo (Mga Gawa 18:18).

Wala tayong alam na mga konggregasyong relihiyoso sa Israel gaya ng meron tayo ngayon sa Iglesya. Kayat ang batas tungkol sa mga nasireo ay nagpapahintulot sa sinumang mananampalataya na personal na italaga ang sarili sa Diyos.

• 22. Ang pagbabasbas ni Moises na laging ginagamit ni San Francisco ng Assisi.

korderong isang taong gulang bilang hain para
sa utang. Hindi ibibilang ang mga nagdaang
araw sapagkat nadungisan ang kanyang pagta-
talaga.
13 Ito ang batas-Nasireo: Sa oras na matapos
ang panahon ng kanyang pagkabanal, dadalhin
siya sa may pintuan ng Toldang Tagpuan.
14 Iaalay niya ang kanyang handog kay Yawe:
isang taong gulang na tupang walang kapin-
tasan bilang susunuging handog, isang taong
gulang na babaeng tupa na walang kapintasan
bilang hain para sa kasalanan, isang tupang
lalaki na walang kapintasan bilang hain sa
mabuting pagsasamahan, 15 isang basket na
tinapay na walang lebadura at gawa sa pinong
harina na hinaluan ng langis at biskwit na walang
lebadura na pinahiran ng langis, at mga pag-
kaing handog at mga inuming handog.
16 Iaalay ng pari ang mga iyon sa harap ni
Yawe at isasakripisyo ang hain para sa kasala-
nan at ang susunuging handog. 17 Iaalay naman
niya kay Yawe ang tupang lalaki bilang hain sa
mabuting pagsasamahan, pati ang basket ng
mga tinapay na walang lebadura, at iaalay ng
pari ang kanyang handog na pagkain at inumin.
18 At pagkatapos ay aahitan ng Nasireo sa may
pintuan ng Toldang Tagpuan ang kanyang
pinabanal na ulo, kukunin ang buhok, at ilalagay
sa apoy na nasa ilalim ng hain sa mabuting
pagsasamahan.
19 Matapos ahitin ng Nasireo ang kanyang
pinabanal na buhok, kukunin naman ng pari ang
isang lutong balikat ng tupang lalaki, isang
tinapay na walang lebadura at isang biskwit na
walang lebadura mula sa basket, at ilalagay ang
mga ito sa mga kamay ng Nasireo. 20 Iiindayog
ng pari ang mga iyon sa harap ni Yawe at
magiging banal ang mga iyon, at mapapasa-
pari, pati ang dibdib na iniindayog at ang hitang
ibinukod. Pagkatapos nito'y makaiinom na ng
alak ang Nasireo.
21 Ito ang batas-Nasireo sa paghahandog
niya kay Yawe ng kanyang alay dahil sa kan-
yang pagkabanal, bukod pa sa ibang kaya
niyang gawin. Tutuparin ang batas ng kanyang
pagkabanal ayon sa ginawa niyang panata."

**Ang pagbabasbas**

• 22 Nagsalita si Yawe kay Moises:
23 "Sabihin mo kay Aaron at sa kanyang
mga anak: Ganito ninyo basbasan ang
mga anak ng Israel, sabihin ninyo sa
kanila:
24 Pagpalain ka nawa ni Yawe at inga-
tan! 25 Pagningningin ni Yawe ang kan-
yang mukha sa iyo at magmagandang-
loob sa iyo. 26 Humarap nawa sa iyo si
Yawe at bigyan ka ng kapayapaan!
27 Ganito nila ipapatong ang aking Pa-
ngalan sa mga anak ng Israel, at pagpa-
palain ko sila."

**Paghahandog ng mga karwahe**

7 1 Nang matapos itayo ni Moises ang Tira-
han, pinahiran niya at itinalaga ito pati ang
lahat ng kasangkapan nito, ang altar at lahat ng
gamit. 2 Nag-alay naman ang mga pinuno ng
Israel na mga ulo ng mga sambahayan ng
kanilang mga ama-ama. Sila ang mga pinuno
ng mga tribu na namahala sa senso. 3 Dinala nila
sa harap ni Yawe ang kanilang handog: anim na
karitong may takip at labindalawang baka, na
tig-isang kariton para sa bawat dalawang
pinuno, at tig-isang baka naman mula sa bawat
pinuno. Inialay nila ang mga ito sa harap ng
Tirahan.
4 At sinabi ni Yawe kay Moises: 5 "Tanggapin
mo sa kanila ang mga 'yan para sa paglilingkod
sa Toldang Tagpuan at ibigay sa mga Levita
ayon sa kani-kanilang mga tungkulin."
6 Kaya tinanggap ni Moises ang mga kariton
at mga baka, at ibinigay sa mga Levita. 7 Ibinigay
niya ang dalawang kariton at ang apat na baka
sa mga Gersonita ayon sa kanilang mga tung-
kulin, 8 at ang apat na kariton at walong baka sa
mga Merarita ayon sa kanilang mga tungkulin,
sa pamamahala ni Itamar na anak ng paring si
Aaron. 9 Hindi niya binigyan ang mga Kehatita
sapagkat sa kanila nakatoka ang santuwaryo, at
sa balikat pinapasan ang lahat.
10 Nag-alay ang mga pinuno sa araw ng
pagtatalaga at paghirang sa altar. At dinala nila
ang kanilang mga handog sa harap ng altar.
11 Ngunit sinabi ni Yawe kay Moises: "Tig-iisang
araw na mag-aalay ng kanilang handog sa
pagtatalaga ng altar ang bawat pinuno."
12 Si Naasong anak ni Aminadab mula sa
tribu ng Juda ang nagdala ng kanyang alay sa
unang araw. 13 Narito ang alay niya: platong
pilak na sandaa't tatlumpung shekel ang tim-
bang ayon sa shekel ng santuwaryo at plangga-
nang pilak na pitumpung shekel na parehong
puno ng pinong harinang hinaluan ng langis
bilang pagkaing handog, 14 gintong mangkok na
sampung shekel na puno naman ng insenso,
15 tig-isang toro at barakong tupa at isang taong
tupa bilang susunuging handog, 16 barakong
kambing bilang hain para sa kasalanan, 17 at

dalawang baka at tiglilimang barakong tupa at
kambing at iisahing taong tupa bilang hain sa
mabuting pagsasamahan. Ito ang alay ni Na-
asong anak ni Aminadab.

18 Si Netanel na anak ni Suar na pinuno ng
Isacar naman ang nag-alay sa ikalawang araw.
19 Narito ang dala niyang alay: platong pilak na
sandaa't tatlumpung shekel ang timbang ayon
sa shekel ng santuwaryo at plangganang pilak
na pitumpung shekel na parehong puno ng
pinong harinang hinaluan ng langis bilang
pagkaing handog, 20 gintong mangkok na sam-
pung shekel na puno naman ng insenso, 21 tig-
isang toro at barakong tupa at isang taong tupa
bilang susunuging handog, 22 barakong kam-
bing bilang hain para sa kasalanan, 23 at dala-
wang baka at tiglilimang barakong tupa at kam-
bing at iisahing taong tupa bilang hain sa
mabuting pagsasamahan. Ito ang alay ni Ne-
tanel na anak ni Suar.

24 Sa ikatlong araw nama'y si Eliab na anak ni
Helon na pinuno ng Zabulon ang nag-alay.
25 Narito ang kanyang alay: platong pilak na
sandaa't tatlumpung shekel ang timbang ayon
sa shekel ng santuwaryo at plangganang pilak
na pitumpung shekel na parehong puno ng
pinong harinang hinaluan ng langis bilang pag-
kaing handog, 26 gintong mangkok na sampung
shekel na puno naman ng insenso, 27 tig-isang
toro at barakong tupa at isang taong tupa bilang
susunuging handog, 28 barakong kambing
bilang hain para sa kasalanan, 29 at dalawang
baka at tiglilimang barakong tupa at kambing at
iisahing taong tupa bilang hain sa mabuting
pagsasamahan. Ito ang alay ni Eliab na anak ni
Helon.

30 Sa ikapat na araw ay si Elisur na anak ni
Sedeur na pinuno ng Ruben ang nag-alay.
31 Narito ang kanyang alay: platong pilak na
sandaa't tatlumpung shekel ang timbang ayon
sa shekel ng santuwaryo at plangganang pilak
na pitumpung shekel na parehong puno ng
pinong harinang hinaluan ng langis bilang
pagkaing handog, 32 gintong mangkok na sam-
pung shekel na puno naman ng insenso, 33 tig-
isang toro at barakong tupa at isang taong tupa
bilang susunuging handog, 34 barakong kam-
bing bilang hain para sa kasalanan, 35 at dala-
wang baka at tiglilimang barakong tupa at
kambing at iisahing taong tupa bilang hain sa
mabuting pagsasamahan. Ito ang alay ni Elisur
na anak ni Sedeur.

36 Si Selumiel na anak ni Surishaddai na
pinuno ng Simeon naman ang nag-alay sa ika-
limang araw. 37 Narito ang kanyang alay: pla-
tong pilak na sandaa't tatlumpung shekel ang
timbang ayon sa shekel ng santuwaryo at plang-
ganang pilak na pitumpung shekel na parehong
puno ng pinong harinang hinaluan ng langis
bilang pagkaing handog, 38 gintong mangkok na
sampung shekel na puno naman ng insenso,
39 tig-isang toro at barakong tupa at isang taong
tupa bilang susunuging handog, 40 barakong
kambing bilang hain para sa kasalanan, 41 at
dalawang baka at tiglilimang barakong tupa at
kambing at iisahing taong tupa bilang hain sa
mabuting pagsasamahan. Ito ang alay ni Selu-
miel na anak ni Surishaddai.

42 Si Eliasaf na anak ni Deuel na pinuno ng
Gad naman ang nag-alay sa ikanim na araw.
43 Narito ang kanyang alay: platong pilak na
sandaa't tatlumpung shekel ang timbang ayon
sa shekel ng santuwaryo at plangganang pilak
na pitumpung shekel na parehong puno ng
pinong harinang hinaluan ng langis bilang
pagkaing handog, 44 gintong mangkok na sam-
pung shekel na puno naman ng insenso, 45 tig-
isang toro at barakong tupa at isang taong tupa
bilang susunuging handog, 46 barakong kam-
bing bilang hain para sa kasalanan, 47 at dala-
wang baka at tiglilimang barakong tupa at kam-
bing at iisahing taong tupa bilang hain sa
mabuting pagsasamahan. Ito ang alay ni Eliasaf
na anak ni Deuel.

48 Sa ikapitong araw nama'y si Elisama na
anak ni Amihud na pinuno ng Efraim ang nag-
alay. 49 Narito ang kanyang alay: platong pilak
na sandaa't tatlumpung shekel ang timbang
ayon sa shekel ng santuwaryo at plangganang
pilak na pitumpung shekel na parehong puno ng
pinong harinang hinaluan ng langis bilang pag-
kaing handog, 50 gintong mangkok na sampung
shekel na puno naman ng insenso, 51 tig-isang
toro at barakong tupa at isang taong tupa bilang
susunuging handog, 52 barakong kambing
bilang hain para sa kasalanan, 53 at dalawang
baka at tiglilimang barakong tupa at kambing at
iisahing taong tupa bilang hain sa mabuting
pagsasamahan. Ito ang alay ni Elisama na anak
ni Amihud.

54 Sa ikawalong araw ay si Gamaliel na anak
ni Pedasur na pinuno ng Manases ang nag-alay.
55 Ito ang kanyang alay: platong pilak na san-
daa't tatlumpung shekel ang timbang ayon sa
shekel ng santuwaryo at plangganang pilak na
pitumpung shekel na parehong puno ng pinong
harinang hinaluan ng langis bilang pagkaing
handog, 56 gintong mangkok na sampung she-
kel na puno naman ng insenso, 57 tig-isang toro
at barakong tupa at isang taong tupa bilang

susunuging handog, 58 barakong kambing bi-
lang hain para sa kasalanan, 59 at dalawang
baka at tiglilimang barakong tupa at kambing at
iisahing taong tupa bilang hain sa mabuting
pagsasamahan. Ito ang alay ni Gamaliel na anak
ni Pedasur.

60 Nang ikasiyam na araw ang nag-alay ay si
Abidan na anak ni Gideoni na pinuno ng Ben-
jamin. 61 Ito ang kanyang alay: platong pilak na
sandaa't tatlumpung shekel ang timbang ayon
sa shekel ng santuwaryo at plangganang pilak
na pitumpung shekel na parehong puno ng
pinong harinang hinaluan ng langis bilang pag-
kaing handog, 62 gintong mangkok na sampung
shekel na puno naman ng insenso, 63 tig-isang
toro at barakong tupa at isang taong tupa bilang
susunuging handog, 64 barakong kambing bi-
lang hain para sa kasalanan, 65 at dalawang
baka at tiglilimang barakong tupa at kambing at
iisahing taong tupa bilang hain sa mabuting
pagsasamahan. Ito ang alay ni Abidan na anak
ni Gideoni.

66 Nang ikasampung araw ang nag-alay ay si
Ahiezer na anak ni Amishaddai na pinuno ng
Dan. 67 Ito ang kanyang alay: platong pilak na
sandaa't tatlumpung shekel ang timbang ayon
sa shekel ng santuwaryo at plangganang pilak
na pitumpung shekel na parehong puno ng
pinong harinang hinaluan ng langis bilang pag-
kaing handog, 68 gintong mangkok na sampung
shekel na puno naman ng insenso, 69 tig-isang
toro at barakong tupa at isang taong tupa bilang
susunuging handog, 70 barakong kambing bi-
lang hain para sa kasalanan, 71 at dalawang
baka at tiglilimang barakong tupa at kambing at
iisahing taong tupa bilang hain sa mabuting
pagsasamahan. Ito ang alay ni Ahiezer na anak
ni Amishaddai.

72 Nang ikalabing-isang araw ang nag-alay
ay si Pagiel na anak ni Ocran na pinuno ng Aser.
73 Ito ang kanyang alay: platong pilak na san-
daa't tatlumpung shekel ang timbang ayon sa
shekel ng santuwaryo at plangganang pilak na
pitumpung shekel na parehong puno ng pinong
harinang hina-luan ng langis bilang pagkaing
handog, 74 gintong mangkok na sampung she-
kel na puno naman ng insenso, 75 tig-isang toro
at barakong tupa at isang taong tupa bilang
susunuging handog, 76 barakong kambing bi-
lang hain para sa kasalanan, 77 at dalawang
baka at tiglilimang barakong tupa at kambing at
iisahing taong tupa bilang hain sa mabuting
pagsasamahan. Ito ang alay ni Pagiel na anak ni
Ocran.

78 Nang ikalabindalawang araw ang nag-alay
ay si Ahira na anak ni Enan na pinuno ng Neftali.
79 Ito ang kanyang alay: platong pilak na san-
daa't tatlumpung shekel ang timbang ayon sa
shekel ng santuwaryo at plangganang pilak na
pitumpung shekel na parehong puno ng pinong
harinang hinaluan ng langis bilang pagkaing
handog, 80 gintong mangkok na sampung
shekel na puno naman ng insenso, 81 tig-isang
toro at barakong tupa at isang taong tupa bilang
susunuging handog, 82 barakong kambing
bilang hain para sa kasalanan, 83 at dalawang
baka at tiglilimang barakong tupa at kambing at
iisahing taong tupa bilang hain sa mabuting
pagsasamahan. Ito ang alay ni Ahira na anak ni
Enan.

84 Ito ang nangyari sa pagtatalaga at pag-
hirang ng altar. Nagbigay ang mga pinuno ng
Israel ng labindalawang platong pilak, labin-
dalawang plangganang pilak at labindalawang
mangkok na ginto. 85 Sandaa't tatlumpung
shekel ang timbang ng bawat platong pilak at
pitumpung shekel naman ang bawat plangga-
nang pilak. Kabuuang pilak ng mga ito: dala-
wanlibo't apatnaraang shekel ayon sa shekel ng
santuwaryo. 86 Mangkok na ginto na puno ng
insenso: labindalawa – tig-sampung shekel ang
timbang ng bawat isa ayon sa shekel ng san-
tuwaryo. Kabuuang ginto ng mga mangkok:
sandaa't dalawampung shekel.

87 Kabuuan ng mga hayop na susunuging
handog: tig-labindalawang toro, barakong tupa,
at tupang iisahing taon pati na ang mga pag-
kaing handog. Labindalawang barakong kam-
bing bilang hain para sa kasalanan. 88 Kabuuan
ng mga hayop para sa hain sa mabuting pagsa-
samahan: dalawampu't apat na baka, tig-anim-
napung barakong tupa at kambing at iisahing
taong tupa.

Ganito itinalaga ang altar pagkahirang dito.
89 Nang pumasok si Moises sa Toldang Tagpuan
para makipag-usap sa Kanya, narinig niya ang
tinig na nagsasalita mula sa ibabaw ng Lugar ng
Pagpapatawad na nasa itaas ng Kaban ng
Pahayag, sa pagitan ng dalawang kerubim, at
nakipag-usap siya sa Kanya...

**8** 1 Nagsasalita si Yawe kay Moises: 2 "Sabihin
mo kay Aaron: Ihanda mo ang pitong
ilawan para tanglawan ng mga ito ang lugar sa
harap ng kandelabra." 3 Gayon nga ang ginawa
ni Aaron: inihanda niya ang mga ilawan sa harap
ng kandelabra gaya ng iniutos ni Yawe kay
Moises. 4 Ganito ang pagkakagawa sa kandela-
bra: pinukpok na ginto ang pinakakatawan nito
at mga sanga. Ginawa ito ayon sa pangitaing
ipinakita ni Yawe kay Moises.

**Inialay kay Yawe ang mga Levita**

5 Sinabi ni Yawe kay Moises: 6 "Ibukod mo ang mga Levita sa mga Israelita at linisin sila. 7 Ito ang gagawin mo para linisin sila. Wisikan mo sila ng panlinis na tubig na banal; mag-ahit sila sa buong katawan at labhan ang kanilang mga damit at magiging malinis sila.

8 At kukuha sila ng isang toro at pagkaing handog na pinong harinang hinaluan ng langis, at kukuha ka naman ng isa pang toro bilang hain para sa kasalanan. 9 Palalapitin mo ang mga Levita sa harap ng Toldang Tagpuan at titipunin mo ang buong pamayanan ng mga Israelita. 10 Palapitin mo ang mga Levita sa harap ni Yawe at ipapatong naman sa kanila ng mga Israelita ang kanilang mga kamay. 11 Pagkaraa'y iiindayog ni Aaron ang mga Levita para ihandog sila ng mga Israelita kay Yawe, at maglilingkod sila kay Yawe.

12 Ipapatong naman ng mga Levita ang kanilang mga kamay sa ulo ng mga toro. Iaalay mo ang isa bilang hain para sa kasalanan at ang isa pa bilang susunuging handog sa paghingi ng tawad para sa mga Levita. 13 Iutos mong tumayo ang mga Levita sa harap ni Aaron at ng kanyang mga anak at iindayog mo sila para ihandog kay Yawe. 14 Ganito mo ibubukod ang mga Levita sa ibang mga Israelita at magiging akin sila.

15 Pagkatapos ay makalalapit na ang mga Levita para maglingkod sa Toldang Tagpuan; nilinis mo na nga sila at iniindayog bilang handog kay Yawe.

16 "Naibigay" na sila; ibinigay nga sila sa akin mula sa mga anak ng Israel at kinuha ko silang kapalit ng mga panganay na isisilang sa Israel.

17 Akin nga ang lahat ng panganay sa Israel, maging tao o hayop; itinalaga ko sila sa akin nang hampasin ko ang lahat ng panganay sa lupain ng Ehipto. 18 Ngunit inihalili ko ang mga Levita sa mga panganay ng Israel. 19 Ibinibigay ko ngayon ang mga Levita kay Aaron at sa kanyang mga anak upang gampanan ang paglilingkod ng mga anak ng Israel sa Toldang Tagpuan at para humingi ng tawad para sa mga Israelita para walang datnan ng salot sa Israel sa paglapit nito sa santuwaryo."

20 Ginawa nga nina Moises at Aaron at ng buong pamayanan ng Israel ang lahat ng iniutos ni Yawe kay Moises tungkol sa mga Levita. 21 Ganito ang ginawa sa kanila ng mga Israelita: pagkabayad-sala ng mga Levita at pagkalaba nila ng kanilang mga damit, iniindayog sila ni Aaron sa harap ni Yawe. At humingi siya ng tawad para sa ikalilinis nila. 22 Pagkatapos ay dumating ang mga Levita para maglingkod sa Toldang Tagpuan sa pamamahala ni Aaron at ng kanyang mga anak. At tinupad ang iniutos ni Yawe kay Moises tungkol sa mga Levita.

23 Nagsalita si Yawe kay Moises: 24 "Tungkol ito sa mga Levita. Mula dalawampu't limang taong gulang pataas, papasok sa samahan ang Levita para maglingkod sa Toldang Tagpuan. 25 At pagsapit niya nang limampung taong gulang, aalis siya sa samahan at hindi na maglilingkod. 26 Tutulungan niya ang kanyang mga kapatid sa pagtatanod sa Toldang Tagpuan pero hindi na siya magtatrabaho. Ito ang gagawin mo tungkol sa pagtatanod ng mga Levita."

**Ang petsa ng pagdiriwang ng Paskuwa**

**9** 1 Nagsalita si Yawe kay Moises sa disyerto ng Sinai sa unang buwan ng ikalawang taon pagkaalis nila sa lupain ng Ehipto: 2 "Ipagdiwang ng mga Israelita ang Paskuwa sa takdang panahon. 3 Ipagdiriwang ninyo ito sa ikalabing-apat ng buwang ito sa pagtatakipsilim, ayon sa lahat ng tuntunin at mga kaugalian."

4 Kaya inutusan ni Moises ang mga Israelita na ipagdiwang ang Paskuwa. 5 Ipinagdiwang nila ang Paskuwa sa disyerto ng Sinai sa pagtatakipsilim sa ikalabing-apat na araw ng unang buwan, gaya ng iniutos ni Yawe kay Moises.

6 Ngunit may ilang naging di-malinis dahil sa isang patay kaya hindi nila naipagdiwang ang Paskuwa sa araw na iyon. Pinuntahan ng mga ito sina Moises at Aaron nang araw ding iyon, 7 at sinabi nila sa kanya: "Naging di-malinis man kami dahil sa isang patay, e bakit naman kami pagbabawalang mag-alay ng handog kay Yawe sa takdang panahon kasama ng ibang mga Israelita?" 8 Sumagot si Moises sa kanila: "Hintayin ninyong marinig ko ang iuutos ni Yawe tungkol sa inyo."

9 At nagsalita si Yawe kay Moises: 10 "Sabihin mo sa mga Israelita: Kung may isang di-malinis dahil sa isang bangkay o kung may naglalakbay na malayo sa inyo o sa mga inapo ninyo at gusto niyang ipagdiwang ang Paskuwa ni Yawe, 11 ipagdiwang nila ito sa ikalawang buwan, sa pagtatakipsilim ng ikalabing-apat na araw ng buwang iyon. Kakanin nila ito nang may tinapay na walang lebadura at mapapait na gulay. 12 Wala silang ititira dito para sa umaga at wala silang babaliing buto, kundi susundin ang lahat ng tuntunin ng Paskuwa.

13 Kung mayroon namang malinis at hindi naglalakbay na di magdiwang ng Paskuwa, itatakwil siya ng kanyang mga kamag-anakan. Mananagot sa kanyang kasalanan ang hindi

mag-alay ng handog ni Yawe sa takdang pana-
hon.
14 Kung may dayuhang nakikipamayan sa
inyo na gustong magdiwang ng Paskuwa ni
Yawe, susundin niya ang mga tuntunin at ka-
ugalian ng Paskuwa. Iisa lamang ang batas para
sa dayuhan at sa katutubo."

### Ang ulap na tanda ng paggabay ng Diyos

15 Nang itayo ang Tirahan, tinakpan ito
ng ulap sa may gawi ng Tolda ng Pa-
hayag, at pag gabi nama'y may lumilitaw
na parang apoy sa ibabaw ng Tirahan
hanggang umaga. 16 Ganito ang laging
nangyayari: sa araw ay tinatakpan ng
ulap ang Tirahan at sa gabi nama'y may
parang apoy.
17 Pag tumaas ang ulap mula sa Tolda,
umaalis naman ang mga Israelita at saan
man tumigil iyon, doon nagka-kampo ang
mga anak ng Israel. 18 Sa utos ni Yawe,
umalis at naglakad ang mga Israelita at sa
utos din ni Yawe sila nagkampo. Habang
nakalatag ang ulap sa Tirahan, namama-
lagi naman sila sa kampo.
19 Kapag maraming araw na nananatili
ang ulap sa Tirahan, sinusunod ng mga
Israelita ang bilin ni Yawe at hindi sila
lumalakad. 20 Kung minsan nama'y iilang
araw lamang sa Tirahan ang ulap ngunit
sa utos ni Yawe'y nagkakampo sila, at sa
utos din ni Yawe sila lumalakad.
21 Kung minsan nama'y mula hapon
hanggang umaga lamang nananatili ang
ulap; kaya sa pagtaas ng ulap kina-u-
magahan sila umaalis. Minsa'y isang araw
at isang gabing nananatili ang ulap, at pag
pumaitaas na ito ay saka rin sila umaalis.
22 Kung minsan nama'y dalawang araw o
isang buwan o isang taon ang ulap sa
Tirahan kayat tumitigil din ang mga
Israelita sa kampo at hindi umaalis; at
kapag napaitaas na ito ay saka sila nag-
lalakbay.
23 Sa utos ni Yawe sila nagkakampo, at
sa utos din ni Yawe sila naglalakbay; sinu-
sunod nila ang inutos ni Yawe kay Moises.

**10** 1 Sinabi ni Yawe kay Moises: 2 "Gumawa
ka ng dalawang trumpetang pinukpok na
pilak na gagamitin mo sa pagtitipon sa pama-
yanan at sa pagtatayo ng kampo.
3 Pag-ihip sa mga ito, magtitipong kasama
mo sa may pintuan ng Toldang Tagpuan ang
buong pamayanan. 4 Kung isa lamang ang pina-
tunog, ang mga pinuno, mga ulo ng mga angkan
ng Israel ang magtitipong kasama mo.
5 Kung may matunog na pag-ihip naman,
aalis ang kampong nasa silanganan at lalakad.
6 Pag muling umiihip nang matunog, aalis na-
man ang kampong nasa timog at lalakad. Sa
ikatlong pag-ihip, ang kampong nasa kanluran
ang lalakad; at sa ikapat na pag-ihip, ang kam-
pong nasa hilaga ang lalakad. Hihipan ninyo
nang matunog para sa paglakad. 7 Ngunit hindi
matunog ang pag-ihip para tipunin ang pama-
yanan.
8 Ang mga paring anak ni Aaron ang iihip sa
mga trumpeta; magiging palagiang kaugalian
ang paggamit nito para sa inyong mga inapo.
9 Kapag nasa sariling lupain na ninyo kayo at
makikipagdigma sa kaaway na sumasalakay sa
inyo, hihipan ninyo nang matunog ang mga
trumpeta, at aalalahanin kayo ni Yaweng inyong
Diyos at ililigtas sa inyong mga kaaway.
10 Sa inyong mga piyesta, mga pagdiriwang
at bagong buwan, hihipan ninyo ang trumpeta
habang iniaalay ang mga susunuging handog at
mga hain sa mabuting pagsasamahan upang
alalahanin kayo ng inyong Diyos. Ako si Yaweng
inyong Diyos."

### Ang paglakad ng "hukbo ng Israel"

11 Sa ikadalawampung araw ng ikalawang
buwan ng ikalawang taon, tumaas ang ulap
mula sa Tirahan ng Pahayag. 12 Kaya grupu-
grupong umalis ang mga Israelita mula sa
disyerto ng Sinai hanggang lumatag ang ulap sa
disyerto ng Paran.
13 Ito ang unang paglakad nila na iniutos ni
Yawe kay Moises. 14 Unang lumakad ang ban-
dila ng kampo ng Juda na nakahanay ayon sa
kani-kanilang batalyon. Nanguna sa mga taga-
Juda si Naasong anak ni Aminadab, 15 si Neta-
nel na anak ni Suar naman sa mga taga-Isacar,
16 at si Eliab na anak ni Helon ang sa mga taga-
Zabulon.
17 Nang maibaba na ang Tirahan, lumakad
ang mga Gersonita at mga Merarita na may dala
sa Tirahan.
18 Kaya lumakad ang bandila ng kampo ng
Ruben na nakahanay nang pangkat-pangkat.
Pinangunahan ni Elisur na anak ni Sedeur ang

mga taga-Ruben, 19 ni Selumiel na anak ni Su-
rishaddai ang mga taga-Simeon, 20 at ni
Eliasaf na anak ni Deuel ang mga taga-Gad.
21 At lumakad ang mga Kehatita na may
pasan sa mga sagradong bagay ng Tirahan,
na kaila-ngan munang itayo pagdating nila.
22 Kasunod na lumakad ang bandila ng kampo
ng Efraim na grupu-grupong nakahanay. Pi-
nangunahan ni Elisama na anak ni Amihud
ang mga taga-Efraim, 23 ni Gamaliel na anak
ni Pedasur ang mga taga-Manases, 24 at ni
Abidang anak ni Gideoni ang mga taga-Ben-
jamin.

25 Sa likuran ng buong kampo ang bandila ng
kampo ng Dan na pangkat-pangkat na
nakahanay. Pinangunahan ni Ahiezer na anak ni
Amishaddai ang mga taga-Dan, 26 ni Pagiel na
anak ni Ocran ang mga taga-Aser, 27 at ni Ahira
na anak ni Enan ang mga taga-Neftali.

28 Ito ang hanay sa paglakad ng mga Israelita,
ayon sa kani-kanilang mga pangkat sa pag-alis
nila.

## *MGA ALAALA SA DISYERTO: UNANG BAHAGI*

• 29 Sinabi ni Moises kay Hobab na anak ni
Reuel na Madianitang biyenan ni Moises: "Aalis
kami patungo sa lugar na ipinangako ni Yawe na
ibibigay sa amin. Sumama ka sa amin at
mapapabuti ka, sapagkat nangako si Yawe ng
kaligayahan sa Israel." 30 Sumagot siya: "Hindi
ako sasama sa inyo, uuwi na lamang ako sa
aking lupa at angkan." 31 Sumagot naman si
Moises: "Huwag mo kaming iwan sapagkat ikaw
ang may alam kung saan tayo makapag-
kakampo sa disyerto, kayat ikaw ang magiging
pinakamata namin. 32 Kung sasamahan mo
kami, makakahati ka sa pagpapala ni Yawe sa
amin at mapapabuti ka."

33 Lumakad na sila mula sa Bundok ni
Yawe para sa tatlong araw na pagla-
lakbay, at nanguna sa kanila sa loob ng
tatlong araw ang Kaban ng Pakikipagti-
pan ni Yawe, sa paghanap ng lugar na
kanilang mapagpapahingahan.

34 Nasa ibabaw nila ang ulap ni Yawe
kung araw, nang lisanin nila ang kampo.

35 Tuwing aalis ang Kaban ng Pakiki-
pagtipan, sinasabi ni Moises: "Tumindig
ka, Yawe, at pangalatin ang iyong mga
kaaway; magsitakas nawa sa harap mo
ang mga namumuhi sa iyo." 36 At sinasabi
naman niya sa paghimpil niyon: "Bumalik
ka, Yawe, sa di mabilang na libu-libo ng
Israel."

**11** • 1 Nangyari na naghahanap ng
away ang bayan kay Yawe. Narinig
sila ni Yawe at nag-apoy ang kanyang
poot. Naglagablab sa kanila ang isang
apoy mula kay Yawe at sinunog ang nasa
labas ng kampo. 2 At sumigaw kay Moises
ang sambayanan, at namagitan siya kay
Yawe para sa kanila, at namatay ang
apoy. 3 Tinawag nilang Tabera ang lugar
na iyon, sapagkat doon naglagablab sa
kanila ang apoy ni Yawe.

4 Napakatatakaw ang mga patapong
kasama nila, at pati ang mga Israelita ay
umiyak at nagsabi: "Sino ang magbibigay
sa amin ng makakaing karne? 5 Naaalaala
namin ang isdang kinakain namin nang
libre sa Ehipto, ang mga pipino, mga
milon, mga puero, mga sibuyas at mga
bawang. 6 Wala na kami ngayong ganang
kumain; wala na kaming makitang anu-
man, wala liban sa manna."

7 Parang buto ng kulantro at mukhang be-
delyo ang manna. 8 Naglilibot ang sambayanan
sa pangunguha nito, at saka ginigiling sa gili-
ngang-bato o binabayo sa lusong. Isinasaing
nila iyon sa palayok o ginagawang tinapay na
lasang tinapay na may langis. 9 Pagpatak ng
hamog sa kampo kung gabi, kasama nitong
bumababa ang manna.

---

• **10.**29 *Dito nagsisimula ang isang serye ng mga matatandang tradisyon na bubuo sa pinakadiwa ng mga kabanata 11-14. Sa bahaging ito, normal na letra ang ginagamit natin para sa matatandang salaysay na ito at pahilig na letra naman para sa mga parteng galing sa mga paring nag-edit sa aklat ng Mga Bilang.*

• **11.**1 Dalawang alaala ang pinagsasama sa kabanatang ito:

– tungkol sa mga pugo at sa manna ang isa, at kahawig ng nasa Exodo 16.

– ang isa nama'y tungkol sa kaloob na "Espiritu ni Yawe" sa matatanda o mga pinuno ng Israel.

[10]Narinig ni Moises ang iyakan ng sambayanan, pami-pamilya, sa bungad ng kani-kanilang tolda, at lubhang nagalit si Yawe.

Hindi ito naging kasiya-siya kay Moises, [11]kaya sinabi ni Moises kay Yawe: "Ba't naman napakasama ng trato mo sa iyong lingkod? Dahil ba hindi mo ako mahal at ipinapapasan mo sa akin ang buong sambayanang ito? [12]Bakit, ako ba ang naglihi sa buong sambayanang ito? Ako ba ang nagsilang sa kanila? At ngayo'y ipinakakarga mo pa sila sa aking kandungan tulad ng pagkarga ng isang yaya sa sanggol na pinasususo, patungo sa lupaing ipinangako mo sa kanilang mga ninuno? [13]Saan ako kukuha ng karne para sa buong bayang ito pag iyak nila sa akin sa pagsasabing – Bigyan mo kami ng karneng makakain! [14]Hindi ko makakargang mag-isa ang buong sambayanang ito; napakabigat na pasanin ito para sa akin. [15]Mabuti pang patayin mo na nga ako kung ganito rin lang ang trato mo sa akin, kung may nalalabi ka pang pagtingin sa akin, at nang hindi ko na makita pa ang iyong galit."

[16]Sinabi ni Yawe kay Moises: "Tipunin mo rito ang pitumpung lalaki mula sa matatanda ng Israel na kinikilala mong mga matatanda ng bayan at mga opisyal nila, at dalhin sila sa Toldang Tagpuan at patayuin sila roong kasama mo. [17]Bababa ako para makipag-usap sa iyo, at kukuha ako sa espiritung sumasaiyo at ilalagay ko sa kanila. Mula ngayon, kaisa mo silang magpapasan sa sambayanan kaya hindi mo na sila papasaning mag-isa.

[18]Sabihin mo sa sambayanan: Magpakabanal kayo para bukas, at kakain kayo ng karne. Narinig kayo ni Yawe sa inyong pagtangis nang sabihin ninyong – Sino ang magbibigay sa amin ng makakaing karne? Mabuti pa nang nasa Ehipto kami! – Bibigyan kayo ni Yawe ng karne at kakain kayo, [19]hindi lamang isang araw o dalawa o lima o sampu o dalawampung araw [20]kundi isang buong buwan hanggang lumabas iyon sa inyong mga ilong at magsawa kayo. Sapagkat itinakwil ninyo si Yawe na inyong kapiling, at nanangis kayo sa harap niya at inyong sinabi – Bakit ba kami nakaalis-alis pa sa Ehipto?"

[21]At sinabi ni Moises: "Animnaraang libong kawal ang kasama ko, at sinasabi mong – Bibigyan ko sila ng karne at kakanin nila iyon sa loob ng isang buwan! [22]Makakasapat ba sa kanila kung katayin man ang isang buong tupahan o bakahan? Makasasapat ba sa kanila kung hulihin man ang lahat ng isda sa dagat?"

[23]At sinabi ni Yawe kay Moises: "Maikli ba ang bisig ni Yawe? Makikita mo ngayon kung totoo o hindi ang aking salita."

**Ibinigay ni Yawe ang kanyang espiritu sa mga pinuno**

• [24]Lumabas si Moises at sinabi sa sambayanan ang mga salita ni Yawe. Tinipon niya ang pitumpung lalaki mula

---

• 24. Mula sa mga kilos at gawa ng mga propeta unang nalaman ng mga Israelita ang tungkol sa *Espiritu ng Diyos*. Ang mga propeta ang mga taong may alam sa mga lihim ng Diyos, mga taong binabahaginan ng Diyos ng kanyang karunungan, mga taong nagkaroon ng walang-katapat na lakas sa ilang mga pagkakataon. Sa kanilang mga pagkilos naunawaan ng mga Israelita na ibinibigay ng Diyos ang kanyang espiritu gaya ng isang marahas na hanging di inaasahan (kapwa nangangahulugan ng *espiritu* at *hangin* sa wikang Hebreo ang salitang *ruah*).

Para maintindihan ang salaysay na ito, makabubuting ikumpara ito sa 1 Sam 10:1-13 at 19:18-24.

Itinuturo sa atin ng istoryang ito na kumikilos ang Espiritu sa maraming iba't ibang paraan (tingnan 1 Cor 12 at 14). Isang bagay ang magsabi at gumawa ng kakaibang mga bagay, o magsalita sa iba't ibang wika, atbp. Ibang bagay naman at siyang mas importante ang makatanggap ng pananagutang pamunuan at turuan ang bayan ng Diyos. Ang espiritu ni Moises (na hindi naman nagsalita sa iba't ibang wika o *nagpropesiya* habang wala sa sarili) na kinatawan ng Diyos, ang gagawa ng mga kakatwa at propetikong paghahayag sa pitumpung matatanda.

Ipinakikita rin ng nangyari kina Eldad at Medad na hindi laging sa mga opisyal na pamamaraan ibinibigay ng Diyos ang kanyang espiritu. Totoo ngang nasa listahan sina Eldad at Medad pero wala naman sila sa

sa matatanda at pinatayo sila sa paligid
ng Tolda.
25 Bumaba si Yawe na nasa ulap at
kinausap si Moises. Kumuha siya sa espi-
ritung sumasakanya at inilagay sa pitum-
pung matatanda. Nang sumakanila ang
espiritu, nagpropesiya ang mga ito. Pero
hindi na naulit pa iyon.
26 Dalawang lalaki ang naiwan sa
kampo; Eldad ang pangalan ng isa at ang
isa nama'y Medad. Gayunman, suma-
kanila rin ang espiritu sapagkat kabilang
sila sa listahan bagamat hindi sila nag-
punta sa Tolda.
Nang magpropesiya sila sa loob ng
kampo, 27 isang kabataang lalaki ang
tumakbo kay Moises at nagsabi: "Nagpo-
propesiya rin sina Eldad at Medad sa
kampo." 28 Sinabi naman ni Josueng anak
ni Nun na sapul pagkabata'y naglilingkod
na kay Moises: "Panginoon kong Moises,
sawayin mo sila!"
29 Ngunit sinabi ni Moises: "Nanga-
ngamba ka bang baka ako madaig? Pro-
peta nga sana ang buong bayan ni Yawe at
ibigay ni Yawe sa kanila ang kanyang
espiritu."
30 At bumalik sa kampo sina Moises at
ang matatanda ng Israel.

31 Umihip ang hangin galing kay Yawe, na
nagtaboy sa mga pugo mula sa dagat, at ibi-
nagsak ang mga ito sa paligid ng kampo, na
singhaba ng maghapong paglakad sa isang tabi,
at halos gayundin sa kabila; at halos tatlong
talampakan mula sa lupa ang bunton ng mga
ito.
32 Maghapon at magdamag na nanguha ng
mga pugo ang sambayanan, pati na ng sumu-
nod na araw. Ang may pinakakaunting nakuha
ay nakakuha ng sampung homer, at ibinilad nila
ang mga iyon para sa kanila sa paligid ng
kampo. 33 Kinakagat pa lamang nila ang karne
nang maglagablab ang poot ni Yawe laban sa
bayan, at hinampas niya sila ng napakalubhang
salot.
34 Tinawag na Kibrot-hat-Taava ang lugar na
iyon sapagkat doon nila inilibing ang mga
matatakaw na iyon. 35 Mula sa Kibrot-hat-
Taava, naglakbay ang sambayanan patungong
Haserot, at doon sila nanatili.

**Hinamon nina Miriam at Aaron si Moises**

12 • 1 Nagsalita laban kay Moises sina
Miriam at Aaron dahil sa babaeng
taga-Kus na pinakasalan nito, 2 at sinabi
nila: "Sa pamamagitan lamang ba ni
Moises nagsasalita si Yawe? Hindi ba nag-
sasalita rin siya sa pamamagitan namin?"
At narinig iyon ni Yawe.
3 Ngunit si Moises ay taong tunay na
mababang-loob, higit kaysa sinuman sa
balat ng lupa. 4 At biglang sinabi ni Yawe
kina Moises, Aaron at Miriam: "Halika-
yong tatlo sa Toldang Tagpuan." At nag-
punta naman ang tatlo.
5 Bumaba si Yawe na nasa haliging ulap,
tumayo sa pintuan ng Tolda, at tinawag
sina Aaron at Miriam. Kapwa lumabas ang
dalawa, 6 at sinabi ni Yawe: "Makinig kayong
mabuti sa aking mga salita –

Kung may propeta sa piling ninyo,
nagpapakilala ako sa kanya sa isang pangitain
at kinakausap siya sa isang panaginip.
7 Subalit hindi gayon para sa aking lingkod na si Moises,

---

tabi ni Moises. Kaya hindi dapat magulat ang mga awtoridad ng bayan ng Diyos na may mga pagkakataong kung saan sila wala ay saka ibinibigay ang Espiritu nang hindi humihingi sa kanila ng permiso: ganito ang mangyayari kay Cornelio (Gawa 10) at kay Pablo (Gawa 9).

*Propeta nga sana ang buong bayan ni Yawe at ibigay sa kanila ang kanyang espiritu* (tingnan Joel 3:1 at Mga Gawa 2:17).

• **12.**1 Titiyakin ni Jesus sa Ebanghelyo na walang sinumang propeta ang kinikilala ng sarili niyang angkan (tingnan Mc 6:4). Tinutuligsa nina Miriam at Aaron na mga kapatid ni Moises ang mga ginagawa nito, at maaaring may katwiran sila. Ngunit isang paraan ito nila para ipantay ang sarili kay Moises, at kumilos ang Diyos para ipagtanggol ang kanyang propeta.

Dalawang bagay ang nililiwanag ng sagot ng Diyos:

– May natatanging lugar si Moises sa pagbubunyag ng Diyos: siya ang magtatayo sa mga pundasyon ng pananampalataya sa Diyos na Tagapagpalaya, Makatarungan, Banal at Mahabagin, na hinding-hindi

ang aking katiwala sa buo kong sambahayan.

8 Kinakausap ko siya nang harap-harapan,
tuwiran at hindi sa talinhaga,
at nakikita niya ang anyo ni Yawe.
Bakit hindi kayo natakot magsalita laban sa aking lingkod, laban kay Moises?"

9 Naglagablab sa kanila ang galit ni Yawe, at umalis.

10 Lumayo ang ulap mula sa ibabaw ng Tolda, at hayan, si Miriam – simputi ng niyebe sa ketong. Humarap si Aaron kay Miriam, at nakita niyang ketongin na ito.
11 Kaya sinabi niya kay Moises: "Aking panginoon, huwag mo sana kaming parusahan sa pagkakasalang nagawa namin dahil sa aming kahangalan. 12 Huwag mo siyang pabayaang matulad sa sanggol na agas na halos ubos na ang laman paglabas sa sinapupunan ng kanyang ina."

13 Kaya tumawag si Moises kay Yawe: "Pagalingin mo sana siya, O Diyos."
14 Ngunit sinabi ni Yawe kay Moises: "Kung niluran siya sa mukha ng kanyang ama, hindi ba siya magtatago sa loob ng pitong araw dahil sa kahihiyan? Panatilihin mo siya sa labas ng kampo sa loob ng pitong araw, pagkatapos ay saka lamang siya muling tatanggapin."

15 Kaya nanatili si Miriam sa labas ng kampo sa loob ng pitong araw, at hindi naglakbay ang sambayanan hanggang hindi siya pinapapasok na muli.

16 Pagkatapos niyon, umalis ang sambayanan mula sa Haserot at nagkampo sa Disyerto ng Paran.

### Nagpadala si Moises ng mga espiya para maniktik sa Lupang Pangako

**13** 1 *At kinausap ni Yawe si Moises, at sinabi:* 2 *"Magsugo ka ng mga lalaki para magsiyasat sa lupain ng Kanaan na ibinibigay ko sa mga anak ng Israel; magsugo ka ng isang lalaki para sa bawat tribu ng mga ninuno, na mga pinuno ang lahat sa kanila."*

3 *Kayat isinugo ni Moises ang mga lalaking ito mula sa Disyerto ng Paran ayon sa utos ni Yawe, mga pinuno ng mga Israelita silang lahat,*
4 *narito ang kanilang mga pangalan:*

*Si Sammua na anak ni Zacur mula sa tribu ng*
*Ruben,* 5 *si Safat na anak ni Huri mula sa tribu ng*
*Simeon,* 6 *si Kaleb na anak ni Yefone mula sa*
*tribu ng Juda,* 7 *si Igal mula sa tribu ng Isacar,* 8 *si*
*Oseas na anak ni Nun mula sa mga anak ni Jose*
*sa tribu ng Efraim,* 9 *si Palti na anak ni Rafu mula*
*sa tribu ng Benjamin,* 10 *si Gadiel na anak ni Sodi*
*mula sa tribu ng Zabulon,* 11 *si Gaddi na anak ni*
*Susi mula sa mga anak ni Jose sa tribu ng*
*Manases,* 12 *si Ammiel na anak ni Gemali mula*
*sa tribu ng Dan,* 13 *si Setur na anak ni Mikael*
*mula sa tribu ng Aser,* 14 *si Nahabi na anak ni*
*Vapsi mula sa tribu ng Neftali,* 15 *si Guel na anak*
*ni Maki mula sa tribu ng Gad.*

• 16 *Ito ang mga pangalan ng mga lalaking isinugo ni Moises upang maniktik sa lupain. Ngunit tinawag na Josue ni Moises si Oseas na anak ni Nun.*

---

mababago ng sino pa mang propeta. Isa pa'y kakailanganin ng mga propetang kilalanin sila ng mga awtoridad ng bayan ng Diyos, na mga kahalili ni Moises.

– *Kinausap ko siya nang harap-harapan*. Ang mga pangitain at mga panaginip ay pupuwedeng maging paraan ng pakikipag-usap ng Diyos sa mga propeta. Ngunit mas mababang klaseng pamamaraan ang mga ito. Maraming klase ng espiritu ang gumagawa nang ganito at maaari din namang maging mga ilusyong galing sa demonyo ang mga ito. Kayat kay Moises at sa mga dakilang propeta, espiritu sa espiritu ang pakikipag-usap ng Diyos sa kanila. At sa pag-angkin niya sa kanilang kalayaan, binago niya sila at pinabanal.

*Si Moises ay taong tunay na mababang-loob:* ang maliwanag na tanda na nakatagpo niya ang Diyos.

• **13.**16 Nang panahong iyo'y Kanaan ang tawag sa lupang ipinangako sa mga Hebreo, at mga Kananeo ang mga nakatira roon. Paglipas lamang ng mga panahon saka iyon tatawaging Israel dahil ang mga Israelita na ang nagmay-ari niyon. Tatawagin din iyong Palestina. Sa kanilang mga pangarap, paraiso ang tingin nila sa lupang ito. *Pumutol sila ng isang sangang may buwig na ubas na pinasan ng dalawa sa kanila sa isang pingga.* Inilalarawan ng kagila-gilalas na detalyeng ito ang magandang lupaing "dinadaluyan ng gatas at pulot-pukyutan". Ginagamit pa rin ng mga Israelita sa kasalukuyan ang larawang ito bilang sagisag ng kanilang bansa.

Isa sa mabibigat na kasalanan ng Israel ang inilalarawan sa atin ng Biblia sa bahaging ito, gaya ng nasa Ex 32. Hindi sana naging napakahirap para sa Israel ang maniwala kay Yawe kung hindi nito hiningi sa kanila na

17 Kaya pinapunta sila ni Moises para
maniktik sa lupain ng Kanaan, at sinabi sa
kanila: "Umahon kayo sa Negeb tungo sa
kaburulan, at tingnan ang lagay ng lupa
18 at kung ang bayang naroo'y malakas o
mahina, marami o kakaunti. 19 Tingnan
din ninyo kung maganda o masama ang
lupaing tinitirhan nila at kung anong klase
ng mga siyudad mayroon sila – mga
kampo lamang ba o napapaderan?
20 Tingnan ninyo kung mataba o hindi ang
lupa, kung may mga puno o wala. La-
kasan ninyo ang inyong loob at kumuha
ng bunga ng lupain." Panahon noon ng
unang hinog na ubas.

21 *Umakyat nga sila at ginalugad ang
lupain mula sa disyerto ng Zin hanggang
sa Rehob, malapit sa bungad ng Emat.*
22 Umahon sila sa Negeb at dumating sa
Hebron na isang matandang lunsod na
itinayo pitong taon bago pa ang Soan sa
Ehipto; doon nakatira sina Ahiman, Sesai
at Tolmai na mga anak ni Enak.

23 At dumating sila sa Lambak ng Eskol
kung saan sila pumutol ng isang sangang
may buwig ng ubas. Pinasan ito ng dalawa
sa kanila sa isang pingga. Nagdala rin sila
ng igos at iba pang prutas. 24 Dahil sa
buwig ng ubas na pinutol doon ng mga
anak ng Israel, tinawag nilang Lambak ng
Eskol (Buwig) ang lugar na iyon.

25 *Bumalik sila pagkatapos ng apat-
napung araw na paniniktik sa lupain.*
26 *Dumating sila at nakipagkita kay
Moises, kay Aaron at sa buong pama-
yanan ng mga Israelita sa disyerto ng
Paran sa Kades.* Nag-ulat sila sa kanila at
sa buong pamayanan, at ipinakita ang
bunga ng lupain.

27 At iniulat nila kay Moises: "Pumasok
kami sa lupaing pinapuntahan mo sa
amin, at totoo ngang dinadaluyan ito ng
gatas at pulot-pukyutan! Narito ang
bunga niyon. 28 Pero napakalalakas ng
bayang nakatira sa lupain; naglalakihan
at napapaderan ang mga siyudad, at
nakita pa namin doon ang mga inapo ng
mga higante. 29 Nakatira ang mga
Amalecita sa lupain ng Negeb, at nasa
kaburulan naman ang mga Heteo,
Hebuseo at Amorreo; at nasa baybay-
dagat at sa pampang ng Jordan ang mga
Kananeo."

30 Pinatahimik ni Kaleb ang sambaya-
nang laban kay Moises, at sinabi: "Kaila-
ngang umahon tayo at agawin ang lupain
sapagkat tiyak na kaya natin ito." 31 Ngu-
nit sinabi ng mga lalaking kasama niyang
umahon: "Hindi natin malulusob ang
bayang iyon sapagkat mas malakas sila
kaysa atin."

32 *At masama ang ipinamalita nila sa
mga Israelita tungkol sa lupaing kanilang
ginalugad: "Ang lupaing nilibot namin
para tiktikan ay lupaing lumalamon sa
lahat ng tagaroon,* at napakalalaki ang
lahat ng taong nakita namin. 33 Nakakita
pa kami ng mga higante (sila ang mga
anak ni Enac mula sa lahi ng mga hi-
gante). Sa tingin nami'y para kaming mga
balang sa harap nila, at gayon nga siguro
ang tingin nila sa amin."

**Ang paghihimagsik ng bayan sa Kades**

**14** • 1 *At humiyaw ang buong pama-
yanan, at magdamag na umiyak
ang mga tao.* 2 *Nagreklamo ang lahat ng
anak ng Israel laban kina Moises at Aaron,*

---

sakupin ang lupain, bagay na ikinatakot naman nila. Gayundin naman, napakaraming Kristiyano ngayon ang nakadarama ng lubos na pag-aalab ng espiritu pero natatakot naman sa oras na hingin sa kanila ng Iglesya na makisangkot sa gawa ng katarungan at pagkakasundo sa lahat ng larangan ng kasalukuyang daigdig.

• **14.**1 May mga karanasan tayong magugunita na katulad na katulad ng paghihimagsik na ito.

Masamang tagapayo ang takot at ginagawa nitong marahas ang mga duwag.

Pinapatay ng mga taong may mapurol na diwa ang mga propeta para panatiliin ang kanilang kapanatagan o kaya'y para bumalik "sa pagkaalipin sa Ehipto".

Ngunit ang Diyos ang sumasaklolo sa taong nakikipagharap sa pulutong nang dahil sa kanya.

*Hanggang kailan sila tatangging maniwala sa akin?* Insulto sa Diyos ang pagiging takot kumilos.

*at sinabi ng buong pamayanan sa kanila:*
*“Buti pang namatay na kami sa Ehipto o*
*sa disyertong ito!* 3 Ba't ba kami dinadala
ni Yawe sa lupaing ito para lamang ma-
buwal sa tabak, at masamsam sa amin
ang aming mga asawa at maliliit na bata?
Di ba mas mabuti pang bumalik sa
Ehipto?” 4 At sinabi nila sa isa't isa: “Pu-
mili tayo ng pinuno at bumalik na tayo sa
Ehipto.”
5 *Nagpatirapa sina Moises at Aaron sa*
*harap ng buong pagtitipon ng pama-*
*yanan ng mga anak ng Israel.* 6 *Winarak*
*naman ni Josueng anak ni Nun, at ni*
*Kaleb na anak ni Yefone, na kasama sa*
*mga naniktik sa lupain,* 7 *at sinabi sa*
*buong pamayanan ng mga anak ng*
*Israel: “Napakaganda ang lupaing pi-*
*nuntahan namin at ginalugad.* 8 Kung ka-
siya-siya tayo kay Yawe, dadalhin niya
tayo sa lupaing ito at ibibigay ito sa atin,
isang lupaing dinadaluyan ng gatas at
pulot-pukyutan. 9 Huwag lamang kayong
maghihimagsik kay Yawe, at huwag ma-
takot sa mga taong nasa lupain sapagkat
sila ang uubusin natin! Wala na ang ka-
nilang pananggalang at sumasaatin na-
man si Yawe. Huwag kayong matakot sa
kanila!”
10 *Binantaan silang babatuhin ng bu-*
*ong pamayanan nang biglang lumitaw*
*ang Luwalhati ni Yawe sa Toldang*
*Tagpuan sa harap ng lahat ng anak ng*
*Israel.*
11 Sinabi ni Yawe kay Moises: “Hang-
gang kailan ako hahamakin ng bayang
ito? Hanggang kailan sila tatangging ma-
niwala sa akin sa kabila ng mga tanda na
ginawa ko sa piling nila? 12 Padadalhan ko
sila ng salot at pupuksain, pero gagawin
kitang isang bansang mas malaki at mas
malakas kaysa kanila.”
13 Sinabi naman ni Moises kay Yawe:
“Alam ng mga Ehipsiyo na inilabas mo sa
iyong kapangyarihan ang bayang ito mula
sa piling nila, 14 at sinabi nila ito sa mga
naririto sa lupain. Nabalitaan na nila,
Yawe, na kapiling ka ng bayang ito, at
nakita ka nila nang harap-harapan, at ang
iyong ulap ay namamalagi sa kanila, at
nangunguna ka sa kanila sa isang haliging
ulap kung araw at sa haliging apoy kung
gabi. 15 At ngayo'y minsanan mong pu-
puksain ang bayang ito?
Kaya sasabihin ng mga bansang naka-
balita tungkol sa iyo: 16 Hindi na kaya ni
Yawe na dalhin ang bayang ito sa lupaing
ipinangako niya sa kanila kaya niya sila
pinagpapatay sa disyerto. 17 Panginoon
ko, makita nawa ngayon ang iyong
kapangyarihan pagkat ayon sa iyong mga
salita, 18 hindi ka madaling magalit at
mayaman sa kabutihang-loob. Pina-
patawad mo ang kasalanan at paghi-
himagsik, ngunit naghihiganti ka at
pinarurusahan ang mga anak hanggang
sa ikatlo at ikapat na salinlahi dahil sa
kasamaan ng kanilang mga magulang.
19 Patawarin mo na sana ang pagkakasala
ng bayang ito, ayon sa masagana mong
awa, tulad ng pagpapatawad mo sa
bayang ito mula pa sa Ehipto hanggang
ngayon.”
20 At sinabi ni Yawe: “Pinatawad ko na
sila ayon sa iyong mga salita, 21 ngunit
kung paanong buhay ako at pinupuspos
ng Luwalhati ni Yawe ang daigdig, 22-
23 isinusumpa kong hindi nila makikita

---

Iniuukol din ang mga salitang ito sa mga tao ngayon na, sa harap ng mga sugat ng lipunan, ay nagsasabing: wala nang magagawa pa.

*Patawarin mo sana ang pagkakasala ng bayang ito.* Minsan pang lumilitaw si Moises sa kanyang papel bilang tagapamagitan. Sa personal na pakikipagniig niya kay Yawe, natutuhan ni Moises na sagana pala sa kagandahang-loob at puno ng awa ang Diyos.

Nagpapatawad nga ang Diyos. Subalit hindi nito hinahadlangan na pagbayaran ng mga tao ang bigat ng kanilang mga pagkakamali. Ang paghihimagsik sa Kades at ang sumunod na pagkalupig ang dahilan ng matagal na pananatili ng mga Hebreo sa disyerto. Sa katunayan, may katagalan nga, apatnapung taon, ang itinigil nila sa may malapit sa Kades, na waring nahahadlangan sa pagpasok sa lupain ng Kanaan. Malupit ang salita: mamamatay sa pintuan ng Lupang Pangako ang lahat ng tumangging makilahok sa paglupig.

ang lupaing ipinangako ko sa kanilang
mga ninuno. Sapagkat nakita nilang lahat
ang aking Luwalhati at ang mga tanda na
ginawa ko sa Ehipto at sa disyerto, ngunit
sampung beses pa rin nila akong sinubok
at hindi pinakinggan ang aking tinig. Wala
isa man sa mga humamak sa akin ang
makakakita niyon. 24 Ang lingkod kong si
Kaleb lamang ang makapapasok doon
sapagkat may naiiba siyang espiritu at
dahil lubos siyang sumunod sa akin.
Dadalhin ko siya sa lupaing pinuntahan
niya at aariin iyon ng kanyang mga inapo,
25 samantalang nasa lambak ang mga
Amalecita at mga Kananeo.

Kaya babalik kayo bukas at aalis papunta sa disyerto sa daang patungo sa Dagat ng Mga Tambo."

*26 Sinabi ni Yawe kina Moises at Aaron:
27 "Hanggang kailan magrereklamo sa akin ang
masamang pamayanang ito? Narinig ko na ang
mga reklamo ng mga reklamador na Israelitang
ito. 28 Sabihin mo sa kanila – Buhay ako, wika ni
Yawe, kaya gagawin ko sa inyo ang lahat ng
narinig kong sinabi ninyo. 29 Lahat kayo, na
dalawampung taong gulang o higit pa at
kabilang sa senso, na nagrereklamo sa akin,
mabubuwal sa disyertong ito ang inyong mga
bangkay. 30 Hindi kayo papasok sa lupaing
isinumpa kong paninirahan ninyo, maliban
kay Kaleb na anak ni Yefone, at kay Josueng
anak ni Nun. 31 Ngunit ang inyong mga anak na
sinabi ninyong masasamsam sa inyo ang dadalhin ko roon at sila ang makaaalam sa lupaing tinanggihan ninyo. 32 Mabubuwal sa
disyerto ang inyong mga bangkay, 33 at lalaboy
rito sa loob ng apatnapung taon ang inyong mga
anak, kasama ang kanilang mga kawan, pasan
ang bigat ng inyong kataksilan hanggang bumagsak na patay sa disyerto ang kahuli-hulihan sa inyo.*

*34 Batay sa bilang ng mga araw na ginugol sa
paniniktik sa lupain – isang taon para sa bawat
araw, apatnapung araw – apatnapung taon
ninyong papasanin ang bigat ng inyong mga
pagkakasala at malalaman ninyo ang paglaban
ko. 35 Akong si Yawe ang nagsalita. Tiyak na
gagawin ko ito sa buong masamang pamayanan – pinagkaisahan nila ako. Mauubos sila
sa disyertong ito, at dito sila mamamatay."*

*36 Ang mga lalaking isinugo ni Moises upang
maniktik sa lupain at nagbalik sa pamayanan
ang silang nagpareklamo laban sa kanya sa
pagkakalat ng masamang balita tungkol sa
lupain. 37 Nangamatay sila dahil sa salot sa
harap ni Yawe. 38 Tanging si Josueng anak ni
Nun at si Kaleb na anak ni Yefone ang natirang
buhay sa mga umalis para maniktik.*

*39 Nang isalaysay ito ni Moises sa mga Israelita, buong kapaitang nagluksa ang sambayanan. 40 Maaga silang gumising at umakyat
sa bundok, at sinabi: "Narito kami! Nagkasala
kami ngunit handa kaming pumunta sa lugar
na ipinangako ni Yawe." 41 Ngunit sinabi ni
Moises: "Bakit ninyo sinusuway ang utos ni
Yawe? Hindi ito magtatagumpay. 42 Huwag
kayong aakyat, sapagkat wala sa inyo si Yawe,
kung hindi'y malulupig kayo ng inyong mga
kaaway. 43 Haharapin kayo roon ng mga
Amalecita at mga Kananeo, at tiyak na mabubuwal kayo sa tabak, sapagkat tumalikod kayo
sa pagsunod kay Yawe at wala siya sa inyo."*

*44 Nagpilit pa rin silang umakyat sa tuktok ng
bundok, ngunit hindi umalis mula sa loob ng
kampo ang Kaban ng Pakikipagtipan ni Yawe o
si Moises.*

*45 Kaya bumaba ang mga Amalecita at mga
Kananeo na nakatira sa kaburulan, at nilupig
sila at hinabol hanggang Horma.*

## *KARAGDAGAN PANG MGA BATAS*

**15** • 1 Sinabi ni Yawe kay Moises: 2 "Sabihin mo sa mga Israelita: Ito ang gagawin
n'yo pagkapasok sa lupaing titirhan ninyo
pagkabigay ko nito sa inyo upang maging
kalugud-lugod kay Yawe ang amoy ng handog
na baka o tupa. 3 Kung may handog na pinadaan
sa apoy kay Yawe, o susunuging handog o hain
sa pagtupad ng isang panata o kusang-loob na
alay o dahil sa inyong mga pagdiriwang, 4 ang
nag-aalay kay Yawe ay mag-aalay ng pagkaing

---

• **15.**1 Mga batas at mga kaugalian ng Israel ang muli nating matutunghayan sa mga kabanata 15-19.
– 15:17. Ang paanyayang ialay ang mga unang aning tinapay, o mga unang tinapay na gawa sa harina ng inaning trigo. Ang bayan ng Diyos ang magiging bayang may magandang pinag-aralan at may kagandahang asal na hindi kumakain nang hindi nagpapasalamat o sinisilbihan muna ang sarili kundi

handog na ikapung efang harina na hinaluan ng
sangkapat na hing langis. 5 At daragdagan pa ng
inuming handog na sangkapat na hing alak para
sa bawat batang tupang susunuging handog o
isasakripisyo. 6 Para naman sa barakong tupa,
magdadala ka ng dalawang ikapung efa ng
pinong harinang hinaluan ng sangkatlong hing
langis bilang pagkaing handog, 7 at ng sangkat-
long hing alak bilang inuming handog, para sa
kalugud-lugod na amoy kay Yawe.
8 Kung mag-aalay ka ng isang toro bilang
susunuging handog, o pagtupad sa isang panata
o hain sa mabuting pagsasamahan kay Yawe,
9 magdadagdag ka ng tatlong ikasampung efa
ng pinong harinang hinaluan ng kalahating hing
langis bilang pagkaing handog, 10 at ng kalahat-
ing hing alak bilang inuming handog, para sa
kalugud-lugod na amoy kay Yawe. 11 Ganito rin
ang gagawin sa bawat toro, barakong tupa,
batang tupa o kambing. 12 Kung marami ang
inyong mga handog, gawin n'yo ito sa bawat isa.
13 Gagawin ito ng lahat ng katutubo para
maging kalugud-lugod kay Yawe ang amoy ng
kanilang handog na pinadaan sa apoy. 14 Susu-
nod din sa batas na ito ang dayuhang nasa piling
ninyo o sa piling ng inyong mga inapo sa pag-
aalay ng haing pinadaan sa apoy bilang ka-
lugud-lugod na amoy kay Yawe. 15 Sa pamama-
yan, iisang tuntunin lamang ang iiral sa inyo at
sa dayuhan; panghabampanahong tuntunin ito
sa inyong mga salinlahi: pareho lamang kayo ng
dayuhan sa harap ni Yawe. 16 Iisang tuntunin at
iisang kaugalian lamang para sa inyo at sa
dayuhang nakikipamayan sa inyo."
17 Nagsalita si Yawe kay Moises: 18 "Sabihin
mo sa mga Israelita: Pagkapasok ninyo sa lu-
paing pagdadalhan ko sa inyo, 19 makakakain
kayo ng tinapay. Kaya mag-aabuloy kayo kay
Yawe. 20 Maghahandog kayo ng isang bibingka
na pinakauna sa inyong giikan bilang pinakauna
sa inyong minasang harina. 21 Sa inyong mga
salinlahi, mag-aalay kayo kay Yawe ng handog
mula sa inyong pinakaunang minasang harina.
22 Kung magkamali kayo sa hindi ninyo pag-
tupad sa lahat ng kautusang ito na itinuro ni
Yawe kay Moises – 23 ang lahat ng iniutos niya sa
pamamagitan ni Moises mula sa una niyang
pagsasalita hanggang sa mga sali't salinlahi
ninyo – 24 kung nagawa ito na di sinasadya ng
pamayanan, maghahandog ang buong pama-
yanan ng isang batang toro bilang susunuging
handog na kalugud-lugod ang amoy kay Yawe,
kasama ang kinaugaliang handog na pagkain at
inumin, at isang barakong kambing bilang hain
para sa kasalanan. 25 Kaya hihingi ng tawad ang
pari para sa buong pamayanan ng mga Israelita,
at patatawarin sila sapagkat pagkakamali
lamang ito, at dinala nila kay Yawe ang kanilang
alay na isang handog na pinadaan sa apoy at
ang hain para sa kasalanan dahil sa kanilang
pagkakamali. 26 At patatawarin ang buong
pamayanan ng mga Israelita pati ang dayuhang
nasa piling nila sa di sinasadyang pagkakasala
ng buong bayan.
27 Kung may tao namang nagkasala nang di
sinasadya, mag-aalay siya ng isang taong gu-
lang na babaeng kambing bilang hain para sa
kasalanan. 28 Hihingi ng tawad ang pari sa harap
ni Yawe para sa nagkasala nang di sinasadya, at
patatawarin siya sa pamamagitan nito. 29 Iisa
lamang ang inyong batas sa nagkasala nang di
sinasadya: para sa katutubong Israelita at para
sa dayuhang nasa piling ninyo.
30 Ngunit kung may kusang magkasala, ma-
ging katutubo o dayuhan, nilalait nito si Yawe:
aalisin siya sa kanyang bayan. 31 Dahil hinamak
niya ang salita ni Yawe at nilabag ang kanyang
utos, hindi na siya mabubuhay at siya lamang
ang mananagot sa kanyang kamatayan."

**Ang parusa sa nagtatrabaho sa Araw ng Pahinga**

32 Habang nasa disyerto pa ang mga Israelita,
may lalaking natagpuang nangangahoy sa
Araw ng Pahinga. 33 Iniharap siya ng mga naka-
huli sa kanya kina Moises at Aaron at sa buong
pamayanan. 34 Ikinulong siya dahil wala pang
ipinahahayag na dapat gawin sa kanya. 35 At
sinabi ni Yawe kay Moises: "Mamamatay ang
taong iyan; babatuhin siya ng buong pama-
yanan sa labas ng kampo." 36 Kaya inilabas siya
ng buong pamayanan sa kampo at binato hang-
gang mamatay, gaya ng iniutos ni Yawe kay
Moises.
37 Sinabi ni Yawe kay Moises: 38 "Sabihin mo
sa mga Israelita na gumawa sila ng mga palawit
sa dulo ng kanilang mga damit at lagyan ng
sinulid na asul na mapula-pula sa bawat palawit.
39 Magkakaroon kayo ng mga palawit, at pag
makikita ninyo ito'y maaalala ninyo ang lahat

---

iaalay nila sa Levita o sa dukha ang pinakaunang parte na nangangahulugan ng pag-aalay nito sa Diyos.

– 15:37. Ang sinulid na kulay-murado ay maihahambing sa mga insigniya na isinusuot ngayon ng maraming tao. May halaga lamang ang panlabas na tandang ito kung tunay na nasa kalooban ang isinasagisag nito. Sinang-ayunan ni Jesus ang kautusang ito (Mt 9:20) ngunit tinuligsa niya ang mga nagsusuot ng mga palawit na ito na pakitang-tao lamang (Mt 23:5).

ng utos ni Yawe kaya tutuparin ninyo ang mga
iyon at hindi na kayo magbibili ng inyong sarili
sa pagliligaw sa inyo ng sariling puso at mga
mata. 40 Kaya aalalahanin ninyo at isasabuhay
ang lahat ng aking mga utos upang maitalaga
kayo sa inyong Diyos. 41 Ako si Yaweng inyong
Diyos ang naglabas sa inyo mula sa Ehipto
upang akong si Yawe ang maging Diyos ninyo."

**Mga pagmamagaling ni Kora;
paghihimagsik nina Datan at Abiram**

**16** • 1 Naghimagsik laban kay Moises
si Kora na anak ni Isar na anak
naman ni Kehat mula sa tribu ng Levi, at
sina Datan at Abiram na mga anak ni
Eliab na anak naman ni Pelu mula sa tribu
ng Ruben. 2 Sumama sa kanya ang da-
lawandaa't limampung Israelita na mga
kilalang pinuno sa pamayanan at mga
miyembro ng sanggunian.

3 Nagtipon sila laban kina Moises at
Aaron, at sinabi: "Sobra na! Banal ang
buong pamayanan at sumasakanila si
Yawe. Kaya bakit hangad ninyong maka-
pangyari sa pamayanan ni Yawe?"

4 Nang marinig ito ni Moises, nagpa-
tirapa siya. 5 At sinabi niya kay Kora at sa
mga tagasunod nito: "Ipakikita ni Yawe
bukas ng umaga kung sino ang kanya at
kung sino ang banal at palalapitin niya sa
kanya. Palalapitin niya mismo sa kanya
ang kanyang pipiliin. 6 Ikaw, Kora, ka-
sama ang lahat mong tagasunod – kunin
ninyo ang inyong mga insensaryo. 7 Pu-
nuin ang mga iyon bukas ng nagbaba-
gang uling at lagyan ng insenso sa harap
ni Yawe, at pipiliin ni Yawe kung sino ang
banal. Sumusobra na kayong mga anak
ng Levi!"

8 Sinabi rin ni Moises kay Kora: "Makinig
kayo ngayon sa akin, mga anak ng Levi.
9 Maliit na bagay pa ba para sa inyo na
ibinukod kayo ng Diyos ng Israel mula sa
pamayanan ng Israel para ilapit sa kanya
upang maglingkod sa Banal na Tolda ni
Yawe, at tumayo sa harap ng pamayanan
para maglingkod sa ngalan nila? 10 Inilapit
ka niya sa kanya, ikaw at lahat ng kapatid
mong Levita, at ngayo'y inaambisyon n'yo
ring magpari. 11 Ano ba ang pakialam dito
ni Aaron at nagrereklamo kayo laban sa
kanya? Si Yawe ang pinaghimagsikan mo
at ng iyong mga tagasunod."

12 *Ipinatawag ni Moises sina Datan at*
*Abiram na mga anak ni Eliab, ngunit*
*sinabi ng mga ito: "Hindi kami pupunta.*
13 *Hindi pa ba sapat na ilabas mo kami*
*mula sa isang lupaing dinadaluyan ng*
*gatas at pulot-pukyutan para patayin*
*kami sa disyerto? At ngayo'y gusto mo*
*pang panginoonin ka namin!* 14 *Hindi mo*
*naman kami nadala sa lupaing dina-*
*daluyan ng gatas at pulot-pukyutan, o*
*napamanahan ng mga bukirin at ubasan.*
*Akala mo ba'y bulag ang mga taong ito?*
*Hindi kami pupunta."*

15 *Galit na galit si Moises at sinabi niya*
*kay Yawe: "Huwag mong kalugdan ang*
*kanilang handog. Hindi ako kumuha ni*
*isa mang asno mula sa kanila, ni wala*
*akong sinaktang sinuman sa kanila."*

16 Sinabi ni Moises kay Kora: "Ikaw at
ang lahat mong kasamahan ay haharap
kay Yawe bukas, ikaw at sila, kasama si
Aaron. 17 Dalhin ng bawat isa sa inyo ang
kanyang insensaryo, lagyan iyon ng in-
senso at ialay sa harap ni Yawe – dalawan-
daa't limampung insensaryo – at gayun-
din ang gagawin ni Aaron." 18 Kaya kinuha

---

• **16.**1 *Banal ang buong pamayanan at sumasakanila si Yawe.* Totoo nga, pero may herarkiyang galing sa Diyos. Ito ang itinuturo ng kabanatang ito at pagkatapos ay aalalahanin naman ni Pablo: "Walang maaaring umangkin sa tungkulin ng pagkapari kundi ang tinawag ng Diyos tulad ni Aaron" (Hebreo 5:4).

Dalawang magkaibang salaysay ang pinagsama sa pagsulat ng pahinang ito:

– sa una'y inaangkin ni Kora ang mga pribilehiyo ng mga paring anak ni Aaron; at nilamon siya ng apoy na galing sa langit kasama ng dalawandaan niyang kakampi;

– sa ikalawan nama'y nagrebelde sina Datan at Abiram mula sa tribu ng Ruben laban kay Moises hanggang lamunin ng lupa ang mga ito.

ng bawat isa ang kanyang insensaryo, at
nilagyan iyon ng apoy at insenso, at tu-
mayo sa bungad ng Toldang Tagpuan,
kasama sina Moises at Aaron.

19 Tinipon ni Kora ang buong pamaya-
nan laban sa kanila sa pintuan ng Toldang
Tagpuan, at napakita sa buong pamaya-
nan ang Luwalhati ni Yawe.

20 Sinabi ni Yawe kina Moises at Aaron:
21 "Lumayo kayo sa pamayanang ito at
agad ko silang uubusin." 22 Ngunit nag-
patirapa sila at sinabi: "O Diyos, Diyos ng
mga espiritu ng sangkatauhan, magagalit
ka ba sa buong pamayanan dahil lamang
sa kasalanan ng isang tao?"

*23 Sumagot si Yawe kay Moises: 24 "Ka-*
*usapin mo ang pamayanan at sabihin ito:*
*Lumayo kayo sa mga tolda nina Kora,*
*Datan at Abiram!"*

*25 Tumindig si Moises at pumunta kina*
*Datan at Abiram, at sumunod naman sa*
*kanya ang mga matatanda ng Israel.*
*26 Kinausap niya ang pamayanan at*
*sinabi: "Lumayo kayo sa mga tolda ng*
*mga masamang taong ito, at huwag*
*hipuin ang alinman sa kanilang ari-arian,*
*kung hindi'y mamamatay kayo dahil sa*
*lahat nilang kasalanan."* 27 Nagsilayo nga
sila sa mga tolda nina Kora, *Datan at*
*Abiram; at nagsilabas naman sina Datan*
*at Abiram at tumayong kasama ng kani-*
*kanilang asawa at mga anak at maliliit*
*na bata sa pintuan ng kani-kanilang mga*
*tolda.*

• *28 At sinabi ni Moises: "Sa ganito*
*ninyo malalaman na isinugo nga ako ni*
*Yawe upang gawin ang lahat ng ito, at*
*hindi ito galing sa akin. 29 Kung sila ay*
*mamatay tulad ng sinuman, at singilin*
*tulad ng sinumang tao, hindi ako sinugo*
*ni Yawe kung gayon. 30 Ngunit kung*
*gagawa ng himala si Yawe, at ngumanga*
*ang lupa at nilulon sila, kasama ang lahat*
*nilang ari-arian at mananaog silang bu-*
*hay sa Lugar ng mga Patay, malalaman*
*ninyo na kinasuklaman ng mga taong ito*
*si Yawe."*

*31 Pagkatapos masabi ni Moises ang*
*lahat ng ito, nahati ang lupa, 32 nguma-*
*nga at nilulon ang mga iyon pati ang*
*kanilang mga sambahayan,* at lahat ng
tauhan ni Kora at lahat nilang ari-arian.

*33 Bumaba silang buhay sa Lugar ng*
*mga Patay, pati ang lahat nilang ari-arian;*
*tumikom ang lupa sa kanila at naglaho*
*sila sa pamayanan. 34 Sa kanilang mga*
*sigaw, nagtatakbo ang lahat ng Israelitang*
*nasa kanilang paligid, habang sinasabi*
*"Baka tayo malulon ng lupa!"*

35 At biglang lumabas ang apoy mula
kay Yawe at tinupok ang dalawandaa't
limampung lalaking nag-aalay ng in-
senso.

**17** • 1 Kinausap ni Yawe si Moises, at sinabi:
2 "Sabihin mo kay Eleazar na anak ni
Aarong pari na kunin mula sa sunog ang mga
insensaryo at ikalat ang apoy sa malayo, dahil
sagrado na ngayon 3 ang mga insensaryo sa-
pagkat binawian ng buhay ang mga lalaking ito
dahil sa kanilang kasalanan. Ipapanday mo ang
mga insensaryo para ibalot sa altar dahil naialay
na ang mga ito sa harap ni Yawe at naging
sagrado. Magiging tanda ang mga ito para sa
mga Israelita."

4 Kaya kinuha ng paring si Eleazar ang mga
tansong insensaryong dala ng mga lalaking
nasunog, at pinanday ang mga iyon para ipam-
balot sa altar 5 at magsilbing paalala sa mga
anak ng Israel na walang sinumang paring hindi
inapo ni Aaron ang makalalapit para magsunog
ng insenso sa harap ni Yawe, kung hindi'y ma-
gagaya siya kay Kora at sa mga tagasunod nito,
tulad ng sinabi ni Yawe kay Eleazar sa pama-
magitan ni Moises.

---

• 28. Ikumpara ang Mga Bilang 16:28 sa Juan 5:19 at 5:36.

• **17.**1 *Iba't ibang kababalaghan ang nagpapakita ng awtoridad ni Aaron at ng bisa ng kanyang panalangin sapagkat isa siyang paring pinili ng Diyos. Ang tungkod ni Aaron (17:23) ang larawan ng pagiging mabunga na ibinibigay ng Diyos sa lahat ng aksyong isinasagawa dahil sa utos niya at sa lahat ng buhay na itinatalaga sa kanya* (Jer 17:8; Slm 92:15).

**Nanalangin si Aaron para sa bayan**

6 Kinabukasan, nagreklamo ang buong pa-
mayanan ng mga anak ng Israel laban kina
Moises at Aaron, at sinabi: "Kayo ang nagpapa-
patay sa bayan ni Yawe." 7 Nang magkatipon
ang pamayanan laban kina Moises at Aaron,
humarap sila sa Toldang Tagpuan at binalot ito
ng Ulap, at lumitaw ang Luwalhati ni Yawe. 8 At
nagpunta sa bungad ng Toldang Tagpuan sina
Moises at Aaron.

9 Kinausap ni Yawe si Moises, at sinabi:
10 "Lumayo ka sa pamayanang ito; uubusin ko
sila ngayon din." Nagpatirapa ang dalawa sa
lupa. 11 At sinabi ni Moises kay Aaron: "Kunin
mo ang iyong insensaryo at lagyan ng apoy
galing sa altar, lagyan mo ng insenso at pu-
munta ka agad sa pamayanan upang mag-
bayad-sala kay Yawe para sa kanila. Lumabas
na ang poot mula kay Yawe, at nagsimula na ang
salot."

12 Ginawa nga ni Aaron ang sabi ni Moises, at
tumakbo sa gitna ng pamayanan, ngunit nag-
simula na ang salot sa sambayanan. Inilagay
niya ang insenso at nagbayad-sala para sa
kanila. 13 Tumayo siya sa pagitan ng mga buhay
at mga patay, at tumigil ang salot. 14 Labing-
apat na libo't pitundaan ang namatay sa salot,
bukod sa mga namatay dahil kay Kora. 15 At
nagbalik si Aaron kay Moises sa bungad ng
Toldang Tagpuan; tumigil na ang salot.

**Ang tungkod ni Aaron**

16 Nagsalita si Yawe kay Moises, at sinabi:
17 "Sabihin mo sa mga anak ng Israel na bigyan
ka ng mga tungkod, isa para sa bawat tribu,
labindalawang tungkod na lahat para sa mga
pinuno ng labindalawang tribu. Isulat mo ang
pangalan ng bawat isa sa kanyang tungkod, 18 at
isulat mo naman sa tungkod ni Levi ang panga-
lan ni Aaron sapagkat siya ang una sa mga
angkan ni Levi.

19 At ilagay mo ang mga iyon sa Toldang
Tagpuan sa harap ng Kaban ng Kautusan na
ating tagpuan. 20 Ang may-ari ng tungkod na
sisibol ang siyang hinirang ko; sa ganitong
paraan ko patatahimikin ang mga reklamo ng
mga Israelita laban sa inyo."

21 Kinausap ni Moises ang mga Israelita, at
bawat isa sa kanilang mga pinuno ay nagbigay
sa kanya ng tungkod – labindalawang tungkod
na lahat para sa kanilang mga tribu, at kabilang
dito ang tungkod ni Aaron. 22 Inilagay ni Moises
ang mga tungkod sa harap ni Yawe sa Tolda ng
Kaban ng Kautusan. 23 Kinabukasan, nagpunta
si Moises sa Tolda ng Kaban ng Kautusan – at
hayun! umusbong ang tungkod ni Aaron na
kumakatawan sa tribu ng Levi. Bumukad ang
mga buko, namukadkad ang mga bulaklak, at
nagbunga ng hinog na almond.

24 Inilabas ni Moises ang lahat ng tungkod
mula sa harap ni Yawe at ibinalik sa mga anak
ng Israel; tiningnan nila ang mga ito, at kinuha
ng bawat isa ang kanyang tungkod.

25 At sinabi ni Yawe kay Moises: "Ibalik mo
ang tungkod ni Aaron sa harap ng Kaban ng
Kautusan, at ingatan bilang tanda sa mga re-
beldeng ito upang hindi ko na marinig pa ang
kanilang mga reklamo at hindi sila mamatay."
26 Ginawa nga ni Moises ang iniutos ni Yawe.

**Mga pari para sa bayan**

27 Sinabi ng mga anak ng Israel kay Moises:
"Mamamatay kaming lahat! Masasawi kami!
28 Mamamatay ang sinumang lumapit sa Tira-
han ni Yawe! Mamamatay ba kaming lahat?"

**18** 1 Sinabi ni Yawe kay Aaron: "Ikaw at
ang iyong mga anak kasama ang iyong
sambahayan ang mananagot sa santuwaryo
– ikaw at ang iyong mga anak ang mananagot sa
sariling pagkapari. 2 Palapitin mo rin ang mga
kamag-anakan mo, ang tribu ng Levi na siyang
tribu ng iyong ama. Isama sila at patulungin sa
inyo ng mga anak mo sa paglilingkod sa Tolda
ng Pahayag.

3 Makikisali sila sa iyong paglilingkod at sa
paglilingkod sa buong Tolda pero hindi sila
lalapit sa mga bagay na sagrado o sa altar, at
baka sila at kayo ay mamatay. 4 Maisasama
ninyo sila sa buong paglilingkod sa Toldang
Tagpuan ngunit hindi na lalapit pa ang sinu-
mang tagalabas.

5 Kayo ang mamamahala sa paglilingkod sa
santuwaryo at sa altar kaya di na muling babag-
sak ang Galit sa mga Israelita.

6 Ako ang pumili ng iyong mga kapwa-Levita
mula sa mga Israelita; ibinigay sila kay Yawe,
kaya ibinibigay sila sa inyo para maglingkod sa
Toldang Tagpuan. 7 Tanging sa iyo at sa iyong
mga anak lamang ang pagkapari sa lahat ng
ginagawa sa altar o sa loob ng kurtina. Sa inyo
ko ibinibigay ang pagkapari at mamamatay ang
iba pang lalapit."

**Ang bahaging para sa mga pari**

8 Sinabi ni Yawe kay Aaron: "Ipinagkatiwala
ko sa iyo ang aking bahagi sa mga banal na
handog ng mga Israelita. Sa paghirang sa iyo at
sa iyong mga anak, ibinigay ko sa inyo ang mga
ito: panghabampanahong tuntunin ito. 9 Ito ang

magiging bahagi mo at hindi susunugin sa mga pinakabanal na handog: ang lahat ng inialay bilang pagkaing handog, hain para sa kasalanan at hain para sa utang. At ituturing mo at ng iyong mga anak na pinakabanal ito. 10 Kakanin ninyo ito sa kabanal-banalang lugar; makakakain ang lahat ng lalaki at ituturing mo itong banal.

11 Mapasasaiyo rin ang inilaan sa mga inihandog na paindayog ng mga Israelita. Ibinibigay ko ito sa iyo at sa iyong mga anak na lalaki at babae bilang parte ninyo: panghabampanahong tuntunin ito. Makakakain nito ang lahat ng malinis sa iyong sambahayan. 12 Ibinibigay ko rin sa iyo ang pinakamainam na langis, alak at trigo na iaalay nila kay Yawe bilang unang bunga ng kanilang ani.

13 Mapasasaiyo ang lahat ng tumutubo sa kanilang lupain, ang mga unang bungang dinadala nila kay Yawe; makakakain ang sinumang malinis sa iyong sambahayan. 14 Mapasasaiyo rin ang lahat ng itinakwil sa Israel. 15 Mapasasaiyo ang lahat ng unang supling ng bawat sinapupunan, tao man o hayop; ngunit tutubusin mo ang panganay na lalaki ng tao at ang unang lalaking anak ng di-malinis na hayop. 16 At tutubusin mo ito sa buwan ng kapanganakan nito sa halagang limang shekel na pilak, ayon sa shekel ng santuwaryo na katumbas ng dalawampung kusing. 17 Hindi mo tutubusin ang unang anak ng baka, tupa o kambing: banal nga iyon. Ibubuhos mo sa altar ang dugo niyon at susunugin ang taba bilang haing pinadaan sa apoy na kalugud-lugod ang amoy kay Yawe. 18 Mapasasaiyo naman ang kanilang laman gaya ng dibdib na iniindayog at ng kanang hita.

19 Ibinibigay ko sa iyo at sa iyong mga anak na lalaki at babae ang lahat ng abuloy para kay Yawe sa mga banal na handog ng mga Israelita. Ito ang magpakailanmang tipan na tipan ng asin sa harap ni Yawe para sa iyo at sa iyong supling."

**Ang bahaging para sa mga Levita**

20 Sinabi ni Yawe kay Aaron: "Hindi ka magkakaroon ng mana sa kanilang lupain; wala kang bahagi sa piling nila; ako ang bahagi mo at mana mo sa piling nila.

21 At ibinibigay ko ngayon sa mga Levita ang lahat ng ikapu sa Israel bilang mana nila dahil sa paglilingkod nila sa Toldang Tagpuan. 22 Hindi na lalapit ang mga Israelita sa Toldang Tagpuan kung hindi'y magkakaroon ng nakamamatay na kasalanan. 23 Mga Levita lamang ang maglilingkod sa Toldang Tagpuan at dapat managot: panghabampanahong batas ito sa lahat ng inyong salinlahi. Kaya walang mana ang mga Levita sa piling ng Israel. 24 Sa halip ay ibinibigay ko sa kanila bilang pamana ang mga ikapung iniaalay ng mga Israelita bilang handog kay Yawe. Dahil dito kaya ko sinasabing hindi sila magkakaroon ng mana kasama ng mga anak ng Israel."

25 Nagsalita si Yawe kay Moises: 26 "Sabihin mo sa mga Levita: Pag tanggap ninyo mula sa mga Israelita sa ikapung ibinibigay ko sa inyo sa ngalan nila, ilalaan naman ninyo kay Yawe ang ikapu ng ikapu. 27 Ituturing itong handog gaya ng butil na galing sa giikan o ng bagong alak mula sa pisaan. 28 Kaya maglalaan din kayo ng handog kay Yawe mula sa mga ikapung tinanggap ninyo sa mga Israelita, at ibibigay ito sa paring si Aaron: ito ang inyong parte kay Yawe. 29 Sa lahat ng handog na inyong tatanggapin, ilalaan ninyo kay Yawe ang pinakamainam na bahagi ng anumang handog.

30 Sabihin mo rin sa kanila: Matapos n'yong ilaan ang pinakamainam na bahagi ng mga handog, ituturing na sa mga Levita na ang ibang matitira gaya ng unang bunga ng giikan o pisaan ng ubas. 31 Makakain ninyo ito at ng inyong sambahayan kahit saan – suweldo nga ninyo iyon sa paglilingkod sa Toldang Tagpuan. 32 Sa paglalaan ninyo ng pinakamainam na bahagi lamang, wala na kayong kasalanan. Huwag n'yong lapastanganin ang mga banal na handog ng mga Israelita at baka kayo mamatay."

**Mga abo ng bakang pula**

**19** • 1 Nagsalita si Yawe kina Moises at Aaron at sinabi: 2 "Ito ang isa pang tuntunin ng Batas na iniutos ni Yawe. Magpakuha

---

• **19.**1 Partikular na tinutukoy ng Sulat sa Mga Hebreo ang kabanatang ito sa pagtalakay nito tungkol sa mga pag-aalay sa Matandang Tipan na hindi naman talaga makapagbibigay ng kalinisan ng kalooban sa tao at pagpapauna lamang sa ganap na pag-aalay ni Kristo (tingnan Hebreo 9:13 at 13:11).

Tungkol sa tubig para sa paglilinis ang mga bersikulo 17-21. Maraming bayan ang gumagamit ng tubig para sa kanilang mga seremonyang panrelihiyon. Makikita natin dito kung paano ito ginamit ng mga Judio.

Matapos tayong hugasan sa binyag, gumagamit din ang Iglesya ng benditadong tubig. Hindi kung anong madyik o kapangyarihan ang nakikita rito ng Iglesya kundi mga nakikitang tanda na tumutulong sa ating mailagay tayo sa tamang disposisyon. Ang pagkukrus sa paggamit ng benditadong tubig, kung buong-kalooban at pananampalataya itong ginagawa, ay tulong para maiwan natin sa pinto ng simbahan ang alikabok ng mga kaabalahan ng buhay sa araw-araw.

ka sa mga Israelita ng isang dumalagang ba-
kang pula na walang kapansanan o bahid at di
pa nalalagyan ng pamatok. 3 Ibibigay ninyo ito
kay Eleazar na pari, ilalabas sa kampo at saka
kakatayin sa harap niya.
4 Kukuha ng dugo niyon ang paring si Eleazar
sa kanyang daliri at pitong beses na iwiwisik sa
may harapan ng Toldang Tagpuan. 5 Susunugin
sa harap niya ang dumalagang baka: susunugin
ang balat, laman, dugo at mga dumi nito. 6 Kaya
kukunin ng pari ang kahoy na sedro, isopo at
sinulid na pula, at ihahagis ang mga ito sa siga.
7 Lalabhan ng pari ang kanyang mga damit at
maliligo, at saka uuwi sa kampo; di pa siya
malinis hanggang hapon. 8 Lalabhan din naman
ng nagsunog sa baka ang kanyang mga damit at
maliligo, at di pa siya malinis hanggang hapon.
9 Iipunin ng taong malinis ang mga abo ng
baka at ilalagay sa isang malinis na lugar sa
labas ng kampo. Magagamit ang mga ito sa
paghahanda ng tubig na panlinis para sa pama-
mayan ng Israel. 10 Hain para sa kasalanan ang
lahat ng ito. Lalabhan din ng nanguha ng abo
ang kanyang damit at di pa siya malinis hang-
gang hapon. Panghabampanahong batas ito,
maging sa mga Israelita at sa dayuhang nasa
piling nila.

#### Isang kaso ng pagiging di-malinis

11 Pitong araw na mananatiling di-malinis ang
makahipo ng bangkay. 12 Malilinis siya ng tubig
na iyon sa ikatlo at ikapitong araw, at saka siya
magiging malinis. Ngunit kung hindi siya ma-
lilinis sa ikatlo at ikapitong araw, hindi na siya
lilinis. 13 Kung hindi siya nalinis pagkahipo sa
patay, dinudungisan niya ang Tirahan ni Yawe,
kaya aalisin siya sa Israel. Di pa malinis ang
hindi pa binubuhusan ng tubig na panlinis: nasa
kanya pa ang kanyang karumihan.
14 Ito ang batas: Kung may mamatay sa isang
bahay, pitong araw na magiging di-malinis ang
lahat ng papasok sa bahay at lahat ng nasa loob
nito. 15 Magiging di-malinis din ang lahat ng
sisidlang bukas na hindi nakasara ang takip.
16 Pitong araw na magiging di-malinis ang sinu-
mang nasa bukid at humipo sa bangkay ng taong
pinatay o namatay, sa buto ng tao o sa libingan.
17 Kung may taong maging di-malinis, ku-
kunin ang abo ng siga para sa kasalanan at
lalagyan ng tubig na ibubuhos sa isang sisidlan.
18 At kukuha ng pangwisik ang isang taong
malinis, ilulubog niya iyon sa tubig at wiwisikan
ang bahay at lahat ng sisidlan at lahat ng taong
naroon, o ang nakahipo ng buto, ng pinatay o
namatay o ng libingan.
19 Sa ikatlo at ikapitong araw, wiwisikan ng
taong malinis ang di-malinis; at malilinis ito sa
ikapitong araw; at saka niya lalabhan ang kan-
yang mga damit at maliligo, at muli siyang lilinis
kinahapunan. 20 Pero kung hindi nalinis ang
sinumang di-malinis, aalisin siya sa pamayanan
sapagkat dinudungisan niya ang santuwaryo ni
Yawe. Di siya malinis hangga't di pa naibubuhos
sa kanya ang tubig na panlinis.
21 Panghabampanahong tuntunin ito sa inyo.
Lalabhan naman ng nagwisik ng tubig na pan-
linis ang kanyang mga damit, at magiging di-
malinis hanggang hapon ang sinumang humipo
sa tubig na ito. 22 Magiging di-malinis ang anu-
mang hipuin ng taong di-malinis, at magiging
di-malinis din hanggang hapon ang sinumang
humipo rito."

## *MGA ALAALA SA DISYERTO: IKALAWANG BAHAGI*

#### Hindi kayo naniwala sa akin

20 • 1 *Dumating ang buong pama-
yanan ng mga anak ng Israel sa
Disyerto ng Zin sa unang buwan* at
nanatili sa Kades ang buong samba-
yanan. Doon namatay si Miriam, at doon
din siya inilibing.

2 *Walang tubig para sa pamayanan, at
nagkaisa sila laban kina Moises at Aaron.*
3 *Nakipagtalo sila kay Moises, at sinabi:*

---

• **20.1** Ang salaysay na ito ay bahagi ng mga tekstong sinulat ng mga pari pagkabalik nila mula sa pagkabihag. Tinatalakay nito ang pangyayaring isinasalaysay sa Ex 17:1-7 pero may idinagdag na "kasalanan ni Moises"! Bakit? Sa pagrepaso sa kasaysayan ng kanilang mga ninuno, bumungad sa mga pari ang isang katanungan: paanong nangyari na si Moises, ang propetang "harap-harapang kinausap ni Yawe" (Ex 33:11), ay hindi nakapasok sa Lupang Pangako? Namatay si Moises sa mahiwagang paraan sa Bundok Nebo. Pero nanatili ang isang katiyakan: Makatarungan ang Diyos! Kung hindi nakapasok si Moises sa Lupang Pangako, ito'y sapagkat siya'y nagkasala. Kaya sinulat nilang muli ang salaysay nang may dagdag na sakdal na nagkasala si Moises: nag-alinlangan siya sa Diyos!

Meron tayong kapareho nitong kaso sa dalawang salaysay ng pagkamatay ni Yosias, ang makatarungang hari (2 H 22:2 at 23:29 kahambing ng 2 Kro 35:19-25).

"Buti pang namatay kaming kasama ng
aming mga kapatid sa harap ni Yawe!
4 Bakit mo dinala ang pamayanan ni
Yawe sa disyertong ito upang dito kami
mamatay pati ang aming mga hayop?

5 Ba't mo kami inilabas mula sa Ehipto
para dalhin sa napakasamang lugar na
ito? Hindi ito lugar para sa binhi o para sa
puno ng igos o puno ng ubas o iba pang
prutas, at ni walang tubig na mainom."

6 Tumakas sina Moises at Aaron sa
pagtitipon at pumunta sa Toldang Tag-
puan at nagpatirapa. At lumitaw ang
Luwalhati ni Yawe, 7 at sinabi ni Yawe
kay Moises: 8 "Kunin mo ang tungkod at
tipunin mo at ng iyong kapatid na si
Aaron ang pamayanan. Utusan ninyo sa
harap nila ang bato at magbibigay ito ng
tubig. Pabubukalin mo ang tubig mula sa
bato para sa pamayanan, at paiinumin
mo sila at ang kanilang mga hayop."
9 Kayat kinuha ni Moises ang tungkod
mula sa harap ni Yawe tulad ng iniutos sa
kanya. 10 Tinipon nina Moises at Aaron
ang pamayanan sa harap ng bato, at si-
nabi ni Moises sa kanila: "Makinig ka-
yong mga rebelde, magpapabukal ba
kami ng tubig mula sa batong ito para sa
inyo?" 11 Itinaas ni Moises ang kanyang
kamay at dalawang ulit na hinampas ng
kanyang tungkod ang bato. At bumul-
wak ang maraming tubig, at uminom ang
pamayanan at ang kanilang mga hayop.
12 Ngunit sinabi ni Yawe kina Moises at
Aaron: "Dahil hindi ninyo ako pinani-
walaan at ipinakilala bilang ang Banal sa
harap ng mga Israelita, hindi ninyo ma-
dadala ang pamayanang ito sa lupaing
ibinibigay ko sa kanila."
13 Sa may mga tubig ng Meriba naki-
pag-away ang mga anak ng Israel kay
Yawe at dito niya ipinakita sa kanila ang
kanyang kabanalan.

**Ayaw magpadaan ng Edom**

14 Nagpadala ng mga sugo si Moises mula sa
Kades sa hari ng Edom para sabihin sa kanya:
"Ipinasasabi sa iyo ng kapatid mong si Israel:
15 Nabalitaan mo ang lahat ng hirap na aming
sinapit. Nagpunta sa Ehipto ang aming mga
ama at doon nanatili nang mahabang panahon.
At pagkatapos ay minaltrato kami at ang aming
mga ama ng mga Ehipsiyo, 16 kaya sumigaw
kami kay Yawe at dininig naman niya ang aming
tinig. Nagpadala siya ng anghel na naglabas sa
amin sa Ehipto. Narito kami ngayon sa Kades sa
may hangganan ng iyong kaharian. 17 Padaanin
mo sana kami sa iyong lupain. Hindi kami
dadaan sa bukirin o ubasan, ni iinom ng tubig sa
mga balon, kundi sa daan ng hari kami dadaan
na di lumiliko sa kanan o sa kaliwa hanggang
makalampas kami sa iyong hangganan."
18 Ngunit sinagot siya ng Edom: "Hindi ka
makadadaan sa aking lupain, kung hindi'y
sasalubungin kita ng taga."
19 Sinabi naman ng mga Israelita: "Sa ma-
laking daan kami dadaan at babayaran namin
ang tubig na maiinom namin at ng aming mga
hayop. Makikiraan nga lamang kami."
20 Pero sinabi ng Edom: "Hindi ka makada-
daan." At sinalubong niya ang Israel nang may
maraming taong sandatahan at malakas na
hukbo. 21 Tumanggi nga ang Edom na padaanin
sila sa kanilang lupain, kaya napilitan ang Israel
na lumayo.

**Ang kamatayan ni Aaron**

22 Pagkaalis ng buong pamayanan ng Israel
sa Kades, dumating naman sila sa Bundok Hor.
23 Sa Bundok Hor sa hangganan ng Edom,
nagsalita si Yawe kina Moises at Aaron: 24 "Ma-
lapit nang makapiling ni Aaron ang kanyang
mga ninuno; hindi siya papasok sa lupaing
ibinibigay ko sa Israel dahil sa pagsuway n'yo
sa aking utos sa mga tubig ng Meriba.
25 Tawagin mo si Aaron at ang kanyang anak
na si Eleazar at paahunin sila sa Bundok Hor.
26 Huhubaran mo si Aaron at isusuot ang mga

---

Ang katuparan ng Kasulatan kay Jesus ang tanging makapagbibigay-liwanag nang lubos sa atin tungkol sa misyon ni Moises. Ang misyon niya ay akayin ang bayan ng Diyos hanggang sa pintuan ng Lupang Pangako. Pag naroon na, makatatabi na siya at masasabi kasama ni Juan Bautista, ang huling propeta ng Matandang Tipan: "Dapat siyang humigit at ako nama'y lumiit." Nagsisimula na ang ministeryo ni Josue: ang pagbuksan ng mga pinto ng Lupang Pangako ang bayan ng Diyos at ipaangkin ito sa kanila. Ang magkakambal na bokasyon nina Moises at Josue ay naglalarawan at nagbibigay-liwanag sa misyon ng Matandang Tipan at ni Jesus (sa Hebreo, pareho ang mga pangalang Josue at Jesus).

*damit kay Eleazar na kanyang anak; at doon*
*mamamatay si Aaron at makakapiling ng*
*kanyang mga ninuno."*
*27 Ginawa nga ni Moises ang iniutos ni Yawe.*
*Sa harap ng buong pamayanan, umahon sila sa*
*Bundok Hor. 28 Hinubaran ni Moises si Aaron at*
*isinuot ang mga damit kay Eleazar na anak nito,*
*at doon namatay si Aaron, sa tuktok ng bundok.*
*29 At bumaba sina Moises at Eleazar sa bundok.*
*Pagkakita ng buong pamayanan na patay na si*
*Aaron, tatlumpung araw siyang ipinagluksa ng*
*buong sambahayan ng Israel.*

**21** 1 Nabalitaan ng Kananeong hari ng
Arad na nasa Negeb na parating ang mga
Israelita sa daan ng Atarim. Sinalakay niya ang
Israel at nabihag niya ang ilan. 2 Kaya gumawa
ang Israel ng panata kay Yawe: "Kung ibibigay
mo sa aking kamay ang bayang ito, pupuksain
ko para kay Yawe ang kanilang mga lunsod."
3 Dininig ni Yawe ang panalangin ng Israel at
ibinigay sa kanila ang mga Kananeo. Pinuksa
ang mga ito pati ang kanilang mga bayan ayon
sa batas ng anatema. Kaya tinawag na Horma
ang lugar na iyon.

### Ang ahas na tanso

• 4 *Naglakbay sila mula sa Bundok Hor*
*sa daang patungo sa Dagat ng Mga*
*Tambo para lumibot sa lupain ng Edom.*
Nasiraan ng loob ang sambayanan ha-
bang nasa daan, 5 at nagreklamo laban sa
Diyos at kay Moises: "Bakit mo kami inila-
bas mula sa Ehipto para mamatay sa
disyerto? Walang tinapay ni tubig dito, at
sawang-sawa na kami sa walang lasang
mannang ito!"
6 At nagpadala si Yawe ng mga ahas na
"apuy-apuyan" laban sa kanila. Tinuklaw
ng mga ito ang sambayanan at marami
sa mga Israelita ang namatay. 7 Pinunta-
han ng sambayanan si Moises at sinabi:
"Nagkasala kami sa pagsasalita nang
laban kay Yawe at sa iyo. Ipakiusap mo
kay Yawe na alisin na sa amin ang mga
ahas."
Nanalangin si Moises para sa samba-
yanan, 8 at sinabi sa kanya ni Yawe: "Gu-
mawa ka ng isang ahas na 'apuy-apuyan'
at ilagay sa isang poste, at mabubuhay
ang sinumang natuklaw ng ahas at tumi-
ngin dito."
9 Kaya gumawa si Moises ng isang ahas
na tanso at inilagay iyon sa isang poste.
At tumingin sa ahas na tanso ang sinu-
mang natuklaw ng mga ahas, at siya'y
nabuhay.

### Papuntang Transjordania

10 *Umalis ang mga Israelita at nagkampo sa*
*Obot. 11 Pagkaalis sa Obot ay sa mga Guhong-*
*Abarim naman sila nagkampo, sa disyertong*
*katapat ng Moab sa silangan. 12 Pagkaalis doon,*
*sa agos lambak ng Zared sila nagkampo.*
13 Pagkaalis dito, nagkampo sila sa dis-
yertong nasa kabilang ibayo ng Ilog Arnon na
galing sa hangganan ng mga Amorreo (ang

---

• **21.**4 Tungkol naman sa ahas na apúy-apuyang ito, dalawang magkaibang tanong ang lumalantad. Ang una: Ano ang pangkasaysayang simula ng salaysay na ito? Ang madaling sagot: malapit sa mga mina ng Sinai, ang nagpapagaling na Diyos ay pinarangalan at pinasalamatan sa pag-aalay ng maliliit na ahas na apuy-apuyan. Malamang na binigyang-buhay ng mga kuwento ng mga manlalakbay ang salaysay na ito. Pero ang mahalagang tanong ay ang ikalawa: Anong gustong sabihin nitong pahina ng banal na aklat?

*Nagreklamo ang sambayanan*. Muling nagreklamo ang mga Israelita: ito ang paghihimagsik ng kalooban ng mga ayaw magsakripisyo at magsikap para maging mas mabuti, at sa halip ay sinisisi ang iba.

*Gumawa ka ng isang ahas na "apuy-apuyan"*. Kakaibang utos sa mga Israelita. Ngunit isa itong tandang propetiko: gustong pagalingin ng Diyos ang kasalanan sa pamamagitan na rin ng pinakainstrumento ng kasalanan.

*Mabubuhay ang sinumang tumingin dito*. Isa pang tandang propetiko. Hindi mahihigpit na atas ang kailangang sundin ng mga makasalanan: patingnin lamang sila nang may pananampalataya sa tandang ipinadadala ng Diyos para sa kanilang paggaling. Sasabihin naman ni Jesus: "Kagaya ng pagtataas ni Moises sa ahas sa disyerto, gayundin naman kaila-ngang itaas (sa krus) ang Anak ng Tao upang magka-roon ng buhay magpakailanman ang bawat naniniwala sa kanya" (Jn 3:14-15).

Ang salaysay tungkol sa ahas ay isa sa mga larawan sa Biblia na may natatagong kahulugan na naghihintay sa araw na ipahahayag ni Kristo ang kahulugan ng mga ito. Ganito rin sa istorya tungkol kay Melkisedek (Gen 14) o sa kuwento tungkol kay Jose.

Gayundin naman pag dating sa ating buhay, may ilang pangyayari sa ating kahapon na hindi natin maipaliwanag noon o hindi natin kaagad maunawaan. Bakit ito nangyari sa akin? Darating din balang araw ang liwanag ni Kristo para ipahayag ang kahulugan ng mga ito.

Arnon ang hangganan ng Moab sa pagitan ng
Moab at ng mga Amorreo, 14 ayon sa sinasabi sa
*Aklat ng mga Digmaan ni Yawe:* "Ang Waheb sa
Supa at ang mga batis, ang Arnon 15 at ang
dalisdis ng mga batis hanggang Ar, sa kabuuan
ng hangganan ng Moab").
16 Mula roo'y nagpunta naman sila sa Beer.
Naroon ang balong tinukoy ni Yawe sa pagsa-
sabi kay Moises: "Tipunin mo ang bayan at
bibigyan ko sila ng tubig!" 17 At ito ang inawit ng
Israel tungkol sa balon: "Magsiawit kayo sa
kanya! 18 Ang balong hinukay ng mga prinsipe,
na pinalalim ng mga pinuno ng bayan ng
kanilang setro at mga tungkod."
19 Mula Beer ay naglakad sila pa-Matana;
mula Matana pa-Nahaliel; mula Nahaliel pa-
Bamot. 20 Mula Bamot nama'y naglakad sila
papunta sa lambak na nasa kabukiran ng Moab
patungo sa tuktok ng Pisga na nakaharap sa
disyerto.

**Pagsakop sa may silangan ng Jordan**

• 21 Noon nagpadala ang Israel ng mga sugo
kay Sihon na hari ng mga Amorreo para sabihin
sa kanya: 22 "Makikiraan kami sa iyong lupain.
Hindi kami liliko sa alinmang bukid o ubasan, ni
iinom ng tubig sa mga balon, kundi sa malawak
na daan magdaraan hanggang makalampas
kami sa iyong hangganan."
23 Pero hindi pinadaan ni Sihon sa kanyang
lupain ang Israel. Tinipon ni Sihon ang lahat
niyang tauhan at hinarap ang Israel sa disyerto.
Pagdating niya sa Yahasa, nilabanan niya ang
Israel. 24 Ngunit nagapi siya ng Israel, at sinakop
ang kanyang lupain mula Arnon hanggang sa
Yabok na hangganan ng mga Amonita – malakas
nga ang mga iyon sa kanilang hangganan. 25 Si-
nakop ng Israel ang lahat ng lunsod at bayan ng
mga Amorreo, ang Hesbon at lahat ng karatig-
nayon nito.
26 Ang Hesbon ang kapitolyo ni Sihong hari
ng mga Amorreo. Sinalakay na niya ang dating
hari ng Moab at inagaw ang lahat ng lupain nito
hanggang Arnon. 27 Kaya sinasabi ng mga ma-
kata:
"Tayo na sa Hesbon,
itayo at patibayin ang lunsod ni Sihon.
28 Sapagkat may lumabas na apoy sa
Hesbon,
isang lagablab sa lunsod ni Sihon:
tinupok ang Ar Moab
at nilamon ang kabundukan ng Arnon.
29 Kawawa ka, Moab!
Napahamak ka, bayan ni Kamos!
Nagtakasan ang kanyang kalalakihan
at nabihag ang kanyang kababaihan.
30 Nangwasak si Sihong hari ng mga Amor-
reo,
mula Hesbon hanggang Dibon;
gumuho hanggang Nofa;
umabot ang sunog hanggang Medaba."
31 Kaya nanirahan ang Israel sa lupain ng
Amorreo. 32 Pinatingnan ni Moises ang Yazer, at
nilupig iyon ng Israel at ang lahat ng nayong
sakop nito; at pinalayas ang mga Amorreong
naroon.
33 Bumalik sila at umahon sa Basan. Hinarap
naman sila ni Og na hari ng Basan, kasama ang
lahat niyang tauhan para makipaglaban sa
Edrai.
34 Ngunit sinabi ni Yawe kay Moises: "Huwag
kang matakot sa kanya; ibinigay ko nga siya sa
iyo pati ang buong bayan niya at lupain. Ga-
gawin mo sa kanya ang ginawa mo kay Sihong
hari ng mga Amorreo na taga-Hesbon." 35 At
pinatay nga nila siya pati ang kanyang mga
anak at lahat niyang tauhan hanggang walang
itinirang buhay, at inangkin nila ang kanyang
lupain.

**22**
1 At nagpatuloy sa paglalakbay ang
mga Israelita at nagkampo sa kapa-
tagan ng Moab sa kabilang ibayo ng Ilog Jordan
sa tapat ng Jerico.

**Istorya ni Balaam**

• 2 Samantala, nakita ni Balak na anak
ni Sipor ang lahat ng ginawa ng Israel sa
mga Amorreo. 3 At labis na natakot ang
Moab sa sambayanan sapagkat napa-
karami nila. Nangilabot nga ang Moab
dahil sa mga anak ng Israel, 4 kaya sinabi

---

• 21. Pagkatapos ng mga taon ng pananatili nila sa Kades, muling sinimulan ng mga Israelita ang kanilang paglakad kasama ni Moises papunta sa lupain ng Kanaan.

Pinaligiran nila ang lupain sa timog at sa silangan, at pansamantala silang tumigil sa mga lugar na nasa silangan ng Ilog Jordan. Dalawang malaking tagumpay ang naganap dito at muling napatunayan ng mga Israelita na iniligtas nga ng Diyos ang kanyang bayan. Sa Salmo 136, pagkatapos magpuri sa Diyos "na nagtawid sa kanila sa Dagat ng Mga Tambo dahil walang hanggan ang kanyang pag-ibig", inaalaala naman nila na "hinampas niya ng kamatayan ang malalakas na hari, si Sihong hari ng mga Amorreo at si Og na hari ng Basan".

• **22.**2 Narito ang simula ng makahulugang istorya ni Balaam, na pinalawak at ginawang isang

ng mga Moabita sa mga matatanda ng
Madian: "Tingnan ninyo, kakanin ng pulu-
tong na ito ang buong paligid natin tulad
ng baka sa gitna ng bukid."
5 Kaya nagsugo ng mga tauhan si Balak
na anak ni Sipor at hari ng Moab nang
panahong iyon para ipatawag sa Petor na
kabilang ibayo ng ilog sa lupain ng mga
Amonita si Balaam na anak ni Beor. Si-
nabi ni Balak: "Isang bayan ang lumabas
mula sa Ehipto; naglipana sila sa balat ng
lupa at tumira sa tapat ko. 6 Halika na at
isumpa ang bayang ito para sa akin sa-
pagkat mas malakas sila kaysa akin. Sa
gayo'y magagapi ko siguro sila at mapa-
lalayas mula sa lupain, sapagkat alam
kong totoo ngang pinagpapala ang mga
pinagpapala mo at isinusumpa ang mga
isinusumpa mo."
7 Umalis ang matatanda ng Moab at
Madian, dala ang regalo para sa mang-
huhula. Pinuntahan nila si Balaam at
sinabi ang pahatid ni Balak. 8 Sinabi na-
man ni Balaam sa kanila: "Dumito kayo
ngayong gabi at ibibigay ko sa inyo ang
anumang sasabihin sa akin ni Yawe."
Kaya nanatili kay Balaam ang mga pi-
nuno ng Moab.
9 Dumating kay Balaam ang Diyos at
tinanong siya: "Sino ang mga lalaking ito
na kasama mo?" 10 Sumagot si Balaam sa
Diyos: "Pinapunta sila sa akin ni Balak na
anak ni Sipor at hari ng Moab para sabi-
hing – 11 Isang bayan ang lumabas mula
sa Ehipto, at naglipana sila sa balat ng
lupa. Halika rito at isumpa sila para sa
akin. Sa gayo'y malalabanan ko na siguro
sila at mapalalayas." 12 Ngunit sinabi ng
Diyos kay Balaam: "Huwag kang sasama
sa kanila; hindi mo dapat isumpa ang
bayang iyon sapagkat pinagpala sila."
13 Kinaumagahan, bumangon si Ba-
laam at sinabi sa mga pinuno ni Balak:
"Bumalik kayo sa inyong bayan sapagkat
ayaw akong pasamahin ni Yawe sa inyo."
14 Kaya nagbalik kay Balak ang mga pi-
nuno ng Moab, at sinabi: "Ayaw sumama
sa amin ni Balaam."
15 Nagsugo ng iba pang pinuno si Ba-
lak, mas marami at mas kinikilala kaysa
mga nauna. 16 Nagpunta sila kay Balaam,
at sinabi: "Ito ang pasabi ni Balak na anak
ni Sipor – Huwag ka sanang tumangging
pumunta sa akin; 17 gagantimpalaan ki-
tang mabuti, gagawin ko ang anumang
sabihin mo. Halika na at isumpa mo ang
bayang ito para sa akin."
18 Sumagot si Balaam sa mga lingkod
ni Balak: "Ibigay man sa akin ni Balak ang
kanyang palasyong puno ng pilak at
ginto, wala akong magagawang anuman
– malaki man o maliit – para lampasan
ang utos ni Yaweng aking Diyos. 19 Dumito
rin kayo ngayong gabi, tulad ng mga na-
una sa inyo, at aalamanin ko kung ano pa
ang sasabihin sa akin ni Yawe."
20 Dumating ang Diyos kay Balaam
nang gabing iyon, at sinabi: "Dahil du-
mating ang mga lalaking ito para tawagin

alamat. Tungkol kay Balaam, tingnan ang komentaryo sa Gen 32:22.

Sa pagtahak nila sa daan ng kalayaan, naharap ang bayan ng Diyos sa iba't ibang kalaban pati na sa sarili nilang kaduwagan sa harap ng mga sakripisyong hinihingi sa kanila. Ngunit mas malaki pang panganib ang nagbabanta ngayon sa kanila nang hindi nila namamalayan: dumarating si Balaam galing Babilonia na lupain ng mga mangkukulam para maghatid ng mga sumpa sa kanila, na hindi natin masasabing mula sa Diyos kundi mula sa demonyo. Alam ng lahat, kahit na pinakamodernong pananalita pa ang gamitin para sabihin ang sumpang ito, na sarili nating mga demonyo ang makapaghahatid sa atin sa kapahamakan: pagpapatindi ng labanan, pagtangging magsapanganib at iba pang mga kasalanang laban sa buhay.

Sa pagpapatuloy ng Biblia, ipinaaalaala ng Diyos sa Israel kung paano niya sila ipinagsanggalang sa pangyayari tungkol kay Balaam. Hindi lamang sila ipinagsasanggalang ng Diyos laban sa mga kaaway na nakikita na may laman at dugo, kundi maging sa mga di-nakikita na di makikinikita ni mahahadlangan ng ordinaryong tao o ng mga namumuno kaya (tingnan Josue 24:9 at Mikeas 6:5).

*Nagkasala ako. Hindi ko sukat akalain na nakatayo ka sa daan* (22:34). Napakabuting mangkukulam naman ni Balaam! Buhos na buhos siya sa baluktot niyang mga plano hanggang madiskubre niyang ang Diyos mismo ang nakaharang sa daan!

ka, sumama ka sa kanila ngunit ang
sasabihin ko lamang sa iyo ang iyong
gagawin." 21 Kinaumagahan, bumangon
si Balaam, inihanda ang kanyang baba-
eng asno at sumama sa mga pinunong
Moabita.

**Ang asno ni Balaam**

22 Ngunit nag-apoy ang galit ng Diyos
sa kanyang pag-alis, at pumusisyon sa
daan ang Anghel ni Yawe para kalabanin
siya. Nakasakay si Balaam sa kanyang
asno, at kasama ang dalawa niyang utu-
sang lalaki. 23 Nang makita ng babaeng
asno ang Anghel na may hawak na tabak
sa kanyang kamay, lumihis siya sa daan
at nagpunta sa bukid. Hinagupit ni Ba-
laam ang babaeng asno para pabalikin sa
daan. 24 Ngunit tumindig ang Anghel ni
Yawe sa makipot na lagusan sa pagitan ng
mga ubasang napapaderan sa magka-
bilang tabi. 25 Nang makita ng asno ang
Anghel ni Yawe, nagsumiksik ito sa pader
at naipit ang paa ni Balaam, kaya hina-
gupit siyang muli ni Balaam.

26 Nagpauna ang Anghel ni Yawe at
tumayo sa isang makipot na dako, kayat
walang puwang para lumiko sa kanan o
sa kaliwa. 27 Nang makita ng asno ang
Anghel ni Yawe, nahiga siya sa ilalim ni
Balaam; nagalit si Balaam at pinalo siya
ng kanyang tungkod.

28 Ngunit binuksan ngayon ni Yawe ang
bibig ng asno, at sinabi niya kay Balaam:
"Ano ba ang ginawa ko sa iyo at tatlong
beses mo akong hinampas?" 29 Sumagot
si Balaam: "Talaga palang niloloko mo
ako. Kung may hawak lamang akong
tabak, pinatay na sana kita ngayon." 30 At
sinabi ng asno kay Balaam, "Hindi ba ako
ang iyong asno na lagi mong sinasakyan
hanggang sa araw na ito? Ginawa ko na
ba ito sa iyo?" Sinabi niya: "Hindi!"

31 At iminulat ni Yawe ang mga mata ni
Balaam, at nakita niya ang Anghel ni
Yawe na nakatayo sa daan at hawak ang
kanyang tabak. Yumuko siya at nagpa-
tirapa. 32 Sinabi ng Anghel ni Yawe sa
kanya: "Ba't mo hinampas nang tatlong
beses ang iyong asno? Lumabas ako para
labanan ka sapagkat ayaw ko ang pag-
lalakbay mong ito. 33 Nakita ako ng asno
at tatlong beses siyang umiwas sa akin.
Kung hindi'y pinatay na sana kita agad,
ngunit hindi siya."

34 At sinabi ni Balaam sa Anghel ni
Yawe: "Nagkasala ako. Hindi ko sukat
akalain na nakatayo ka sa daan laban sa
akin. Ngunit kung hindi kasiya-siya sa iyo
ang paglalakbay kong ito, babalik na
ako."

35 Sinabi ng Anghel ni Yawe kay Ba-
laam: "Sumama ka sa mga lalaking ito,
ngunit ang sasabihin ko lamang sa iyo
ang sasabihin mo." Kaya sumama si
Balaam sa mga pinuno ni Balak.

**Si Balaam at si Balak**

36 Nang marinig ni Balak na dumating na si
Balaam, sinalubong niya ito sa dulong lunsod ng
Moab sa may hangganan ng Arnon na nasa
pinakadulong hangganan. 37 At sinabi ni Balak
kay Balaam: "Di ba't ipinasundo kita? Ba't di ka
pumunta sa akin? Di ba kita kayang gantim-
palaan nang malaki?"

38 Sinabi naman ni Balaam kay Balak: "Pi-
nuntahan na kita ngayon, pero ano ang masa-
sabi ko? Tanging ang salita lamang na ilalagay
ng Diyos sa aking bibig ang aking sasabihin."

39 At sumama si Balaam kay Balak papunta
sa Kiriat-Husot. 40 Naghandog si Balak ng mga
baka at tupa, at binahaginan si Balaam at ang
mga pinunong kasama niya. 41 Kinaumagahan,
isinama ni Balak si Balaam sa mga altar ni Baal
sa burol, at mula roo'y nakita niya ang dulo ng
kampo ng sambayanan ng Israel.

**23** 1 Sinabi ni Balaam: "Ipagtayo mo ako
rito ng pitong altar at ipaghanda ako ng
pitong batang toro at pitong barakong tupa."
2 Ginawa nga ni Balak ang sinabi ni Balaam, at
nag-alay sina Balak at Balaam ng tig-isang
batang toro at barakong kambing sa bawat altar.
3 Sinabi ni Balaam kay Balak: "Tumigil ka rito sa
tabi ng iyong handog, at maglalakad-lakad
muna ako. Baka sakaling makipagkita sa akin si
Yawe, at sasabihin ko sa iyo anuman ang
ipahayag niya sa akin." At nagpunta siya sa
isang tiwangwang na burol.

4 Nakipagtagpo ang Diyos kay Balaam na
nagsabi: "Naghanda ako ng pitong altar at nag-
alay ako ng tig-isang batang toro at barakong
tupa sa bawat altar." 5 Nilagyan ni Yawe ng salita
ang bibig ni Balaam, at sinabi: "Bumalik ka kay
Balak at sabihin mo ang mensaheng ito." 6 Bu-
malik nga si Balaam at natagpuang nakatayo si
Balak sa tabi ng kanyang handog, kasama ang
lahat ng pinuno ng Moab. 7 At binigkas ni Ba-
laam ang kanyang tula:

"Mula sa Aram, dinala ako ni Balak, mula sa
silangang bulubundukin, ng hari ng Moab; sinabi
niya sa akin: 'Halika at isumpa si Jacob para sa
akin! Halika at sumpain ang Israel!' 8 Paano ko
isusumpa ang hindi isinumpa ng Diyos? Paano
ko susumpain ang hindi sinumpa ng Diyos?

9 Nakikita ko siya mula sa tuktok ng mga
batuhan, namamalas ko siya mula sa kaitaasan.
Masdan, isang bayang hiwalay sa iba, kaiba sa
mga bansa.

10 Sino ang makabibilang sa alabok ni Jacob
o sa ikapat na bahagi ng Israel? Mamatay sana
akong tulad ng mga matuwid at matulad sa
kanila ang aking wakas."

11 At sinabi ni Balak kay Balaam: "Ano ang
ginawa mo sa akin? Kinuha kita para sumpain
ang aking mga kaaway ngunit wala kang ginawa
kundi basbasan sila." 12 At sumagot siya: "Hindi
ba't ang inilalagay ni Yawe sa aking bibig ang
dapat kong sabihin?"

13 Sinabi sa kanya ni Balak: "Sumama ka sa
akin sa ibang lugar kung saan mo sila mata-
tanaw. Hindi mo makikita silang lahat, kundi
ang dulo lamang ng kanilang kampo. At mula
roo'y susumpain mo sila para sa akin." 14 Kaya
dinala niya siya sa bukid ng Zofim sa tuktok ng
Bundok Pisga, at nagtayo siya ng pitong altar at
nag-alay ng tig-isang batang toro at barakong
tupa sa bawat altar. 15 Sinabi ni Balaam kay
Balak: "Dumito ka muna sa tabi ng iyong mga
sinunog na handog, at pupunta ako roon para
makatagpo niya."

16 Nakipagtagpo si Yawe kay Balaam at
nilagyan ng salita ang bibig nito, at sinabi:
"Bumalik ka kay Balak at sabihin ang men-
saheng ito." 17 Bumalik si Balaam at natagpuan
si Balak na nakatindig sa tabi ng kanyang sinu-
nog na handog, kasama ang mga pinuno ng
Moab. Tinanong siya ni Balak: "Ano ang sinabi
ni Yawe?" 18 At binigkas ni Balaam ang kanyang
tula:

"Tumindig ka, Balak, at makinig; makinig ka
sa akin, anak ni Sipor. 19 Hindi tao ang Diyos
para magsinungaling, o anak ng tao para mag-
sisi. May sinabi ba siyang hindi niya ginawa?
May ipinangako ba siyang hindi niya pina-
pangyari?

20 Tingnan mo, may tinanggap akong utos na
magbasbas; siya ang nagbasbas at hindi ko ito
mababago. 21 Wala siyang nakitang maling
gawa kay Jacob o namalas na kasamaan sa
Israel. Sumasakanila si Yaweng Diyos nila, nasa
kanila ang sigaw ng Hari.

22 Inilabas sila ng Diyos mula sa Ehipto; tulad
siya ng mga sungay ng mabangis na toro para sa
kanila. 23 Walang manghuhula o salamangkero
sa Israel. Ngunit sa marapat na panahon, ipa-
hahayag niya sa kanila ang balak ng Diyos.

24 Masdan ang isang bayang tumitindig na
parang inahing leon, na sumusunggab na pa-
rang leon. Hindi iyon mahihiga bago malamon
ang huli nito at mainom ang dugo ng mga
biktima nito."

25 Sinabi ni Balak kay Balaam: "Kung hindi
mo man sila maisusumpa, huwag mo rin naman
silang pagpalain." 26 Ngunit sumagot si Balaam:
"Di ba't sinabi ko na sa iyo na anumang sabihin
sa akin ni Yawe ang siya kong gagawin?" 27 At
sinabi ni Balak kay Balaam: "Halika, dadalhin
kita sa iba pang lugar. Doon siguro gusto ng
Diyos na sumpain mo sila para sa akin."

28 At dinala ni Balak si Balaam sa tuktok ng
Peor na nakaharap sa disyerto, 29 at sinabi ni
Balaam kay Balak: "Ipagtayo mo ako rito ng
pitong altar, at ipaghanda ako ng pitong batang
toro at pitong barakong tupa." 30 Ginawa ni
Balak ang sinabi ni Balaam, at naghandog ng
tig-isang toro at barakong tupa sa bawat altar.

**Ang pagbabasbas ni Balaam**

**24** 1 Ngunit nakita ni Balaam na kasiya-
siya kay Yawe na basbasan ang Israel.
Hindi siya naghanap ng mga palatandaan, tulad
ng dati, ngunit humarap siya sa disyerto. 2 Tu-
mingala siya at nakita ang Israel na nagka-
kampo, tribu-tribu, at sumakanya ang espiritu
ng Diyos 3 at binigkas niya ang kanyang tula:

"Tula ni Balaam na anak ni Beor,
ang tula ng lalaking nakikita ang hiwaga,
4 ang tula ng nakaririnig sa mga salita ng
Diyos,
at nakikita ang pangitain mula sa Makapang-
yarihan,
nabubuwal ngunit bukas pa rin ang mga mata.
5 Kay ganda ng iyong mga tolda, O Jacob,
ng iyong mga tirahan, O Israel!
6 Malawak tulad ng mga lambak,
tulad ng mga hardin sa tabi ng ilog,
tulad ng mga sabilang tanim ni Yawe,
tulad ng mga sedro sa tabi ng mga tubig.

[7] Aagos ang tubig mula sa kanyang mga timba,
mga binhi niya'y magkakaroon ng masaganang tubig.
Higit na malakas kay Agag ang kanyang hari,
at umuunlad ang kanyang kaharian.
[8] Inilabas siya ng kanyang Diyos mula sa Ehipto
at ipinakikipaglaban tulad sa mga sungay ng mabangis na toro.
Nilalamon niya ang mga bangkay ng kanyang mga kaaway
at dinudurog ang kanilang mga buto.
[9] Nahihiga siya't nag-aabang gaya ng leon,
gaya ng babaeng leon.
Sino ang magtatangkang magpatindig sa kanya?
Pagpalain ang nagpapala sa iyo!
Sumpain ang susumpa sa iyo!"
[10] Nag-apoy ang galit ni Balak kay Balaam;
napasuntok siya sa sariling palad, at sinabi:
"Ipinatawag kita para isumpa ang aking mga
kaaway ngunit tatlong beses mo pa silang
binasbasan! [11] Kaya umuwi ka na ngayon din.
Sinabi kong lubos kitang gagantimpalaan, ngu-
nit inalisan ka ni Yawe ng iyong gantimpala."
[12] Sinabi ni Balaam kay Balak: "Hindi ba't
sinabi ko sa iyong mga sugo – [13] Ibigay man sa
akin ni Balak ang kanyang palasyong puno ng
pilak at ginto, wala akong anumang magaga-
wang mabuti o masama sa ganang sarili ko,
hindi ko malalampasan ang utos ni Yawe. Ang
sinasabi lamang ni Yawe ang siya kong sa-
sabihin. [14] Ngayon, bago ako umuwi sa aking
bayan, halika at sasabihin ko sa iyo kung ano
ang gagawin ng bayang ito sa bayan mo balang
araw."

[15] At binigkas ni Balaam ang kanyang tula:

• "Tula ni Balaam na anak ni Beor,
ang tula ng lalaking nakikita ang hiwaga,
[16] ang tula ng nakaririnig sa mga salita ng Diyos,
na may kaalaman mula sa Kataastaasan,
at nakikita ang pangitain mula sa Makapangyarihan,
nabubuwal ngunit bukas pa rin ang mga mata.
[17] May nakikita ako pero hindi ngayon,
nakikita ko siya pero hindi malapit.
Isang bituin ang sisikat galing kay Jacob,
may tumitindig na hawak ang setro sa kamay;
dinudurog niya ang noo ni Moab
at iginugupo ang lahat ng anak ni Set.
[18] Sinasakop niya ang lupain ng Edom,
at kinakanya ang mga lunsod ng kanyang mga kaaway.
Lumalakas ang Israel,
[19] naghahari si Jacob."

[20] *At tinanaw ni Balaam ang bansa ni Ama-*
*lek; at binigkas ang kanyang tula:*
*"Ang Amalek, ang una sa mga bansa, ay mawawasak sa wakas."*
[21] *At tumingin naman siya sa lupain ng mga*
*Kenita at binigkas ang kanyang tula: "Matibay*
*ang iyong tirahan, nasa bato ang iyong pugad,*
[22] *ngunit mauubos ka, at sa wakas ay bibihagin*
*ka ng Asur."*
[23] *Ipinagpatuloy ni Balaam ang kanyang tula*
*at sinabi: "Kawawa! Sino ang mabubuhay*
*kapag ginawa na ito ng Diyos?* [24] *Darating ang*
*mga barko mula sa Kittim upang sakupin ng*
*Asur, at pati si Eber; sila man ay mawawasak."*
[25] *At tumindig si Balaam at umalis pauwi, at*
*nagpatuloy rin naman si Balak sa kanyang*
*daan.*

**Nagwala ang Israel sa Baal Peor**

**25** • [1] Tumigil ang Israel sa Setim,
at nilapastangan ng mga kala-
lakihan ang kanilang sarili sa pakiki-
pagtalik sa mga babaeng Moabita. [2] Inan-
yayahan ng mga babaeng ito ang bayan
na mag-alay ng mga handog sa kanilang
mga diyos. Doon nagsikain ang sambay-

---

• **24.**15 Waring gustong ipahayag ng Diyos sa buong mundo ang kahanga-hangang patutunguhan ng kanyang bayan, kahit na sa pamamagitan ng bibig ni Balaam. Binibigyang-pansin natin ang pinakatanyag sa mga tula o propesiya ni Balaam (24:15-19) na nagpapahayag sa *bituin ni Jacob*. Si Haring David na hinirang ng Diyos at siyang nagsimula sa Paghahari ng Diyos sa Israel ang tinutukoy ng bituing ito. Ngunit makikilala natin sa kanyang katauhan ang isa pa at tunay na hinirang ng Diyos na walang iba kundi si Kristo.

• **25.**1 Hindi bagay na walang kinalaman sa buhay ng sambayanan ang kaluwagan sa sex. Hindi

anan at yumuko sa harap ng kanilang
mga diyos.
3 Nagpakaprostituta ang mga Israelita
at sumamba na rin sa diyos ng Peor, kaya
nag-apoy ang poot ni Yawe sa kanila.
4 Sinabi niya kay Moises: "Tipunin mo ang
lahat ng pinuno ng sambayanang ito, at
bitayin sila sa katanghaliang-tapat sa
harap ni Yawe, upang lumayo ang init ng
kanyang poot sa Israel." 5 Kaya sinabi ni
Moises sa mga hukom ng Israel: "Patayin
ng bawat isa sa inyo ang sinuman sa
inyong mga tauhan na sumama sa pag-
samba kay Baal ng Peor."

6 *Samantala, isang lalaking Israelita
ang nag-uwi ng isang babaeng Madianita
sa kanyang pamilya, kitang-kita mismo
ni Moises at ng buong pamayanan ng
Israelita habang umiiyak sila sa pintuan
ng Toldang Tagpuan.* 7 *Nang makita ito ni
Finjas na anak ni Eleazar na anak naman
ng paring si Aaron, iniwan niya ang
pagtitipon, hinawakan ang isang sibat*
8 *at sinundan ang Israelita hanggang sa
tolda. At tinuhog niya silang pareho, ang
lalaking Israelita at ang babae. Kaya
napigil ang salot laban sa mga Israelita,*
9 *ngunit umabot na sa dalawampu't apat
na libo ang mga namatay sa salot.*

10 *Kinausap ni Yawe si Moises:* 11 *"Ini-
layo ni Finjas na anak ni Eleazar na anak
naman ng paring si Aaron ang init ng
aking poot sa mga Israelita; ipinagtanggol
niya ang aking karapatan sa inyong pi-
ling. Kaya hindi ko uubusin ang mga
anak ng Israel para ipagtanggol ang aking
karapatan.*

12 *Kaya sabihin mo sa kanya na naki-
kipagtipan ako upang pagpalain siya.*
13 *Iginagawad ko sa kanya at sa kanyang
mga inapo ang pagkapari sa habam-
panahon, sapagkat ipinagtanggol niya
ang karapatan ng kanyang Diyos at
nagbayad-sala siya para sa mga anak ng
Israel."*

• 14 *Zimri ang pangalan ng pinatay na Israeli-
tang kasama ng babaeng Madianita, anak siya
ni Salu na isang pinuno sa angkan ni Simeon.*
15 *Cozbi naman ang pangalan ng babaeng
Madianitang pinatay, anak naman siya ni Zur
na isang pinuno sa tribu ng isang angkang
Madianita.*

16 *Sinabi ni Yawe kay Moises:* 17 *"Lusubin mo
ang mga Madianita at durugin sila,* 18 *sapagkat
mga kaaway ninyo sila, dahil nilinlang nila
kayo tungkol kay Peor at kay Cozbing kapatid
nila na anak ng isang pinunong Madianita, na
pinatay sa araw ng salot dahil kay Peor."*

*Pagkatapos ng salot, nangyari na...*

---

lamang ito tungkol sa personal na moralidad kundi mabigat na hadlang pa rin ito sa pag-unlad ng lipunan sapagkat kaugnay ito sa antas ng responsabilidad at kakayahang magsakripisyo. Laging magkaakibat sa Biblia ang pakikipaglaban sa imoralidad at ang katapatan sa Diyos.

Nang angkinin ng mga Israelita ang lupain ng Kanaan, naging isang patuloy na tukso sa kanila ang mga paganong pagsamba ng lupaing iyon. Isa sa pinakakaraniwang kaugalian sa mga pagsambang iyon ang pagkakaroon ng relasyon sa mga babaeng bayarang nakatalaga sa diyos na Baal. Ang paganong kaugalian ng sagradong prostitusyon, na mahigpit na ipinagbabawal ng Biblia, ay laganap pa rin sa problema ni Pablo, partikular sa Corinto (1 Co 16:16). Ikinukuwento nito sa atin bilang isang aral na sa panahon pa man ni Moises ay gumawa na ng ganitong kasalanan ang bayan, at sinasabi rin nito sa atin kung ano ang naging parusa. Ang pakikipagtalik sa babaeng bayaran ay pakikipagtalik sa diyos na Baal, at hindi mapalalampas ng kaisa-isang Diyos ang ganitong kataksilan. Dobleng prostitus-yon: ang sa katawan at ang sa kawalang-katapatan ng taong nagtataksil sa kanyang Tagapagligtas.

*Ipinagtanggol niya ang karapatan ng kanyang Diyos*. Hindi siya natakot matawag na napakakonserbatibo at may mga sinaunang paniwala at may makitid na isipan. Hindi siya maaaring magsawalang-kibo at ngumiti na lamang at kumuha ng mga litrato.

• 14. Dito nagtatapos ang matatandang tradisyon tungkol sa panahon ni Moises. Subalit sa Deuteronomio 34 matutunghayan ang paggunita sa pagkamatay ni Moises.

• **26.**1 Hindi batay sa tunay na nangyari sa kasaysayan ang mga bilang sa sensong ito sa paglabas nila mula sa disyerto, gaya ng mga nasa unang kabanata. Ngunit hindi rin naman ito pawang kathang-isip lamang. May matalinhagang gustong ipakahulugan ang mga bilang na ito, kung titingnan ang mga ito nang isa-isa at maging sa kabuuan nito. At nagbibigay-daan ang mga ito para sa mga aral panrelihiyon.

# MGA BATAS AT MGA PIYESTA

**Ang ikalawang senso**

**26** • 1 Sinabi ni Yawe kay Moises at kay
Eleazar na anak ng paring si Aaron:
2 "Ilista ninyo ang lahat sa pamayanan ng Israel
na puwedeng makipagdigma at may dalawam-
pung taong gulang pataas ayon sa mga angkan
ng kani-kanilang mga ama." 3 Kaya ipinahayag
ni Moises at ng paring si Eleazar sa kapatagan ng
Moab na malapit sa Jordan, sa tapat ng Jerico:
4 "Ang mga may dalawampung taong gulang
pataas..." gaya ng iniutos ni Yawe kay Moises.

Ang mga sumusunod ang mga Israelitang
lumabas sa Ehipto:

5 Ang Ruben na panganay ng Israel; ang mga
anak ng Ruben: kay Enoc, ang angkang Eno-
kita; kay Palu, ang mga Paluita; 6 kay Hesron,
ang mga Hesronita; kay Karmi, ang mga Kar-
mita. 7 Ito ang mga angkan ng Ruben: 43,730
ang nailista sa kanila.

8 Mga anak ni Palu: Eliab. 9 Mga anak ni Eliab:
Nemuel, Datan at Abiram. Matapos tawagin ng
pamamayan sina Datan at Abiram, naghimag-
sik sila kina Moises at Aaron, noon naghimagsik
kay Yawe ang pangkat ni Kora. 10 Ngumanga
ang lupa at nilamon sila (namatay si Kora at ang
kanyang grupo) at naging babala nang tupukin
ng apoy ang dalawandaa't limampung lalaki.
11 Pero hindi naman namatay ang mga anak ni
Kora.

12 Ang tribu ng Simeon ayon sa mga angkan:
kay Nemuel, ang angkang Nemuelita; kay
Yamin, ang mga Yaminita; kay Yakin, ang mga
Yakinita; 13 kay Zare, ang mga Zareita; kay Saul,
ang mga Saulita. 14 Ito ang mga angkan ng
Simeon: 22,200 ang nailista.

15 Ang tribu ng Gad ayon sa mga angkan: kay
Sefon, ang angkang Sefonita; kay Yagi, ang
mga Yagita; kay Suni, ang mga Sunita; 16 kay
Ozni, ang mga Oznita; kay Eri, ang mga Erita;
17 kay Arod, ang mga Arodita; kay Areli, ang
mga Arelita. 18 Ito ang mga angkan ng Gad:
40,500 ang nailista.

19 Ang mga anak ng Juda: sina Er at Onan, na
namatay sa lupain ng Kanaan. 20 Ang mga anak
ng Juda ayon sa mga angkan: kay Sela, ang
mga Selaita; kay Pares, ang mga Paresita; kay
Zera, ang mga Zeraita. 21 Mga anak ni Pares: kay
Hesron, ang angkang Hesronita; kay Hamul,
ang mga Hamulita. 22 Ito ang mga angkan ng
Juda: 76,500 ang nailista.

23 Ang tribu ng Isacar ayon sa mga angkan:
kay Tola, ang mga Tolita; kay Puva, ang mga
Puvaita; 24 kay Yasub, ang mga Yasubita; kay
Simron, ang mga Simronita. 25 Ito ang mga
angkan ng Isacar: 64,300 ang nailista.

26 Ang tribu ng Zabulon ayon sa mga angkan:
kay Sared, ang mga Saredita; kay Elon, ang
mga Elonita; kay Yahleel, ang mga Yahleelita.
27 Ito ang mga angkan ng Zabulon: 60,500 ang
nailista.

28 Mga anak ni Jose ayon sa kanilang mga
angkan: Manases at Efraim.

29 Mga anak ni Manases ayon sa mga angkan:
kay Makir, ang mga Makirita. Anak ni Makir si
Galaad; kay Galaad, ang mga Galaadita. 30 Ito
naman ang mga Galaadita; kay Yeser, ang
angkan ng mga Yeserita; kay Yelek, ang mga
Yelekita; 31 kay Asriel, ang mga Asrielita; kay
Sikem, ang mga Sikemita; 32 kay Semida, ang
mga Semidita; kay Hefer ang mga Heferita.
33 Walang anak na lalaki si Selophad na anak ni
Hefer kundi mga babae lamang: sila sina Mahla,
Noaa, Hogla, Milca at Tirsa. 34 Ito ang mga
angkan ng Manases: 52,700 ang nailista.

35 Ang tribu ng Efraim ayon sa mga angkan:
kay Sutelah, ang mga Sutelahita; kay Beker,
ang mga Bekerita; kay Tahan, ang mga Taha-
nita. 36 Mga anak ni Setalah: kay Eran, ang mga
Eranita. 37 Ito ang mga angkan ng Efraim:
32,500 ang nailista.

Ito ang mga anak ni Jose ayon sa kanilang
mga angkan.

38 Ang tribu ng Benjamin ayon sa mga ang-
kan: kay Bela, ang mga Belaita; kay Asbel, ang
mga Asbelita; kay Ahiram, ang mga Ahiramita;
39 kay Sefufam, ang mga Sefufamita; kay
Hufam, ang mga Hufamita. 40 Mga anak ni Bela:
sina Ard at Naaman; kay Ard, ang mga Ardita;
kay Naaman, ang mga Naamanita. 41 Ito ang
mga angkan ng Benjamin: 45,600 ang nailista.

42 Ang tribu ng Dan ayon sa mga angkan: kay
Suham, ang mga Suhamita. 43 Ito ang mga
angkang Suhamita: 64,400 ang nailista.

44 Ang tribu ng Aser ayon sa mga angkan: kay
Yimna, ang mga Yimnita; kay Yisvi, ang mga
Yisvita; kay Beria, ang mga Berita. 45 Mga anak
ni Beri: kay Heber, ang angkang Heberita; kay
Malkiel, ang mga Malkielita. 46 Serah ang panga-
lan ng anak na babae ni Aser. 47 Ito ang mga
angkan ng Aser: 53,400 ang nailista.

48 Ang tribu ng Neftali ayon sa mga angkan:
kay Yahsel, ang mga Yahselita; kay Guni, ang

mga Gunita; 49 kay Yeser, ang mga Yeserita; kay Silem, ang mga Silemita. 50 Ito ang mga angkan ng Neftali: 45,400 ang nailista.

51 Ito ang mga Israelitang nailista: 601,730.

52 Sinabi ni Yawe kay Moises: 53 "Papartihin at ipamamana ang lupain ayon sa bilang ng mga nailista. 54 Mas malaking pamana ang ibibigay mo sa malaking grupo at maliit naman sa mas maliit na grupo. Tatanggap ang bawat isa nang sa bilang ng nailista. 55 Sa palabunutan papartihin ang lupain at saka ipamamana sa mga sambahayan ayon sa kani-kanilang ama. 56 Sa palabunutan papartihin ang lupain – maging sa malaki o sa maliit man."

57 Ito ang nailistang mga Levita ayon sa mga angkan: kay Gerson, ang mga Gersonita; kay Kehat, ang mga Kehatita; kay Merari, ang mga Merarita.

58 Ito rin ang mga angkan ng Levi: mga Libnita, mga Hebronita; mga Mahlita; mga Musita, ang mga Koraita. Ama ni Amram si Kehat, 59 at naging asawa ni Amram si Yokebed na anak na babae ng Levi na ipinanganak sa Ehipto. Ipinanganak nito kay Amram sina Aaron at Moises at ang kanilang kapatid na si Miriam. 60 Si Aaron ang ama nina Nadab, Abihu, Eleazar at Itamar. 61 Ngunit namatay sina Nadab at Abihu sa paghahain nila ng apoy na di-banal sa harap ni Yawe.

62 Kabuuan ng mga lalaking Levitang nailista na may isang buwang gulang pataas: 23,000. Hindi sila inilistang kasama ng mga anak ng Israel dahil walang pamanang ibibigay sa kanila sa piling ng Israel.

63 Ito ang mga nailista ni Moises at ni Eleazar na pari sa paglilista nila sa mga Israelita sa kapatagan ng Moab na malapit sa Jordan, sa tapat ng Jerico.

64 Wala isa man sa mga ito ang kabilang sa nailista ni Moises at ng paring si Aaron sa disyerto ng Sinai. 65 Sapagkat sinabi ni Yawe tungkol sa kanila: "Mamamatay sila sa disyerto," at walang natira sa kanila liban kina Kaleb na anak ni Yefone at Josueng anak ni Nun.

**27** 1 Lumapit naman sina Mahla, Noaa, Hogla, Milca at Tirsa na mga anak na babae ni Selophad na anak ni Hefer na anak ni Galaad na anak ni Makir na anak ni Manases na anak naman ni Jose. 2 Tumayo sila sa harap ni Moises, ng paring si Eleazar, ng mga pinuno at ng buong pamayanan sa may pintuan ng Toldang Tagpuan at sinabi: 3 "Namatay sa disyerto ang aming ama. Hindi siya sumama sa mga nagsabwatan laban kay Yawe, sa pangkat ni Kora; sa sariling pagkakasala lamang siya namatay nang walang anak na lalaki. 4 At mapapawi ba ang pangalan ng aming ama sa kanyang angkan dahil wala siyang anak na lalaki? Kaya pamanahan n'yo kami kasama ng mga kapatid ng aming ama."

5 Iniharap ni Moises kay Yawe ang kanilang usapin, 6 at sinabi ni Yawe: 7 "Tama ang sinabi ng mga anak na babae ni Selophad. Pamanahan mo sila sa piling ng mga kapatid ng kanilang ama; isalin mo sa kanila ang mana ng kanilang ama. 8 Kaya sasabihin mo sa mga Israelita: Kung may mamatay na walang anak na lalaki, isasalin ang kanyang mana sa anak na babae; 9 at kung wala siyang anak na babae, ibibigay ang pamana niya sa kanyang mga kapatid; 10 kung wala siyang mga kapatid, ibibigay ang pamana niya sa mga kapatid ng kanyang ama; 11 kung walang kapatid ang kanyang ama, ibibigay ang pamana sa pinakamalapit na kamag-anak sa angkan, at magiging pag-aari niya iyon. Magiging isang kautusan o karapatan ito sa Israel, gaya ng iniutos ni Yawe kay Moises."

### Humalili si Josue kay Moises

12 Sinabi ni Yawe kay Moises: "Umahon ka sa kabundukang ito ng Abarim para makita ang lupaing ibibigay ko sa mga Israelita. 13 Pagkatanaw mo niyon, makakapiling mo rin ang iyong mga ninuno gaya ng kapatid mong si Aaron. 14 Sumuway nga kayo sa disyerto ng Sin, sa pagrereklamo ng pamamayan sa akin, nang iutos ko sa inyong ipakita sa kanila ang aking kabanalan hinggil sa tubig." (Ito ang tubig ng Meriba ng Kades sa disyerto ng Sin.)

15 Kaya sinabi ni Moises kay Yawe: 16 "Humirang nawa ng isang tao sa pamayanan si Yaweng Diyos ng mga espiritu ng lahat ng kinapal. 17 Siya ang mangunguna sa kanila sa pag-alis at pagbalik; palalakarin niya sila at pababalikin; huwag sanang maging kawang walang pastol ang pamamayan ni Yawe."

18 At sinabi ni Yawe kay Moises: "Tawagin mo si Josueng anak ni Nun, nasa kanya ang espiritu at ipatong mo sa kanya ang iyong kamay. 19 At saka mo siya iharap sa paring si Eleazar at sa buong pamayanan para tagubilinan siya sa paningin nila. 20 Bahaginan mo siya ng iyong kaluwalhatian upang pakinggan siya ng buong pamayanan ng Israel.

21 Makahaharap siya sa paring si Eleazar at sasangguni ito kay Yawe sa pamamagitan ng Urim para sa kanya. Kaya uutusan niya ang mga

Israelita; kasama niyang lalakad at babalik ang buong pamayanan."

22 Ginawa ni Moises ang iniutos sa kanya ni Yawe. Isinama niya si Josue at pinatayo sa harap ng paring si Eleazar at ng buong pamayanan. 23 Ipinatong niya ang kanyang kamay at tinagubilinan siya, gaya ng iniutos ni Yawe kay Moises.

### Ang kalendaryo ng mga pag-aalay

**28** 1 Nagsalita si Yawe kay Moises: 2 "Ituro mo sa mga Israelita ang kautusang ito. Pag-ingatan ninyong mag-alay sa akin ng handog na pagkain na haing pinadaan sa apoy bilang kalugud-lugod ang amoy sa akin sa takdang panahon."

3 Kaya sabihin mo sa kanila: "Ito ang haing pinadaan sa apoy na ihahandog ninyo kay Yawe.

### Mga pang-araw-araw na pag-aalay

Araw-araw: dalawang walang kapansanang batang tupang iisahing taon bilang pang-araw-araw na susunuging handog.

4 Iaalay ang isa sa umaga at ang isa pa sa dapithapon 5 na may pagkaing handog na ikapung takal ng pinong harinang hinaluan ng ikapat na hin ng langis ng olibo.

6 Ito ang pang-araw-araw na susunuging handog na inialay sa Bundok Sinai bilang haing pinadaan sa apoy na kalugud-lugod ang amoy kay Yawe. 7 Ikapat na hin ng alak ang inuming handog sa unang tupa; ibubuhos ang alak na ito kay Yawe sa santuwaryo. 8 Sa dapithapon naman iaalay ang isa pang tupa na may handog na pagkain at inumin gaya ng sa umaga. Haing pinadaan sa apoy ito na kalugud-lugod ang amoy kay Yawe.

### Mga pag-aalay sa Araw ng Pahinga

9 Sa Araw ng Pahinga: dalawang walang kapansanang tupang iisahing taon. Sasamahan ito ng pagkaing handog: dalawang ikapung takal ng pinong harinang hinaluan ng langis at inuming handog. 10 Ito ang susunuging handog sa Araw ng Pahinga bukod pa sa pang-araw-araw na susunuging handog at sa inuming handog na kasama nito.

### Pag-aalay sa bagong buwan

11 Mag-aalay kayo kay Yawe sa araw ng bagong buwan ng susunuging handog: dalawang toro, isang barakong tupa, at pitong walang kapansanang batang tupang iisahing taon. 12 May kasamang tatlong ikapung takal ng pinong harinang hinaluan ng langis bilang pagkaing handog ang bawat toro, dalawang ikapung takal naman ng pinong harinang hinaluan ng langis bilang pagkaing handog ang barakong tupa, 13 at tig-isang ikapung takal ng pinong harinang hinaluan ng langis bilang pagkaing handog ang bawat batang tupa – bilang haing pinadaan sa apoy na kalugud-lugod ang amoy kay Yawe.

14 Sasamahan ng inuming handog ang mga ito: isang kalahating hin ng alak para sa bawat toro, sangkatlong hin para sa barakong tupa, at sangkapat na hin para sa bawat batang tupa. Ito ang buwanang susunuging handog tuwing bagong buwan. 15 Bukod dito, isang kambing ang ihahain kay Yawe para sa kasalanan. Iaalay ito kasama ang inuming handog nito bukod pa sa pang-araw-araw na susunuging handog.

### Piyesta ng Tinapay na Walang Lebadura

16 Paskuwa kay Yawe ang ikalabing-apat na araw ng unang buwan at sa ikalabinlimang araw ng buwang ito ang Piyesta. 17 Pitong araw na tinapay na walang lebadura ang kakanin ninyo. 18 May banal na pagtitipon sa unang araw; huwag kayong gagawa ng anumang trabaho ng manggagawa. 19 Mag-aalay kayo kay Yawe ng susunuging handog: dalawang toro, isang barakong tupa, at pitong walang kapansanang batang tupang iisahing taon.

20 Isasama rito ang pagkaing handog: tatlong ikapung takal ng pinong harinang hinaluan ng langis sa bawat toro at dalawang ikapung takal naman para sa barakong tupa, 21 at tig-isang ikapu para sa pitong batang tupa. 22 At isang barakong kambing para sa kasalanan bilang paghingi ng tawad para sa inyo 23 bukod pa sa pang-araw-araw na susunuging handog sa umaga. 24 Ito ang iaalay ninyo araw-araw sa loob ng pitong araw bilang pagkaing handog at haing pinadaan sa apoy na kalugud-lugod ang amoy kay Yawe.

Iaalay ito nang may inuming handog, bukod pa sa pang-araw-araw na susunuging handog. 25 Magkakaroon kayo ng isang banal na pagtitipon sa ikapitong araw, at huwag gagawa ng anumang trabaho ng manggagawa.

### Piyesta ng Sanlinggo

26 Sa araw ng mga unang bunga, sa pag-aalay ninyo ng mga bagong bunga sa Piyesta ng Mga Sanlinggo, magkakaroon kayo ng banal na pagtitipon, at huwag kayong gagawa ng anumang trabaho ng manggagawa. 27 Mag-aalay kayo ng susunuging handog na kalugud-lugod ang amoy kay Yawe: dalawang toro, isang

barakong tupa, pitong batang tupang iisahing taon.

28 Isasama rito ang katumbas na pagkaing handog na pinong harinang hinaluan ng langis: tatlong ikapung takal para sa bawat toro, dalawang ikapu para sa barakong tupa, 29 at tig-isang ikapu para sa pitong batang tupa; 30 at isang barakong kambing na hain para sa kasalanan bilang paghingi ng tawad para sa inyo. 31 Ihahandog ninyo ang mga ito at ang kasamang mga inuming handog, bukod pa ang pang-araw-araw na susunuging handog na may kasamang pagkaing handog.

#### Piyesta ng Bagong Taon

**29** 1 Sa unang araw ng ikapitong buwan, magkakaroon kayo ng isang banal na pagtitipon, at huwag gagawa ng anumang trabaho ng manggagawa: magiging araw ito ng matunog na pag-ihip para sa inyo. 2 Mag-aalay kayo ng susunuging handog na kalugud-lugod ang amoy kay Yawe: isang toro, isang barakong tupa, at pitong batang tupang iisang taon na walang kapansanang. 3 Isasama rito ang pagkaing handog na harinang hinaluan ng langis: tatlong ikapu para sa bawat toro, dalawang ikapu para sa barakong tupa, 4 at isang ikapu para sa bawat isa sa pitong batang tupa. 5 Iaalay rin ang isang barakong kambing para sa kasalanan bilang paghingi ng tawad.

6 Iaalay ang mga ito at ang inuming handog ng mga ito bilang haing pinadaan sa apoy at kalugud-lugod na amoy kay Yawe, bukod pa sa susunuging handog ng bagong buwan na may sariling pagkaing handog, at sa pang-araw-araw na susunuging handog na may sarili ring pagkaing handog.

#### Piyesta ng Pagpapatawad

7 Magkakaroon kayo ng banal na pagtitipon sa ikasampung araw ng ikapitong buwan. Mag-aayuno kayo at hindi gagawa ng anumang trabaho ng manggagawa. 8 Mag-aalay kayo ng susunuging handog na kalugud-lugod ang amoy kay Yawe: isang toro, isang barakong tupa, at pitong walang kapintasang batang tupang iisahing taon. 9 Isasama sa mga ito ang katumbas na pagkaing handog na pinong harinang hinaluan ng langis: tatlong ikapung takal para sa bawat toro, dalawang ikapung takal para sa barakong tupa, 10 at tig-isang ikapu sa pitong batang tupa. 11 Mag-aalay rin ng isang barakong kambing para sa kasalanan bukod pa sa hain para sa kasalanan ng Piyesta ng Pagpapatawad at sa pang-araw-araw na susunuging handog na may handog na pagkain at inumin.

#### Piyesta ng Mga Kubol

12 May banal na pagtitipon kayo sa ikalabinlimang araw ng ikapitong buwan: huwag gagawa ng anumang trabaho ng manggagawa. Pitong araw ninyong ipagdiriwang ang Piyesta kay Yawe. 13 Mag-aalay kayo ng susunuging handog na kalugud-lugod ang amoy kay Yawe: labintatlong toro, dalawang barakong tupa at labing-apat na walang kapansanang batang tupang iisahing taon. 14 Isasama rito ang pagkaing handog na pinong harinang hinaluan ng langis: tigatlong ikapung takal para sa labintatlong toro, dalawang ikapung takal para sa barakong tupa 15 at tig-isang ikapu para sa labing-apat na batang tupa. 16 Mag-aalay rin ng isang barakong kambing para sa kasalanan bukod pa sa pang-araw-araw na susunuging handog na may handog na pagkain at inumin.

17 Sa ikalawang araw: labindalawang toro, dalawang barakong tupa at labing-apat na walang kapansanang batang tupang iisahing taon. 18 Isasama rito ang pagkain at inuming handog ayon sa bilang ng mga toro, barakong tupa at mga batang tupa. 19 At isa ring barakong kambing para sa kasalanan, bukod pa sa pang-araw-araw na susunuging handog na may kasama ring handog na pagkain at inumin.

20 Sa ikatlong araw: labing-isang toro, dalawang barakong tupa, at labing-apat na walang kapansanang batang tupang iisahing taon. 21 Isasama rito ang pagkain at inuming handog ayon sa bilang ng mga toro, mga barakong tupa at mga batang tupa alinsunod sa kaugalian 22 Mag-aalay rin ng isang barakong kambing para sa kasalanan, bukod pa sa pang-araw-araw na susunuging handog na may handog na pagkain at inumin.

23 Sa ikapat na araw: sampung toro, dalawang barakong tupa at labing-apat na walang kapansanang batang tupang iisahing taon. 24 Isasama rito ang pagkain at inuming handog ayon sa bilang ng mga toro, mga barakong tupa at mga batang tupa alinsunod sa kaugalian. 25 Mag-aalay rin ng isang barakong kambing para sa kasalanan, bukod pa sa pang-araw-araw na susunuging handog na may pagkain at inuming handog.

26 Sa ikalimang araw: siyam na toro, dalawang barakong tupa at labing-apat na walang kapansanang batang tupang iisahing taon. 27 Isasama rito ang pagkain at inuming handog ayon sa bilang ng mga toro, mga barakong tupa at mga batang tupa alinsunod sa kaugalian. 28 Mag-aalay rin ng isang barakong kambing para sa kasalanan, bukod pa sa pang-araw-

araw na susunuging handog na may pagkain at inuming handog.

29 Sa ikanim na araw: walong toro, dalawang barakong tupa at labing-apat na walang kapansanang batang tupang iisahing taon. 30 Isasama rito ang pagkain at inuming handog ayon sa bilang ng mga toro, mga barakong tupa at mga batang tupa alinsunod sa kaugalian. 31 Mag-aalay rin ng isang barakong kambing para sa kasalanan, bukod pa sa pang-araw-araw na susunuging handog na may pagkain at inuming handog.

32 Sa ikapitong araw: pitong toro, dalawang barakong tupa at labing-apat na walang kapansanang batang tupang iisahing taon. 33 Isasama rito ang pagkain at inuming handog ayon sa bilang ng mga toro, mga lalaking tupa at mga batang tupa alinsunod sa kaugalian. 34 Mag-aalay rin ng isang barakong kambing para sa kasalanan, bukod pa sa pang-araw-araw na susunuging handog na may pagkain at inuming handog.

35 May banal na pagtitipon din kayo sa ikawalong araw: huwag kayong gagawa ng anumang trabaho ng manggagawa. 36 Mag-aalay kayo ng isang susunuging handog na kalugud-lugod ang amoy kay Yawe: isang toro, isang barakong tupa, at pitong walang kapansanang batang tupang iisahing taon. 37 Isasama rito ang pagkain at inuming handog ayon sa bilang ng mga toro, mga barakong tupa at mga batang tupang alinsunod sa kaugalian. 38 Mag-aalay rin ng isang barakong kambing para sa kasalanan, bukod pa sa pang-araw-araw na susunuging handog na may pagkain at inuming handog.

39 Ito ang mga gagawin ninyo para kay Yawe sa inyong mga pagdiriwang: mga susunuging handog, mga pagkain at inuming handog at mga hain sa mabuting pagsasamahan, bukod pa sa inyong mga panata o mga kusang-loob na alay."

**30** 1 Sinabi ni Moises sa mga anak ng Israel ang lahat ng ito gaya ng iniutos sa kanya ni Yawe.

**Mga batas tungkol sa mga panata**

2 Sinabi rin ni Moises sa mga pinuno ng mga tribu ng Israel: "Isang kautusan ito ni Yawe 3 Kung may lalaking gumawa ng isang panata kay Yawe o may sinumpaang pangako, huwag niyang sirain ang kanyang salita, kundi tuparing lahat ang sinabi niya.

4 Para naman sa babae, kung gumawa siya ng panata kay Yawe o may sinumpaang pangako noong kabataan niya habang nasa bahay pa ng kanyang ama 5 at kung wala namang sinasabi sa kanya ang kanyang ama sa pagkakaalam nito sa nasabing panata o sinumpaaang pangako, magkakabisa ang panata o pangako niya. 6 Ngunit kung tumanggi ang ama sa oras na malaman iyon, mawawalan ng bisa ang panata o pangako niya; patatawarin siya ni Yawe dahil sa pagtanggi ng kanyang ama.

7 Kung may ginawang panata o sinumpaang pangako ang isang babae bago mag-asawa 8 at wala namang sinasabi sa kanya ang kanyang napangasawa matapos itong malaman, magkakabisa ang panata o pangako niya. 9 Ngunit kung tutulan iyon ng kanyang asawa sa oras na malaman iyon, mawawalang-bisa ang panata o ang pangako niya, at patatawarin siya ni Yawe.

10 Para naman sa balo o sa babaeng hiniwalayan ng kanyang asawa, magkakabisa ano man ang kanyang panata o pangako.

11 Kung sa bahay ng kanyang asawa niya ginawa ang panata o sinumpaan ang pangako na mag-abstinensya, 12 at walang sinabi sa kanya ang kanyang asawa sa pagkaalam niyon, magkakabisa ang anumang panata o pangako niya. 13 Ngunit kung tutulan iyon ng kanyang asawa sa oras na malaman iyon, mawawalan ng bisa kahit na anuman ang kanyang panata o pangako; patatawarin siya ni Yawe sapagkat pinawalang-bisa iyon ng kanyang asawa.

14 Anumang panata o sinumpaang pangako na mag-abstinensya ay pagtitibayin o pawawalang-bisa ng kanyang asawa. 15 Ngunit kung walang sinasabi sa kanya ang kanyang asawa hanggang kinabukasan, binibigyang-bisa niya ang panata o pangako ng babae. Binibigyang-bisa niya ang mga iyon sa di niya pagsasabi ng anuman sa pagkaalam niya sa mga iyon. 16 Pero kung malaman niya ang panata o pangako ng babae at saka lamang niya pinawawalang-bisa ang mga iyon, siya ang mananagot sa pagkakasala ng babae."

17 Ito ang mga tuntuning iniutos ni Yawe kay Moises tungkol sa lalaki at sa kanyang asawa, tungkol sa ama at sa kanyang anak na babae, habang nasa bahay pa siya ng kanyang ama sa kanyang kabataan.

**Digmaan sa mga Madianita**

**31** • 1 Nagsalita si Yawe kay Moises: 2 "Ipaghiganti mo ang mga Israelita sa

---

• **31.1** Tungkol sa "digmaang banal" ang kabanatang ito. Mahalagang alalahanin na isinulat ang lahat ng ito nang wala nang kakayahan ang Israel para salakayin ang alinmang bayan (basahin ang paliwanag

mga Madianita, at saka ka makakapiling ng iyong mga ninuno."

3 Kaya sinabi ni Moises sa bayan: "Humandang makipagdigma ang ilan sa inyo para lusubin ang mga Madianita at isagawa ang paghihiganti ni Yawe sa kanila. 4 Sanlibo lamang mula sa bawat tribu ng Israel ang ipadadala ninyo sa labanan."

5 Kaya tinipon ang tigsasanlibo mula sa mga angkan ng bawat tribu ng Israel labindalawang libong handa sa labanan. 6 Pinapunta ni Moises sa digmaan ang sanlibo ng bawat tribu, kasama si Pinhas na anak ng paring si Eleazar, may dalang mga sagradong bagay at matunog na trumpeta. 7 Nilabanan nila ang mga Madianita, gaya ng iniutos ni Yawe kay Moises, at pinatay ang lahat ng lalaki. 8 Bukod sa mga napatay sa labanan, pinatay rin nila ang limang haring Madianita: sina Evi, Rekem, Sur, Hur at Reba; pinatay rin nila sa tabak si Balaam na anak ni Beor. 9 At binihag ng mga Israelita ang mga babaeng Madianita at ang mga anak ng mga ito; sinamsam din nila ang lahat nilang hayop at kawan at ari-arian. 10 Sinunog nila ang lahat ng bayan, tirahan at bakuran, 11 at dinala nila pagkatapos ang lahat ng nasamsam, pati ang mga tao at mga hayop. 12 At iniharap nila ang mga bihag at mga nasamsam kay Moises, sa paring si Eleazar at sa pamayanan ng Israel sa mga kapatagan ng Moab na malapit sa Jordan, sa tapat ng Jerico.

**Mga batas tungkol sa digmaang banal**

13 Sinalubong sila ni Moises at ng paring si Eleazar at ng lahat ng pinuno ng pamayanan sa labas ng kampo. 14 Nagalit si Moises sa mga pinuno ng hukbo na mga pinuno ng tigsasanlibo at tigsasandaan na nakabalik mula sa labanan. 15 Sinabi ni Moises: "Bakit ninyo pinabayaang mabuhay ang lahat ng babae?

16 Hindi ba ninyo alam ang salaysay ni Balaam? Sila ang dahilan kung bakit naligaw ang mga Israelita at nagtaksil kay Yawe noon sa Peor. At pagkatapos ay hinampas ng salot ang pamamayan ni Yawe. 17 Kaya patayin ninyo ngayon ang lahat ng batang lalaki at lahat ng babaeng nagkaroon na ng relasyon sa lalaki. 18 Ngunit pabayaan ninyong mabuhay ang babaeng di pa nagkakaroon ng relasyon sa lalaki, at kunin sila.

19 At pitong araw naman kayong manatili sa labas ng kampo. Sa ikatlo at ikapitong araw, maglilinis ang lahat ng nakapatay o nakahipo kaya sa namatay sa labanan. Kasama rin ninyong maglilinis ang inyong mga bihag. 20 Lilinisin ninyo lahat ng damit, lahat ng yari sa katad o balahibo ng kambing at lahat ng kagamitang kahoy."

21 Pagkatapos ay sinabi ng paring si Eleazar sa mga mandirigma: "Isang kautusan ito ng Batas na itinakda ni Yawe kay Moises: 22 Padadaanin ninyo sa apoy ang lahat ng pupuwede: ginto, pilak, tanso, bakal, lata at tingga. 23 Ngunit kailangang linisin ng tubig na panlinis ang lahat. Sa tubig ninyo padadaanin ang di pupuwede sa apoy. 24 Kapag nalabhan na ninyo ang inyong mga damit sa ikapitong araw, lilinis na kayong muli at makapapasok na sa kampo."

25 Nagsalita si Yawe kay Moises at sinabi: 26 "Bilangin mo ang nabihag tao man o hayop; tutulungan ka ng paring si Eleazar at ng mga ulo ng mga angkan ng pamayanan. 27 At hatiin mo ito sa dalawa: para sa mandirigmang lumaban at para sa naiwan sa pamayanan. 28 Kukunan mo ng abuloy kay Yawe ang mga mandirigmang lumaban: tig-isa sa bawat limandaang tao, baka, asno o tupa. 29 Kukunin mo iyon sa kalahating napasakanila at ibibigay sa paring si Eleazar bilang abuloy kay Yawe. 30 Sa kalahating napasa-mga-Israelita naman ay kukuha ka ng tig-isa sa bawat limampung tao, baka, asno o tupa, at ibibigay sa mga Levitang naglilingkod sa Tirahan ni Yawe."

31 Kaya ginawa nina Moises at ng paring si Eleazar ang iniutos ni Yawe kay Moises. 32 Ito ang natira sa nasamsam ng mga mandirigma: 675,000 tupa, 33 72,000 baka, 34 61,000 asno, 35 at 32,000 mga babaeng di pa nagkakaroon ng relasyon sa lalaki.

36 Napasa-mga-mandirigma ang kalahati: 337,500 tupa 37 at ang buwis na ibinigay kay Yawe: 675; 38 36,000 baka at ang buwis na ibinigay kay Yawe: 72; 39 30,500 asno at ang buwis na ibinigay kay Yawe: 61; 40 at 16,000 tao at ang buwis na ibinigay kay Yawe: 32. 41 Ibinigay ni Moises sa paring si Eleazar ang buwis na abuloy kay Yawe, gaya ng iniutos ni Yawe sa kanya.

42 Napasa-mga-Israelita ang isa pang kalahati na ibinukod ni Moises sa bahagi ng mandirigma. 43 Ito ang kalahating para sa pamayanan: 337,500 tupa, 44 36,000 baka, 45 30,500 asno, 46 at 16,000 tao. 47 Sa kalahating ito na

sa Josue 6 tungkol dito). Hindi inilalarawan sa gawagawang pangyayaring ito ang pagpatay sa mga babae... Gusto lamang bigyang-diin ng sumulat ng salaysay na ito kung gaano kapeligroso para sa mga Israelita ang mag-asawa o lumapit sa mga babaeng pagano.

parte ng mga Israelita, kumuha si Moises ng tig-isa sa bawat limampung tao o hayop, at ibinigay sa mga Levitang naglilingkod sa Tirahan ni Yawe, gaya ng iniutos ni Yawe kay Moises.

48 At nilapitan si Moises ng mga pinuno ng hukbo na mga pinuno ng tigsasanlibo at tigsasandaan.
49 Sinabi nila kay Moises: "Nabilang na ng mga lingkod mo ang mga mandirigmang nasa ilalim namin at wala isa mang kulang.
50 Kaya iaalay namin kay Yawe bilang mga handog ang mga bagay na yari sa ginto na nakuha ng bawat isa: mga panlagay sa braso, mga pulseras, mga singsing, mga hikaw at mga kuwintas upang ipanghingi ng tawad kay Yawe para sa amin."
51 At tinanggap nga sa kanila ni Moises at ng paring si Eleazar ang iba't ibang bagay na ginto.
52 Umabot sa 16,750 shekel ang gintong ibinigay kay Yawe ng mga pinuno ng tigsasanlibo at tigsasandaan bilang buwis.

53 (Kinuha nga ng bawat isa sa hukbo ang sarili niyang nasamsam.)
54 Tinanggap ni Moises at ng paring si Eleazar sa pinuno ng tigsasanlibo at tigsasandaan ang ginto, at inilagay sa Toldang Tagpuan para maalaala ni Yawe ang mga Israelita.

**Ang mga Israelita sa kabilang-ibayo ng Jordan**

**32** • 1 Napakarami ang hayop ng mga Rubenita at mga Gadita, at nakita nila na mainam na pastulan ang lupa ng Yazer at Galaad.
2 Kaya kinausap nila si Moises, ang paring si Eleazar at ang mga pinuno ng pamayanan; sinabi nila:
3 "Mainam na pastulan ang lupa ng Atarot, Dibon, Yazer, Nimra, Hesbon, Eleale, Sebam, Nebo at Beon,
4 na ipinasakop ni Yawe sa pamayanan ng Israel, at may mga kawan ang iyong mga lingkod."
5 Idinugtong pa nila: "Pakibigay naman sana ang lupaing iyon sa iyong mga lingkod. Huwag mo sana kaming patawirin pa sa Jordan."

6 Ngunit sumagot si Moises sa mga Gadita at mga Rubenita: "At makikipaglaban ba ang inyong mga kapatid samantalang kayo'y mananatili rito?
7 Kaya manghihina ang loob ng mga Israelita at hindi na sila papasok sa lupaing ibinigay ni Yawe sa kanila.
8 Ito ang ginawa ng inyong mga ama nang papuntahin ko sila sa Kades-Barnea para magmasid sa lupain.
9 Umahon sila hanggang sa Lambak ng Eskol at pagkakita nila sa lupai'y pinapanghina nila ang loob ng mga Israelita sa pagpasok sa lupaing bigay ni Yawe.
10 Nag-apoy noon ang galit ni Yawe, at isinumpa niyang
11 "Hindi papasok sa lupain ang mga umahon mula Ehipto na may dalawampung taong gulang pataas. Hindi nila makikita ang lupaing ipinangako kong ibibigay kina Abraham, Isaac, Jacob, sapagkat hindi sila ganap na sumunod sa akin.
12 Si Kaleb na anak ni Yefoneng Kenecita lamang at si Josueng anak ni Nun ang makapapasok dahil ganap silang sumunod kay Yawe."

13 Kaya nag-apoy ang galit ni Yawe laban sa Israel; apatnapung taon niya silang pinagala sa disyerto, hanggang di nauubos ang salinlahing gumawa ng masama sa harap ni Yawe.
14 At ngayong naririto na kayo, sumuway rin kayong gaya ng inyong mga ama, lahi ng mga makasalanan! At gusto n'yong gatungan pa ang nag-aapoy na galit ni Yawe sa Israel.
15 Kung tatanggi pa kayong sumunod sa kanya, muli niya kayong dadalhin sa disyerto, kaya ipahahamak ninyo ang buong bayang ito."

16 Kayat lumapit sila sa kanya at sinabi: "Gusto lamang naming magtayo ng mga bakuran para sa aming mga kawan at ng mga bayan para sa aming mga anak.
17 Ngunit nakahanda kami sa digmaan at lalakad sa unahan ng mga Israelita, hanggang maihatid sila sa lugar na nakatakda sa kanila. Mga anak lamang namin ang maiiwan sa mga napapaderang bayang ito na ligtas sa mga tagarito.
18 Hindi kami uuwi hanggang di nakukuha ng mga anak ng Israel ang kanya-kanyang pamana.
19 Hindi naman kami magmamanang kasama nila sa kabilang ibayo ng Jordan, sapagkat nasa gawing silangan ng Jordan ang toka naming pamana."

20 At sinabi ni Moises: "Kung tutuparin ninyo ito, kung handa kayo sa digmaan sa harap ni Yawe,
21 at tatawid ang bawat isa sa Jordan sa harap ni Yawe upang makipagdigma hanggang hindi niya naitataboy ang kanyang mga kaaway sa harap niya
22 at nasasakop ang lupain sa harap ni Yawe, magiging malaya na kayo sa

---

• **32.1** Hindi sama-samang umalis sa Kades ang lahat ng Israelita. Sa oasis na ito sila tumigil nang "apatnapung taon" sa disyerto bilang isang bayan. Mas matulain kaysa makasaysayan ang tradisyunal na larawan tungkol sa bayang Israelita na sama-samang umaalis na parang isang tao lamang para sakupin ang lupain ng Kanaan. Kanya-kanya ang mga taong ito at malayang nakagagala ang bawat grupo kasama ng kanilang mga kawan maliban sa mga panahon ng kagipitan kung kailan sila nagkaisa, gaya ng nangyari sa panahon ni Moises. May ilang umalis sa Kades bago o pagkatapos ni Moises: pinakaimportanteng grupo ang grupong pumunta sa Galaad sa kabilang-ibayo ng Jordan. Doon sila mapayapang namayan sa piling ng iba pang mga bayan.

Binibigyang-diin ng 32:20-22 ang pagkakaisa at pagkakabuklod ng mga Israelita.

inyong obligasyon kay Yawe at sa Israel. At saka
kayo makababalik dito, magiging inyo ang
lupang ito sa harap ni Yawe. 23 Pero kung hindi
ninyo ito gagawin, magkakasala kayo kay Yawe
at makatitiyak kayong susundan kayo ng in-
yōng kasalanan. 24 Itayo ninyo ang mga bayan
para sa inyong mga anak, at ang mga kural para
sa inyong mga kawan, pero tuparin ninyo ang
inyong sinabi."

25 Sumagot kay Moises ang mga Gadita at
mga Rubenita: "Tutuparin ng iyong mga lingkod
ang iniuutos ng aking panginoon. 26 Mananatili
sa mga bayan ng Galaad ang aming mga asawa,
mga anak, mga kawan at mga hayop, 27 ngunit
maghahanda sa digmaan ang lahat ng iyong
mga lingkod, at tatawid para lumaban sa harap
ni Yawe, gaya ng sinabi ng aking panginoon."

28 Nag-utos si Moises tungkol sa kanila sa
paring si Eleazar, kay Josueng anak ni Nun, at
sa mga pinuno ng mga angkan ng mga tribu ng
Israel, 29 at sinabi niya: "Kung maghahanda sa
digmaan ang lahat ng Gadita at Rubenita, at
tatawid sila sa Jordan kasama ninyo para luma-
ban sa harap ni Yawe, ibibigay n'yo sa kanila ang
lupain ng Galaad bilang kanilang pag-aari
pagkasakop sa lupain. 30 Ngunit kung hindi sila
tatawid kasama ninyo, mananatili silang ka-
sama ninyo sa lupain ng Kanaan."

31 Sumagot ang mga Gadita at mga Rubenita:
"Gagawin ng iyong mga lingkod ang iniutos ni
Yawe. 32 Tatawid kaming sandatahan sa lupain
ng Kanaan sa harap ni Yawe, at magiging mana
naman namin ang gawing silangan ng Jordan."
33 Kaya ibinigay ni Moises sa mga Gadita at mga
Rubenita at sa kalahating tribu ng Manases na
anak ni Jose ang kaharian ni Sihong hari ng mga
Amorreo at ang kaharian ni Og na hari ng Basan,
ang lupain at ang mga bayan nito at mga nayong
nasa hangganan nito.

34 Itinayo ng mga Gadita ang mga napapa-
derang bayan ng Dibon, Atarot, Aroer, 35 Atrot-
Sofan, Yazer, Yogbeha, 36 Bet-Nimra at Be-
Haran, na may mga kural para sa mga kawan.

37 Itinayo ng mga Rubenita ang Hesbon,
Eleale, Kiryataim, 38 Nebo at Baal Meon (pinali-
tan ang mga pangalan nito), at Sibma, at pina-
ngalanan naman nila ang mga bayang kanilang
itinayo.

39 Sinalakay ng mga anak ni Makir na anak ng
Manases ang Galaad. Nilupig nila iyon at itina-
boy ang mga Amorreong naroon. 40 Kaya ibi-
nigay ni Moises ang Galaad kay Makir na anak
ng Manases, at doon siya nanirahan. 41 Sina-
lakay rin ni Yair na anak ng Manases ang mga
nayon ng mga iyon at pinangalanang Nayon ni
Yair ang mga iyon. 42 Nilusob din ni Nobah ang
Kenat at ang mga nayon nito, at tinawag ito sa
pangalan niyang Nobah.

**Mga yugto ng Exodo**

**33** 1 Ito ang mga yugto sa paglalakbay ng
mga Israelita nang umalis silang pang-
kat-pangkat sa lupain ng Ehipto sa pamumuno
nina Moises at Aaron. 2 Sa utos ni Yawe, sinulat
ni Moises ang mga simula ng bawat yugto ng
kanilang paglalakbay. 3 Narito ang mga yugto
ayon sa kanilang mga simula:

Umalis sila sa Ramses sa ikalabinlimang
araw ng unang buwan. Nang sumunod na araw
ng Paskuwa, matagumpay na nagsilabas ang
mga anak ng Israel sa paningin ng buong Ehipto
4 habang inililibing naman ng mga Ehipsiyo ang
kanilang mga panganay na sinaktan ni Yawe. At
pinarusahan din ni Yawe ang kanilang mga
diyos.

5 Umalis ang mga Israelita sa Ramses at
nagkampo sa Sukot. 6 Umalis sila sa Sukot at
nagkampo sa Etam na nasa dulo ng disyerto.
7 Umalis sila sa Etam, ngunit nagbalik pa-
Pihahirot sa tapat ng Baal-Sefon, at nagkampo
sa tapat ng Migdol. 8 Umalis sila sa Pihahirot,
tumawid sa dagat pa-disyerto, at pagkalakad
nang tatlong araw sa disyerto ng Etam, nag-
kampo sila sa Mara. 9 Umalis sila sa Mara at
dumating sa Elim kung saan may labindala-
wang bukal at pitumpung palmera, at doon sila
nagkampo.

10 Umalis sila sa Elim at nagkampo malapit sa
Dagat ng Mga Tambo. 11 Umalis sila sa may
Dagat ng Mga Tambo at nagkampo sa disyerto
ng Sin. 12 Umalis sila sa disyerto ng Sin at
nagkampo sa Dopka. 13 Umalis sila sa Dopka at
nagkampo sa Alus. 14 Umalis sila sa Alus at
nagkampo sa Rafidim pero walang mainom na
tubig doon ang bayan. 15 Umalis sila sa Rafidim
at nagkampo sa disyerto ng Sinai.

16 Umalis sila sa disyerto ng Sinai at nag-
kampo sa Kibrot-hat-Taava. 17 Umalis sila sa
Kibrot-hat-Taava at nagkampo sa Haserot.
18 Umalis sila sa Haserot at nagkampo sa Ritma.
19 Umalis sila sa Ritma at nagkampo sa Rimon
Peres. 20 Umalis sila sa Rimon Peres at nag-
kampo sa Libna. 21 Umalis sila sa Libna at nag-
kampo sa Risa. 22 Umalis sila sa Risa at nag-
kampo sa Kehalata. 23 Umalis sila sa Kehalata at
nagkampo sa Bundok Sefer. 24 Umalis sila sa
Bundok Sefer at nagkampo sa Harada. 25 Umalis
sila sa Harada at nagkampo sa Makelot. 26 Uma-
lis sila sa Makelot at nagkampo sa Tahat.
27 Umalis sila sa Tahat at nagkampo sa Terah.
28 Umalis sila sa Terah at nagkampo sa Mitka.
29 Umalis sila sa Mitka at nagkampo sa Has-

mona. 30 Umalis sila sa Hasmona at nagkampo
sa Moserot. 31 Umalis sila sa Moserot at nag-
kampo sa Bene Yaakan. 32 Umalis sila sa Bene
Yaakan at nagkampo sa Hor Haggidgad.
33 Umalis sila sa Hor Haggidgad at nagkampo sa
Yotbata. 34 Umalis sila sa Yotbata at nagkampo
sa Abrona. 35 Umalis sila sa Abrona at nag-
kampo sa Ezion-Geber.
36 Umalis sila sa Ezion-Geber at nagkampo sa
Kades sa disyerto ng Sin. 37 Umalis sila sa Kades
at nagkampo sa Bundok Hor sa hangganan ng
Edom.
38 (Umahon ang paring si Aaron sa Bundok
Hor sa utos ni Yawe, at doon siya namatay sa
unang araw ng ikalimang buwan sa ikapat-
napung taon pagkalabas ng mga Israelita mula
sa Ehipto. 39 Sandaa't dalawampu't tatlong taon
si Aaron nang mamatay sa Bundok Hor.
40 Noon naman nabalitaan ng Kananeong
hari ng Arad na taga-Negeb ng Kanaan na
parating ang mga Israelita.)
41 Umalis sila sa Bundok Hor at nagkampo sa
Salmona. 42 Umalis sila sa Salmona at nag-
kampo sa Punon. 43 Umalis sila sa Punon at
nagkampo sa Obot. 44 Umalis sila sa Obot at
nagkampo sa Guho-Abarim sa hangganan ng
Moab. 45 Umalis sila sa Guho-Abarim at nag-
kampo sa Dibon Gad. 46 Umalis sila sa Dibon
Gad at nagkampo sa Almon Diblataim.
47 Umalis sila sa Almon Diblataim at nagkampo
sa kabundukan ng Abarim sa tapat ng Nebo.
48 Umalis sila sa kabundukan ng Abarim at
nagkampo sa kapatagan ng Moab malapit sa
Jordan sa tapat ng Jerico. 49 Nagkampo sila sa
tabi ng Jordan mula Bet Yesimot hanggang
Abel-Sitim, sa kapatagan ng Moab.

**Paano hahatiin ang lupain ng Kanaan**

50 Nagsalita si Yawe kay Moises sa kapatagan
ng Moab sa tabi ng Jordan sa tapat ng Jerico:
51 "Sabihin mo sa mga Israelita: Malapit na
kayong tumawid ng Jordan papunta sa lupain
ng Kanaan. 52 Palayasin ninyo ang lahat ng
naninirahan sa lupaing nasa harap ninyo, wasa-
kin ninyo ang kanilang mga imahen, basagin
ang mga minoldeng rebulto at durugin ang lahat
nilang altar sa burol. 53 Sakupin ninyo ang lupain
at doon manirahan, sapagkat ibinigay ko ang
lupain para maging inyo. 54 Hatiin ninyo ang
lupain sa inyong mga angkan sa pagpapa-
labunutan. Sa mas malaking angkan, mas ma-
laking pamana; sa mas maliit, mas maliit na
pamana. Magiging kanila ang anumang ma-
patapat sa kanila. Hatiin ang pamana ayon sa
tribu ng inyu-inyong mga ama.
55 Isa pa: kung hindi ninyo palalayasin ang
mga naninirahan sa lupain, magiging mga tinik
sa inyong mga mata at mga pantusok sa inyong
mga tagiliran ang mga natira, at lulusubin kayo
sa lupaing inyong titirhan, 56 at sa inyo ko ga-
gawin ang binabalak ko sa kanila."

**Ang mga hangganan ng Kanaan**

34 1 Sinabi ni Yawe kay Moises: 2 "Iutos mo
ito sa mga Israelita. Pagpasok ninyo sa
Kanaan, na lupang aariin ninyo, ang lupain ng
Kanaan sa mga hangganan nito.
3 Magiging hangganan ninyo sa timog ang
disyerto ng Sin sa tabi ng Edom; mula sa dulo ng
Dagat Asin sa silangan. 4 Pa-timog ang hang-
ganan, paahon sa Akrabim, dadaan sa Sin at
magtatapos sa timog ng Kades-Barnea. Magpa-
patuloy sa Hasar Adar hanggang Asemon. 5 Li-
liko mula Asemon papunta sa batis ng Ehipto
hanggang magtapos sa Dagat.
6 Magiging hangganan ninyo sa kanluran ang
Malaking Dagat. Ito ang hangganan ninyo sa
kanluran. 7 Ito naman ang magiging hangganan
ninyo sa hilaga: deretso mula Malaking Dagat
hanggang Bundok Hor; 8 deretso mula Bundok
Hor hanggang pagpasok sa Hamat, at abot
hanggang Sedad. 9 Magpapatuloy hanggang sa
Zifron at magtatapos sa Hasar Enan. Ito ang
hangganan ninyo sa hilaga.
10 Para naman sa hangganan ninyo sa sila-
ngan, deretso mula Hasar Enan hanggang
Sefam. 11 Mula Sefam pababa hanggang Ribla,
sa gawing silangan ng Ain, at tuluy-tuloy
pababa hanggang sa silangang baybayin ng
Dagat Kineret. 12 Babaybayin ang Jordan at
magtatapos sa Dagat na Asin. Ito ang magiging
lupain ninyo, at mga hangganan nito."
13 Ito ang iniutos ni Moises sa mga Israelita:
"Ito ang lupaing iniutos ni Yaweng ibigay sa
siyam at kalahating tribu. Ipamamana ninyo ito
sa pagpapalabunutan. 14 Natanggap na nga ng
tribu ng Ruben at ng tribu ng Gad at ng kalaha-
ting tribu ng Manases ang kanilang mana ayon
sa mga angkan ng kani-kanilang mga ama.
15 Natanggap na ng dalawa't kalahating tribung
ito ang kanilang pamana sa kabilang ibayo ng
Jordan sa gawing silangan sa tapat ng Jerico."
16 Sinabi ni Yawe kay Moises: 17 "Ito ang mga
pangalan ng mga taong magpaparte ng lupain
para sa inyo: ang paring si Eleazar at si Josueng
anak ni Nun. 18 Magtalaga rin kayo ng isang
pinuno mula sa bawat tribu para sa paghahati.
19 Ito ang kanilang mga pangalan: si Kaleb na
anak ni Yefone mula sa tribu ng Juda; 20 si
Semuel na anak ni Amihud mula sa tribu ng
Simeon; 21 si Elidad na anak ni Kislon mula sa
tribu ng Benjamin; 22 ang pinunong si Buki na

anak ni Yogli mula sa tribu ng Dan; [23]ang pinunong si Haniel na anak ni Efod mula sa tribu ng Manases na anak ni Jose; [24]ang pinunong si Kemuel na anak ni Siftan mula sa tribu ng Efraim na anak ni Jose; [25]ang pinunong si Elisafan na anak ni Parnak mula sa tribu ng Zabulon; [26]ang pinunong si Paltiel na anak ni Azan mula sa tribu ng Isacar; [27]ang pinunong si Ahihud na anak ni Selomi mula sa tribu ng Aser; [28]ang pinunong si Pedahel na anak ni Amihud mula sa tribu ng Neftali."

[29]Ito ang mga inutusan ni Yawe na ipamana sa mga Israelita ang lupain ng Kanaan.

### Ang parte ng mga Levita

**35** [1]Nagsalita si Yawe kay Moises sa kapatagan ng Moab sa tabi ng Jordan sa tapat ng Jerico: [2]"Ito ang iutos mo sa mga Israelita na bigyan nila ang mga Levita ng mga bayang matitirhan at mga pastulan sa palibot mula sa kanilang pamana. [3]Maninirahan sila sa mga bayan, at ipapastol ang kanilang mga baka, mga kawan at lahat ng iba pang mga hayop sa mga pastulan. [4]Sanlibo limandaang talampakan mula sa mga pader ng bayan ang mga pastulang ibibigay sa mga Levita sa palibot ng lunsod.

[5]Susukat kayo sa labas ng bayan ng isang lupaing may tatlunlibong talampakan sa silangan, sa timog, sa kanluran at sa hilaga; at nasa gitna ang bayan. Ito ang magiging pastulan ng kanilang mga bayan.

[6]Ito naman ang mga bayang ibibigay ninyo sa mga Levita: ang anim na bayang kanlungan na mapagtataguan ng isang nakapatay ng tao, pati na ang apatnapu't dalawa pang bayan. [7]Apatnapu't walong bayang lahat ang ibibigay n'yo sa mga Levita, pati ang mga pastulan ng mga ito. [8]Kukunin mula sa lupang pag-aari ng mga Israelita ang mga bayang ibibigay ninyo sa mga Levita ayon sa pamana ng bawat tribu: marami ang kukunin sa may mas marami at kaunti naman sa may kaunti."

### Mga lunsod na mapagtataguan

• [9]At sinabi ni Yawe kay Moises: [10]"Sabihin mo sa mga Israelita. Pagkatawid ninyo sa Jordan pa-Kanaan, [11]magtatalaga kayo ng mga bayang magiging lunsod na matatakasan. Doon makatatakas ang sinumang di sinasadyang nakapatay. [12]Sa mga lunsod na ito makakatakas ang nakapatay at doon siya maliligtas sa tagapaghiganti ng dugo; hindi na siya mamamatay bago litisin sa harap ng pamayanan. [13]Kaya ibibigay ninyo ang anim na lunsod bilang takasang-lunsod: [14]tatlo sa kabilang ibayo ng Jordan at tatlo sa lupain ng Kanaan. [15]Sa anim na lunsod na ito makatatakbo ang mga Israelitang di sinasadyang nakapatay pati ang dayuhan at sinumang naninirahan sa piling ninyo.

[16]Kung mamatay ang isang taong nasaktan dahil sa kagamitang bakal, mamamatay-tao ang nakasakit at dapat patayin. [17]Kung mamatay ang isang taong nasaktan dahil sa bato, mamamatay-tao ang nakasakit at dapat patayin. [18]Kung mamatay ang isang taong nasaktan dahil sa bagay na kahoy, mamamatay-tao ang nakasakit at dapat patayin. [19]Mapapatay ng tagapaghiganti ng dugo ang mamamatay-tao; mapapatay niya ito pagkakita niya rito.

[20]Kung may nanulak ng kapwa dahil sa galit o sadyang nambato sa kanya, at pagkatapos ay namatay iyon [21]o kung may nakasakit ng kapwa sa suntok at mamatay iyon, mamamatay-tao siya na dapat patayin. At papatayin siya ng tagapaghiganti ng dugo pagkakita sa kanya.

[22]Pero kung may di sinasadyang nakapagtulak sa kapwa at hindi dahil sa poot, [23]o nakapaghulog ng batong puwedeng makamatay ng kapwang hindi naman niya nakita, at mamatay iyon na hindi naman niya kaaway ni sinasadyang saktan: [24]hahatulan ng pamamayan ang nakamatay at ang tagapaghiganti ng dugo ayon sa mga tuntuning ito.

[25]Ililigtas nila ang nakamatay sa kamay ng tagapaghiganti ng dugo, at pababalikin sa takasang-lunsod na kanyang pinagtaguan. Doon siya mananatili hanggang mamatay ang punong-paring pinahiran ng banal na langis. [26]Kung lalabas ang nakamatay sa hangganan ng takasang-lunsod na pinagtaguan niya, [27]at matagpuan siya ng tagapaghiganti ng dugo at patayin, walang pananagutan ang tagapaghiganti sa pagpatay sa kanya. [28]Dapat manatili sa takasang-lunsod ang nakamatay hanggang mamatay ang punong-pari. Pagkamatay ng punong-pari makauuwi na sa sariling lupain ang nakamatay.

[29]Iiral ang mga kautusang ito sa lahat ng inyong salinlahi saanman kayo manirahan.

[30]Sinumang pumatay ng tao ay papatayin pagkapatotoo ng mga saksi. Walang-bisa ang

---

• **35.**9 Makakatulad sa mga ipinapaliwanag sa Deuteronomio 19:1 ang mga batas na ito tungkol sa mga taguang-lunsod.

patotoo ng isang saksi lamang para mahatulan
ng kamatayan ang sinuman.
31 Huwag kayong tatanggap ng pantubos sa
buhay ng isang mamamatay-taong mahaha-
tulan ng kamatayan: papatayin siya. 32 Huwag
kayong tatanggap ng pantubos para sa nag-
tatago sa takasang-lunsod para makabalik siya
sa sariling lupain bago mamatay ang punong-
pari. 33 Huwag ninyong salaulain ang lupang
kinaroroonan ninyo. Sinalaula ng dugo ang lupa
at hindi mapatawad ang lupang may dugong
dumanak liban sa dugo ng nagpadanak nito.
34 Huwag ninyong dungisan ang lupang kinaro-
roonan ninyo, na kinaroroonan ko rin; ako nga si
Yaweng nananahan sa piling ng mga anak ng
Israel."

**Ang pamana ng babaeng may-asawa**

36 1 At dumating ang mga pinuno ng mga
sambahayan ng mga anak ni Galaad
na anak ni Makir na anak ni Manases mula sa
mga angkan ni Jose, at sinabi nila sa harap ni
Moises at ng mga pinuno ng mga sambahayan
ng Israel:
2 "Iniutos ni Yawe sa aking panginoon na
ipamana mo ang lupain sa mga Israelita sa
pagpapalabunutan; at iniutos din sa iyo, aking
panginoon, na ibigay ang pamana ng aking
kapatid na si Selophad sa mga anak niyang
babae. 3 At kung may pakakasalan silang taga-
ibang tribu ng Israel, maaalis ang kanilang mana
sa tribu ng aming mga ninuno at madadagdag sa
mana ng tribu ng kanilang asawa; kaya
mababawasan ang pamanang natapat sa amin.
4 Sa taon ng Magandang Pahayag sa Israel, ang
kanilang mana ay mapapasatribung kanilang
pinakasalan at aalisin sa tribu ng aming mga
ninuno."
5 Kaya ito ang iniutos ni Moises sa mga anak
ng Israel ayon sa utos ni Yawe: "Tama ang sinabi
ng mga taga-Jose. 6 Ito ang iniuutos ni Yawe
tungkol sa mga anak na babae ni Selophad:
Pipiliin nila ang gusto nilang pakasalan, pero sa
loob lamang ng tribu ng kanilang ama. 7 Kaya
hindi masasalin ang mana ng isang tribu ng
Israel sa iba pang tribu; nakatali ang bawat isa sa
Israel sa pamana ng tribu ng kanilang mga
ninuno.
8 Kaya sa tribu ng kanyang ama dapat paka-
sal ang anak na babaeng may pamana sa alin-
mang tribu ng Israel, upang ariin ng bawat
Israelita ang pamana ng kanyang mga magu-
lang. 9 Walang pamanang magpapasalin-salin
sa iba't ibang tribu. Nakatali ang bawat tribu ng
Israel sa pamana nito."
10 Kaya ginawa ng mga anak na babae ni
Selophad ang iniutos ni Yawe kay Moises.
11 Napakasal sina Mahla, Tirsa, Hogla, Milca at
Noa na mga anak na babae ni Selophad sa mga
pinsan nila sa kanilang ama. 12 Magiging mga
maybahay sila sa angkan ng Manases na anak
ni Jose; kaya napasatribu ng kanilang ama ang
kanilang mana.
13 Ito ang mga utos at mga pagpapasyang
iniutos ni Yawe sa pamamagitan ni Moises sa
mga Israelita sa kapatagan ng Moab sa tabi ng
Jordan sa tapat ng Jerico.